


# ANG SUKAT NG ISANG TAONG SAKDAL

 Salamat sa iyo, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Ito'y kalugod-lugod na mabalik sa tabernakulo muli sa umagang ito. Isang mabibiyang "Magandang umaga," sa inyong lahat. At nagtitiwala ako na ito ay magiging dakilang araw para sa ating lahat, sa—sa Presensiya ng ating Panginoon. At ngayon mayroon akong isang aralin sa umagang ito. Nais kong tumungo kaagad sa araling ito, sapagka't ito'y isang. . . palagay ko ito'y mahalaga. At ito'y isang. . . At upang pag-ingatan ang karamihan mula sa pagiging labis na pagkabalisa, alam ninyo, ang manatiling matagal, marami ang nakatayo. Ako'y tutungo kaagad-agad sa aralin.

<sup>2</sup> At ngayon, mamayang gabi, nais kong mangusap sa paksa ng *Ang Patnubay Ng Aking Buhay*. At umaasa ako na marami na makagagawa, kasing dami ng makagagawa, ay makapaparito sa oras na iyan para mamayang gabi. Gayon pa man, kung kayo ay may isang simbahan para sa inyong sarili, kami'y. . . siyempre, nais naming kayo ay mapasa-sa inyong simbahan. Iya'y inyong tungkulin na maparoon, kung saan ang katalagahan ng inyong tungkulin ay naroroon, upang pagliwanagin ang inyong ilaw.

<sup>3</sup> Ngayon, kami ay nanatiling umaasa na, bawat pagkakataon tuwing kayo ay bumabalik, kami'y magkakaroon ng kaunti pang lugar sa dako rito. Subali't kami'y nagkakaroon ng kahirapan dito, oh, sa lahat ng dako. Silang sangguniang katiwala ay tunay na nagsikap dito sa lahat ng bagay. At kanilang ipadadala sa isang lugar, kanilang sasang-ayunan ito; pagkatapos ipadadala ito sa iba pang lugar, at kanilang pagtitibayin ito. At ipadadala ito pabalik, at kanilang sasang-ayunan ito sa banda *rito*, at pabalik. Oh, anong panahon mayroon kami! Ngwnit, alam ninyo, si Satanas ay laging kumakalaban laban sa kung ano'ng tama. Alalahanin lamang, kayo'y laging tama tungkol sa. . .

<sup>4</sup> Ako ay nagtataka kung saan ka naroroon, Anthony. Nakita kitang nakatagpo mo ang iyong ama. At ako ay lumingon patawid, doon sa mga tagapakinig. Sinabi niya na ikaw ay nakaupo roon. Nagagalak kami na makasama ka at ang iyong ama dito, si Kapatid na Milano mula sa New York. Umaasang, paparoon sa ibang bansa sa pagkakataong ito, nagkaroon ako ng ibang pagbalik, doon sa New York, doon sa kung saan, kung loloobin ng Panginoon.

<sup>5</sup> At kaya kami ay lubos na nagagalak para sa bawat isa sa inyo. Sadyang—sadyang mainam para sa inyo ang maparito.

<sup>6</sup> At tayo ay nagkaroon ng isang kahanga-hangang panahon kagabi, o kahit papaano nagkaroon ako. Mayroon akong isang . . . [Kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] “At si Isaias doon sa templo.” At kaya kayo . . .

<sup>7</sup> At sa umagang ito, nais naming mangusap sa paksang, o magturo, sa lalong maliwanag, kung ating magagawa, “Pagtatayo sa buhay na Tabernakulo; pagtatayo sa—pagtatayo sa buhay na Tabernakulo na tahanan ng buhay na Diyos, ang sakdal na Tao; ang buhay na Tabernakulo ng buhay na Diyos, kung saan Siya ay tumatahan.” At kung . . .

<sup>8</sup> Aking napag-uunawa na sila ay mayroong ilan sa mabubuting pag-awit na ito rito. Hindi ko makuhang marinig ito. At mamayang gabi, aking sisikaping makaparito. Ang aking asawa ay nagsabi sa akin tungkol sa isang Kapatid na Ungren, naniniwala ako na iyon ang kaniyang pangalan, mula roon sa—sa Tennessee. Ngayon, siya ay narito kagabi. Hindi ko siya nakikita ngayong umaga, pero palagay ko siya’y narito kung saan. At nais ko siyang marinig na umawit mamayang gabi kung magagawa ko, yaong, *Pagbaba Mula Sa Kaniyang Kaluwalhatian*, o *Gaano Ka Kadakila*. Nais kong marinig iyan. Ilan ang nagnanais na marinig si Kapatid na Ungren? [Kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Oh, aking—aking nais ang mabuting pag-awit. At sinabi ni Meda na siya ay parang isang baritone. At ito ay nagpapaalala sa akin sa ating Kapatid na Baxter; siya’y isang mang-aawit, din, gaya ng ating pagkaalam lahat. At *Pagbaba Mula Sa Kaniyang Kaluwalhatian*, o *Gaano Ka Kadakila*. Naniniwala ako na akin siyang nakita ngayon, banda . . . Iyan ba ay ayos lang, Kapatid na Ungren, mamayang gabi, kung iyong lolobin, kung ikaw ay mananatili? Mananatili ka, o subuking manatili para sa gawain sa gabi? Buweno, ako—ako . . . Buweno, huwag . . . sinasabi ko sa inyo, kung papaano ito, kung tayo . . . Ayaw kong magdulot sa kaninoman ng ano mang alitan. Ngunit bakit hindi, kung gayon, kung ating nanaisin, sa panahon ng *Ang Pitong Tatak*, kapag ating ipapangaral iyan, kung kayo’y paparito. Nais ko itong ilagay sa teyp, kita n’yo, upang makuha ito, ang *Gaano Ka Kadakila*, at gayon din, ang *Pagbaba Mula Sa Kaniyang Kaluwalhatian*, sa panahon na iyan.

<sup>9</sup> Oh, hindi ba’t kahanga-hanga ang paglingkuran ang Panginoon? [Kongregasyon ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] Hindi ko alam kung ano ang aking gagawin kung ako ay hindi Cristiano! . . .? . . . Sadyang napakainam ang maging isang Cristiano. Parang gusto kong sadyang lumundag na pataas-at-pababa at sumisigaw, sa lakas ng aking tinig. Ang maging isang Cristiano, isipin ito, lahat ay naka-angkla kay Cristo!

<sup>10</sup> Alam ko na aking tinatawag ang pangalan ng lalaking ito na mali sa bawat pagkakataon. Ito’y kung hindi S.T. o T.S. o bagay na tulad niyan. Sumners, Kapatid na Sumners. Siya . . . Gusto kong pasalamat siya at ang kaniyang munting

pinakamamahal na asawa. Palagay ko na siya ay naggugol ng mga, parang ganoon, mga anim na buwan, sa pagmamakinilya sa *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At ngayon mayroon tayo nito dito, naimakinilya na, handa na para sa pagsasaayos, at patungo sa isang pormang aklat, *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Kapatid na babaeng Sumner, saan ka man naroroon, tiyak na pahihintulutan mo kaming bayaran ka para doon. Iyan, iya'y isang malaking trabaho. Aba, iya'y *ganiyan* kakapal. Gugugulin ko ang mga anim na buwan upang basahin ito lahat, ang pagkuha pa kaya nito mula sa teyp, at pagkatapos ulitin ito at gawin ang mga pag-ulit, at gawin ito na isang aklat. Amin itong ihahanda at ipadadala ito kaagad sa imprentahan, sapagka't iniisip namin na ito'y isang bagay na dapat ay makuha ng mga tao ngayon mismo, at inyong mapag-aralan ito. At si Billy ay ipinapakita sa akin, nang ako ay pumasok doon, kani-kanina lamang, na—na—na ito ay—ito ay handa na ngayon na dalhin sa manlilimbag. Kaya, kapatid, ang tabernakulo ay babayaran ka para diyan. Hindi ko inaasahan na gagawin mo iyan para sa walang anoman. At—at o kami man ay. . . Kung makukuha namin ang aklat at gagawa ng isang presyo dito, o anoman, maglalagay kami ng isang presyo kung saan ikaw ay makakukuha ng kaunti sa tuwing kanilang maipagbibili ito, maging anoman ito. Makipagusap ka lamang sa kapulungan, ang kapulungan ng katiwala, o kanino man sa kanila roon, at kanilang pangangalagaan ito para sa iyo. Ang Panginoon ay pagpalain kang mainam.

<sup>11</sup> Ang munting matandang Kapatid na lalaki at Kapatid na Babaeng Kidd na nakaupo rito, na halos nasa isang daan na, kaunti na lamang. At nakatagpo ko siya kani-kanina, at sabi niya, “Buweno, ito marahila ang huling pagkakataon na makita kita, Kapatid na Billy.” Sabi, “ako’y lubhang tumatanda na.”

<sup>12</sup> Sabi ko, “Oh, naku! Ayaw kong marinig na sinasabi mo iyan. Kayo’y tulad lamang ng isang munting matandang ina at ama.” Mahal natin sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Kidd. Tayo, bawat isa, mahal sila. At ito lamang. . .

<sup>13</sup> May ginagawang bagay sa akin kapag nakikita ko silang lumalakad papasok ng simbahan, at isang munting matandang mag-asawa na tulad niyan. At isipin lamang, kanilang ipinapangaral ang Ebanghelyo bago pa ako isilang. At ako’y isa nang matandang lalaki. Oo. Isipin lamang, sila ay nangangaral na bago pa ako isilang. At narito ako ngayon, ako’y nag-iisip na ako’y tumatanda nang masyado. Ako ay nag-isip na halos handa nang sumuko. Nakikita ko sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Kidd na pumapasok, “Luwalhati sa Diyos! Allelujah!” Sasabihin ko, “Hindi, pakiramdam ko ay maayos.” Oo, ginoo. Ang makita sila, kung papaanong magagawa nila, kung papaanong sila ay tunay na makapagbibigay sigla sa iyo!

<sup>14</sup> Pagkatapos inyong mapagtatanto na, halos sa aking edad, muli, at pagkatapos patuloy pa rin na gumagawa sa ubasan. Pumarito sa umagang ito at humiling para sa mga aklat, kung sila ay makakakuha ng mga aklat at ipagbili sila. Nagnanais ng mga teyp, upang sila ay makalabas, magwagi ng mga kaluluwa sa pagpapatugtog ng mga teyp na ito, sa halos isang daang taong gulang. Ngayon nasaan ang inyong “dalawang mga pakpak” na ating pinag-uusapan kagabi? Oo. Nasisimulan kong pag-isipan ang tungkol sa, “Nasaan ang sa akin?” nang sabihin niya iyan—iyan kahapon. Gaano ka na katanda, Kapatid na babaeng Kidd? [Sinabi ni Kapatid na Kidd, “Ako’y walumpu’t isa”—Pat.] Gaano ka na katanda, Kapatid na Tom? [Sinabi ni Kapatid na Kidd, “Walumpu’t dalawa.”] Walumpu’t isa at walumpu’t dalawang taong gulang, at patuloy pa ring ginagamit ang kanilang mga pakpak, sa pagkilos, patuloy pa rin.

<sup>15</sup> Anomang bagay na maging problema sa Ohio, na nalalaman ni Kapatid na babaeng Kidd, ang telepono sa bahay ay tutunog. Noong isang araw, siya ay tumawag, at isang munting sanggol, isang munting sanggol na babae, naniniwala ako na iyon nga, ay ipinanganak, at ang mga bituka ay nasa labas nito. [Sinabi ni Kapatid na babaeng Kidd, “Pantog.”—Pat.] Pantog, nasa labas ng sanggol. At ang doktor ay hindi malaman kung ano ang gagawin tungkol dito, at siya ay takot na isagawa ang operasyon. Kami ay nanalangin. [“Na-operahan, Kapatid na Branham, at ibinalik ito, dahil, sabi nila, ‘Iyon ay hindi mabubuhay.’ At kanila lamang ibinalik ang mga bituka niyon sa loob.”] Ibinalik sa loob ang mga bituka, sa pamamagitan ng isang operasyon, at inakala na iyon ay hindi mabubuhay. At iyon ay nabuhay. [“Walang daraanan.”] Walang daraanan kung gayon para—para sa...mula sa tumbong, para sa pagkain upang daanan. At si Kapatid na babaeng Kidd ay tumawag uli. Kami ay nag-alay ng panalangin muli, at ngayon iyon ay nagkaroon na ng normal na daraanan. At narito siya, bilang isang saksi; ang doktor, din. Kita n’yo? Ito’y isang saksi na ang Panginoong Jesus, ang dakilang Manlilikha! Nakita ninyo kung ano ang sinikap gawin ni Satan? Putulin ang buhay ng sanggol na iyan. At pagkatapos, kita n’yo, pagkatapos ako’y naniniwala na ang babae ay lumapit sa Panginoon. [“Siya ay nagbalik sa Panginoon, mismo sa bahay ko.”] Nagbalik sa Panginoon. Inakay siya ni Kapatid na babaeng Kidd pabalik kay Cristo, pagkatapos ng dakilang himalang ito na naganap para sa kaniyang sanggol.

<sup>16</sup> Ako ay mayroong tawag mula sa California, kahapon, isang munting kapatid na ministro roon, na nakasama ko nang ako ay unang nagpunta sa California, mga taon na ang nakalipas. Ang kaniyang munting apong lalaki ay isinilang na may—may apat...tatlong mga barbula ay sarado sa loob ng puso nito. At ang sabi ko sa kaniya sa kasong iyon. Sabi ko, “Ang Diyos na makapaglilikha sa isang ito at gawing maigi ito, ay tiyak na

mapapagaling ang iyong apong lalaki.” Basta’t sabihin lamang sa bata na magkaroon ng lakas ng loob.

<sup>17</sup> At ang batang lalaki ay nasa pagtitipon nang ako ay unang naroon sa California, mga labing walong taon na ang nakalipas ngayon, labing anim na taon na ang nakalipas, mga ganoon nga ito. At ako ay nasa California. At siya . . . Ang pagtitipon ay lubos na nahikayat ang batang iyon hanggang . . . Nang makamtan nila ang sanggol, at ito ay maipanganak, at kanilang nakita na may bagay na mali, ito ay asul, at sinubok nilang bumbahan ng oksigen papasok dito, at iba pa. At para bang ito ay hindi makakaligtas, at ang mga doktor noon ay nagbigay ng pagsusuri, at nampungunan na ang tatlong barbula ay nakasara roon sa puso nito. Walang anomang butas, kita n’yo, sadyang—sadyang isang barbula lamang ang tumitibok. At tinawag niya ang kaniyang tatay, at ang sabi, “Tatay, tawagin mo si Kapatid na Branham, kaagad. Sabihin sa kaniya na lahat . . .” Basta’t hilingin lamang kay Cristo. Gagawin Niya ito!” Iyon nga. Oh, naku! Ang impluwensiyang iyon, kung ano ang kanilang nakita, kita n’yo, na ating ipinangusap, kagabi. Ang tamang bagay sa tamang panahon.

<sup>18</sup> Buweno, tayo ay patuloy na magsasalita, hindi tayo makakapunta sa aralin, magagawa ba natin? Ito’y tulad lamang ng pulot sa isang malamig na umaga, ito ay sadyang kasing kapal ng magagawa nito, alam n’yo, at lahat ay nagdidikitang sama-sama. Tayo’y napakasaya na magkaroon ng isang pagkakaisa na tulad niyan. Oo, ginoo.

<sup>19</sup> Kaya ngayon ating patahimikin ang ating mga sarili, ngayon, at dumako na sa aralin ngayon. Dadako marahil . . . Hindi ko alam kung inyo ngang makikita iyan o hindi, doon sa pisara. Marahil kung ipipihit ko iyan pataas tulad *ninyan*, sa ilang sandali, aba, magagawa natin, ngayon, ang ilan sa inyo, na . . . [Si Kapatid na Edgar “Dok” Branham ay sinasabi, “Nais mo nang isang lente para dito?”—Pat.] Anong sabi mo? [“Nais mo ng lente para dito?”] Hindi, palagay ko ay hindi, sa ngayon, Dok. Siguro ay mamaya na lamang. [“Doon mismo sa sahig, makapaglalagay ako roon ng lente para dito.”] Buweno, ating—ating gagawin iyan, kapag ako ay nagkaroon ng kaunting . . . Mayroon lente dito? Maigi. Atin lamang ipihit ito roon mismo. Nakikita ba ninyo roon sa dakong likuran diyan? Nakikita ninyo? Kung inyong nakikita, itaas ninyo ang inyong kamay, kung nakikita ang pisarang iyan, nababasa iyan doon. Hindi. O sige. Kunin ang lente. Ngayon, habang sila’y naghahanda para diyan . . .

<sup>20</sup> Ako’y nagpapasimulang tanghaliin ngayong umaga; o, hindi, hindi, mga labing limang minuto na mas-maaga. At kaya, kung gayon, ating kukunin ang sapat na panahon ngayon, dahil hindi natin nais na magmadali. Kapag ikaw ay nagmadali, kung gayon ay inyo lamang sisirain ang mga bagay na inyong sasabihin. Ngayon, ako ay nakikinig sa isang teyp, noong isang araw, gaya

ng sabi ko sa inyo, at ako ay labis na nahiya sa aking sarili; hindi sa kung ano ang aking sinasabi, kundi sa paraan na sinasabi ko iyon ng napakabilis, at iyo'y isa lamang na ninenerbiyos na tono. Pakiramdam ko ay parang naghihintay. Ito . . .

<sup>21</sup> Akin—akin lamang nakita noong isang araw kung saan sila ay magtatayo ng isang malaking zoo, dito sa gitna ng Louisville. At si G. Brown, palagay ko siya nga, sa dako roon, nag-alok ng isang milyong dolyares para sa zoo. Buweno, kung ako ay mayroong niyon, halos ibibigay ko sa kanila iyan upang palayain ang mga hayop na iyon. Ako—ako ay hindi naniniwala sa pagkukulong ng ano mang bagay tulad niyon. Ako lamang. . . Ako ay pupunta sa zoo at makikita silang mga kawawang hayop, mga oso, at mga leon, at mga bagay-bagay, lumalakad ng pabalik-balik, nakakulong ng habang buhay, kita n'yo. Pinasasama ang inyong pakiramdam. Ganoon pa man, sila'y nabihag sa pamamagitan ng karunungan ng isang tao na higit na mas matalino kaysa sa kanila. Kita n'yo? At kanilang binihag sila at inilagay sila sa pagkabiha.

<sup>22</sup> At palagay ko ang Diablo ay ginagawa iyan. Kinukuha niya ang pinakamamahal na mga tao na dapat sana ay maglibot sa mga dakilang lugar ng Diyos, at mga bukirin, at—at mga bagay na tulad niyan, pagkatapos ikukulong siya sa isang bahay kulungan ng isang denominasyon, o isang kredo, o isang bagay, at talian siya sa loob. At anong kakila-kilabot na bagay iyon.

<sup>23</sup> At hindi ko gusto ang mga zoo. Ngunit pakiramdam ko ay tulad ng isa sa mga hayop na iyon, kapag kayo'y nakakulong at sadyang nagsisikap na makalaya, alam ninyo, upang-upang makalabas para makagawa ng isang bagay.

<sup>24</sup> Ngayon, bago tayo dumako sa Salita, tayo'y lumapit sa May-akda ng Salita, habang ating iniyuyuko ang ating mga ulo ngayon sa panalangin.

<sup>25</sup> Aming mabiyayang Amang Makalangit, kami ay nagkatipon sa umagang ito muli sa pangalan ng Panginoong Hesus, ang Iyong pinakamamahal na Anak. Diyos, na nagkatawang tao, pumarito sa lupa, para sa pang palubag-loob sa aming mga kasalanan, at namatay, ang Matuwid; upang kami, sa Kaniyang pagiging matuwid, sa pagiging di- matuwid ay maging sakdal sa Kaniya. Kami ay pumarito nagpapahayag na kami ay hindi karapat-dapat, Panginoon. Walang anomang mabuti sa amin. At kaming lahat ay nasa isang malaking bahay kulungan. Maging anomang sulok na aming tayuan, kami pa rin lahat ay nasa kulungan. Ang isa ay hindi matulungan ang iba. Subalit, ang Diyos, sa Kaniyang walang-hanggang habag, bumaba at binuksan ang pinto ng kulungan, upang kami ay palayain. Kami'y hindi na nakakulong ngayon. Kami'y wala sa zoo ng sanglibutan, ngunit ngayon kami ay malaya. Kami'y nasa labas.

26 Oh, lubos namin Siyang minamahal at sinasamba Siya! Lubos kaming makalalakad sa buong dakilang mga bukirin ng Kaniyang pangako, at makita silang mahayag sa aming harapan! At sa pamamagitan ng aming sariling mga mata, makita ang dakilang Diyos ng Kawalang-hanggan na inilantad ang Kaniyang-sarili sa aming harapan, at gawin ang Kaniyang-sarili na tunay, tulad ng Kaniyang ginawa sa mga propeta ng una. Na nalalaman ito, na sila ay nagpapahingalay na may isang katiyakan, na balang araw kami muli ay maipanumbalik, pagkatapos ng buhay na ito ay lumipas, at ang pagkabuhay na muli, tungo sa isang Buhay na Walang hanggan na hindi kailanman maglalaho. Ang aming mga katawan ay hindi na tatanda. At kami'y hindi na mamamatay. At kami'y hindi na magugutom. At kami'y hindi na kailanman mangangailangan. Kundi kami ay lalakad na kasama Niya. Nais naming marinig Siya na sinasabi, "Pumasok sa mga kagalakan ng Panginoon, na naihanda para sa inyo mula ng pagkatatag ng sanlibutan." Noon bago ang kasalanan ay pumasok, kung papaano Niya ginawa ang paghahanda, tulad ng kay Adan at Eba, upang sila ay hindi kailanman magkasakit o magkaroon ng kagulumihan. At ngayon Kaniyang inihanda ito para sa amin, at Kaniyang nalaman sa mula't-mula pa na kami ay darating. Ang kasalanan ay ginawa ang pinakamalaking hadlang, at ngayon ang kasalanan ay naalis na, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus. Ngayon, kami ay nakatalaga para sa Lupang pangako, sa pangako ng Diyos, na Walang-hanggan.

27 Pagpalain kami ngayon, Ama, habang aming pinag-aaralan ang Iyong Salita. Nais naming malaman kung anong uri ng mga tao kami maging dapat, upang makarating Doon. Tulungan Mo kami sa araw na ito sa paaralang ito, upang makasama namin ang dakilang Punong Guro, ang Espiritu Santo, upang bumaba at ihayag ang Kaniyang-sarili sa amin, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Sapagka't hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan at para sa Kaniyang kaluwalhatian. Amen.

28 Ngayon, una, nais ko para sa inyo na magbukas kasama ko sa Ikalawang Pedro, ang ika-1 kabanata. Nais kong bumasa ng isang bahagi ng Kasulatang ito, Ikalawang Pedro, ang ika-1 kabanata. At ngayon sa inyo na mayroong mga lapis at papel . . .

29 At ako ay naniniwala na ako ay pinagsabihan ngayong umaga na—na kung minsan, ipinipihit ko ang aking ulo palayon, pinahihina nito ang teyp. Hindi ko talagang gustong gawin iyan. At ako ay naniniwala, kung minsan, kung aming magagawang kumuha ng isang—isang mikroponong de-sabit, at isabit ito sa kisame rito. Saan ka man maparoon kung gayon, ikaw ay magiging maayos. Ito ay magiging ayos na ayos, sadyang sa buong paligid, isa lamang na mikropono sa may kisame.

30 At ngayon, habang ako'y nagsasalita, at kung kayo, pagkatapos ng gawain, o kung gusto, ay maiguguhit ang

balangkas na ito dito. Pagkatapos ako rin naman ay naimakinilya ito rito. Kukuha ako ng tambtaks at ilagay ito sa harapan dito, kung nais ninyong gawin ito sa ibang pagkakataon. Pumarito ng mas maaga ng kaunti mamayang hapon, upang ating maunawaan.

<sup>31</sup> Ngayon tayo ay patungo sa *Ang Pitong Tatak*. Katatapos pa lamang natin sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At ito ay isang Mensahe sa pagtuturo, na magtatali sa tao, na tutubusin ng Dugo ng Panginoong Jesus, at ito ay mapapadako roon sa kapanahunang iyan ng Iglesya, ang Walang-hanggang kapanahunang iyan ng Iglesya sa katapusan ng mga Tatak. Ngayon alam natin na tayo ay mayroong Pitong Trumpeta, Pitong Salot, mga Mangkok, at iba pa, na ating pupuntahan, habang tayo ay nagpapatuloy. Subali't tayo ay naghihintay para sa mas maraming lugar upang ang mga tao ay makaupo ngayon.

<sup>32</sup> At naisip ko na ito ay dudugtong sa kung saan ay aking inaasahan. Hindi ko inaasahan na maiguhit ang balangkas na ito, subali't noong isang araw kasama ko ang ilang pinakamamahal na aking mga kaibigan, mga Coxes, doon sa Kentucky. Ako ay pumaroon, inisip na marahil magkaroon ng isang araw pa ng pamamaril ng eskuwirel bago magsara ang panahon. At ako ay naroon sa kagubatan kasama ang aking kaibigan, si Charlie, nakatayo roon, at si Rodney, ang kaniyang kapatid. Ni hindi man lang ako nakakita ng isang eskuwirel. Naisip ko nabugaw ko silang lahat palayo, nang ako ay nagsisigaw doon sa kagubatan. Ito ang dumating sa akin, mga bata, at—at si Kapatid na babaeng Nellie at Margie, at nang sinabi ko sa inyo na sasabihin ko sa inyo sa Linggo kapag ako'y nakarating doon. Iyan ang dumating sa akin, sa isang mensahe na aking ipapangusap. At kung papaanong ang iba nito ay umaayon mismo rito! At, oh, gusto ko iyan. Mayroong isang—isang tunay—tunay na espiritu ng pagsigaw, doon sa kagubatan.

<sup>33</sup> Kayo ngayon, ating basahin ngayon, Unang Pedro, o... Ikalawang Pedro, pala, ang ika-1 kabanata, bahagi Nito.

*Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyos at Tagapagligtas na si Jesus Cristo:*

<sup>34</sup> Gusto ko ang paraan niyan ng pagkakasabi rito, sapagka't ang aking buong paksa ngayong umaga ay nakabase sa pananampalataya. Kita n'yo? Hayaang basahin ko uli iyan. Makinig na maigi.

*Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa kanila na nagkamit—nagsipagkamit ng mahalagang pananampalataya...sa katuwiran ng ating Diyos... ating Tagapagligtas at Jesus Cristo:*



<sup>35</sup> Pansinin, sinasabi Niya, na, “Nakamit ko ang pananampalatayang ito, at aking ipinapatungkol ito sa kanila na nagsipagkamit ng gayunding mahalagang pananampalataya.” Nais ko . . . Ito’y hindi para sa taga-sanglibutan. Ito ay para sa Iglesya, kita n’yo, sa kanila na nakay Cristo.

*Biyaya at kapayapaan ang sa inyo’y dumami sa pagkakilala sa Diyos, at (sa pamamagitan) kay Jesus Cristo na Panginoon natin,*

*Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay . . . ang kaniyang banal na kapangyarihan ngayon ay ipinagkaloob sa atin ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan . . . kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa kaluwalhatian at kagalingan:*

*Na dahil dito ay ipinakaloob tayo sa . . . ipinagkaloob sa atin ang mahahalaga at napakadakilang mga pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito (ng mga pangakong ito) ay makabagi tayo sa banal na kalikasan, . . .*

<sup>36</sup> Ngayon hayaang iyan ay manuot ng talagang malalim ngayon. Hindi pangangaral ngayong umaga; atin lamang itinuturo ang araling ito. “Banal na kalikasan.” Hayaang basahin ko muli ang ika-4 na talatang iyan ngayon, upang hindi ninyo malampasan ito. “Na dahil dito ay pinagkalooban tayo . . .”

*Na dahil dito ay ipinagkaloob sa atin ang mahahalaga at napakadakilang mga pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito (ang mga pangakong ito) ay makakabahagi tayo sa banal na kalikasan, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.*

<sup>37</sup> Kita n’yo, “ang sanglibutan,” atin nang natakasan iyan ngayon. Kaniyang ipinapatungkol ito sa Iglesya. Iyan ang dahilan kung bakit narito tayo ngayong umaga, ay upang hanapin kung ano ang paraan, ano ang hinihingi ng Diyos. Walang isa mang tao na narito, na inibig ang Diyos, kundi nagnanais na maging, nagnanais na maging higit na katulad ni Cristo. Ngayon ito’y nailahad dito. Bawat Cristiano! Ako’y isang matandang beterano. Tingnan sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Kidd dito, sila marahil ang pinakamatanda dito sa loob ng gusali. Subali’t kung aking tatanungin sila, “Ano ang hangarin ng inyong puso?” Ito’y magiging, “Higit na mapalapit sa Diyos.” Kapag inyong natutunan si Cristo, mayroong bagay tungkol sa Kaniya na talagang kaibig-ibig, subukan n’yo lamang lumapit sa Kaniya.

38 Pagpaumanhinan ang pananalitang ito. Sabi ko sa aking asawa, dito hindi pa katagalan, siya . . . parehong tumatanda na, at ang sabi ko sa kaniya, sabi ko, “Mahal mo ba ako tulad ng dati?”

Sabi niya, “Tunay na mahal kita.”

39 At ang sabi ko, “Alam mo, minamahal kita ng labis hanggang sa nais kong kunin ka at hatakin ka papasok sa akin, upang tayo ay sadyang maging, talagang, maging isa, ng higit.”

40 Ngayon, iyan, paramihin iyan sa isang daang milyon, at kung gayon inyong masusumpungan kung papaano na ang mananampalataya, na umiibig kay Cristo, magnanais na pumasok sa Kaniya, sapagkat ito’y isang pag-ibig. At dito Kaniyang ipapakita sa atin kung papaano na, sa pamamagitan ng mga pangakong ito, tayo ay makakabahagi ng Banal na kalikasan ni Cristo. Ang mga ito, ang katawan na namamatay, kung papaano na tayo ay makakabahagi.

41 Maaaring may bagay akong sasabihin dito. Ang dahilan na ako ay naniniwala . . . Ngayon may isa na hindi ako naunawaan, dito hindi pa nagtatagal. Nakatanggap ako ng liham mula sa kalipunan na pang-ministro, na nagsabi na ako ay naniniwala na mayroong . . . “Tayo ay pinagtambal ang kaluluwa. At dapat nating iwanan ang ating mga kasama kung tayo’y hindi pinagtambal ang kaluluwa sa kanila, upang pakasalan ang isa na ating katambal ang kaluluwa.” Oh, naku!

42 Sabi ko, “Ako’y hindi nagkasala ng isang maling paniniwala na tulad niyan.” Ako’y palaging laban diyan. Ako— ako ay hindi naniniwala diyan. Totoong hindi. Naniniwala ako na ang Diyos ay binigyan tayo ng isang katambal. Iya’y totoo. At pagkatapos tayo ay naging bahagi ng isa’t-isa. Iya’y tama. At bago na ang isang lalaki ay magpakasal, dapat niyang pag-isipan ang mga bagay na ito ng paulit-ulit, pag-aralan ito.

43 Isang binata ang nagtanong sa akin noong isang araw, sabi, “Palagay mo kaya ay magagawa ko, dapat na magpakasal na, Kapatid na Branham, sa *ganito-at-ganitong* babae?”

Sabi ko, “Gaano mo siya kamahal?”

Sabi niya, “Oh, naku, sadyang pinakamamahal ko siya.”

Sabi ko, “Buweno, kung ika’y hindi mabubuhay kung wala siya, kung gayon ay mas mabuting pakasalan mo na siya. Ngunit kung ikaw ay mabubuhay ng wala siya, mas mabuting huwag mong gawin. Kaya, ngunit kung ito’y papatay sa iyo, ikaw ay mas mabuting—ikaw ay mas mabuting magpatuloy at magpakasal,” sabi ko. At kaya ang sinisikap kong ipaunawa sa kaniya, ay ito, na, kung siya’y minamahal mo ng labis.

44 Ngayon, ngayon mismo, bago kayo ikinasal, lahat ng bagay ay sadyang mainam at mabuti. Ngunit pagkatapos na kayo ay ikasal, kung gayon ang mga hirap at mga pagsubok ng buhay ay

dumating. Iyan ang kung kailan kayo dapat na mapamahal ng husto na inyong nauunawaan ang bawat isa. Kapag ika'y hindi nasisiyahan sa kaniya, siya ay hindi nasisiyahan sa iyo, inyo pa ring nauunawaan ang isa't-isa.

<sup>45</sup> Ganyan din ang paraan nito kay Cristo. Kita n'yo? Tayo'y dapat na mapamahal sa Kaniya ng labis, hanggang sa kapag tayo ay humiling para sa isang bagay, at hindi Niya ito ibigay sa atin, iyan ay hindi makapagpapatinag sa atin kahit kaunti. Kita n'yo? Kita n'yo? Bakit? At ang tanging paraan upang magawa ninyo iyan, ay makibahagi sa Kaniyang Banal na kalikasan, kung gayon inyong mauunawaan ang dahilan na hindi Niya maibibigay ito sa inyo. "Mga kabahagi ng Kaniyang Banal na kalikasan."

<sup>46</sup> At tingnan dito, "Yamang nakatakas sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita." Nakatakas dito! Nakita n'yo kung kanino ito nakapatungkol? Ito'y para sa Iglesia, sila na mga nakay Cristo, ay naitaas ng mataas sa mga bagay na ito. Hindi niya itinaas ang kaniyang sarili, kundi si Cristo ang nagtaas sa kaniya.

<sup>47</sup> Sa aking mga kapatid na lalaki na itim at mga kapatid na babae na mga naririto ngayong umaga, hindi ko ibig sabihin ito para sa ano mang pananakit. Ngunit, nasa isang pagtitipon minsan noon, hindi ko alam kung ito ay nasabi ko sa tabernakulo. Nasabi ko ito sa maraming mga lugar. Mayroong isang itim na kapatid na babae nagsabi, "Maaari ba akong magkaroon ng isang patotoo, o magpatotoo?"

"Tiyak, kapatid, magpatuloy ka lamang."

<sup>48</sup> Sabi niya, "Nais kong gawin ang patotoong ito para sa kaluwalhatian ng Diyos." Sabi niya, "Alam ninyo, ako—ako ay hindi kung ano ako dapat," at ang sabi niya, "Ako—ako ay hindi kung ano ang gusto kong maging, subali't," sabi niya, "isang bagay ang tiyak, hindi na ako kung ano ako dati." Kita n'yo? Siya ay nanggaling mula sa kung saan. Siya ay naitaas.

<sup>49</sup> Iyan ang kung papaano natin malalaman na tayo'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Tayo ay lilingon sa hukay kung saan tayo ay kinuha. Kita n'yo? Tayo'y hindi kung ano ang gusto nating maging; tayo'y ni hindi rin kung ano tayo dapat; ngunit isang bagay ang ating ipinagpapasalamat, tayo'y hindi na kung ano tayo dati. Iya'y tama. Tayo'y nasa landas.

<sup>50</sup> "At yamang nakatakas sa kabulukan ng sanglibutan." Yamang nakatakas diyan, ang masamang pita at kabulukan ng sanglibutan, kayo'y mataas diyan. Ngayon iya'y—ngayon iya'y ang uri ng tao na Kaniyang tinutukoy, ang tao na nakatakas sa mga bagay na ito, kita n'yo, ang kabulukan ng sanglibutan.

*At dahil din dito, sa pagkakaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong*

*pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;*

*At sa kaalaman ay ang pagpipigil; . . . sa pagpipigil ay ang pagtitiis; . . . sa pagtitiis ay ang kabanalan;*

*At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pag-ibig.*

<sup>51</sup> Ngayon ibinigay Niya sa atin dito ang balangkas kung ano ang gagawin, malaman kung papaano ito gawin. Ngayon, gaya ng sabi ko, tayong lahat ay nagsisikap na mapalapit ng mas higit sa Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit pinili ko ang Mensaheng ito ngayong umaga, para sa iglesya, na nalalaman na ang mga tao ay naglalakbay. Sapagka't kagabi, sabi ko, "Ilan ang naririto, sa labas-ng-bayan?" Mga siyamnapu't walong porsiyento ng mga tao, mula sa labas-ng-bayan. "Ilan ang naririto ang mula sa isang daang milya?" Aba, ito ay humigit, palagay ko, walumpung porsiyento. "Ilan ang naririto ang mula sa mahigit na limang daang milya?" At halos isang-isang makatlo ng mga tao ay naririto ay mula sa isang daan, limang daang milya kalayo. Isipin ito, sa mga tao na naglalakbay. Buweno, ang mga taong iyon ay hindi pumaparito sa iglesya na tulad niyan upang magpakita lamang. Walang . . . gaya ng nasa sanglibutan ay makakakita ng anomang kagandahan sa paligid ng lugar na ito. Silang lahat ay mga pangkaraniwang mga tao, mahihirap, nadaramtan ng pangkaraniwan. Walang dakilang mga himno mula sa ilang nagpapanggap-na-isang mala-Anghel na koro, mga tipanong organo, at ilang mga babasaging kinulayang bintana. Kayo ay hirap na makakuha ng isang upuan sa isang bangko at nakatayo sa paligid ng isang pader. Hindi sila naparito sa ganiyang bagay. Kundi sila ay naparito sapagka't sa loob nila ay isang bagay na nakikita ang isang kagandahan na hindi nakikita ng pangkaraniwang mata. Ito'y isang espirituwal na mata na nakakakita sa kagandahan ni Cristo. Iyan ang dahilan na sila ay pumaparito.

<sup>52</sup> Kaya, sa mga araw bago tayo nagkaroon ng gawain, ako ay patuloy na nananalangin. Paroroon sa kagubatan, magdala sa aking bulsa . . . Sasabihin sa aking asawa, "Ako'y lalabas mamamaril ng eskuwired ngayong umaga." At ako ay maglalagay ng isang lapis at isang tableta ng papel sa aking bulsa. Kapagka nagliwanag na ng lubos upang makakita, ako'y sasandal sa isang punong kahoy kung saan, ang mga kamay ay nakataas, at sinasabing, "Panginoon, ano ang magagawa ko ngayon? Ano ang ibibigay Mo sa akin para sa Iyong mga anak?"

<sup>53</sup> Pagkatapos kapagka may bagay akong nakita na para bang nag-aalab, isang bagay na dumarating tulad nito. Kapag ang Kaniyang Presensiya ay papalapit, nagsisimula akong makarinig ng isang bagay tulad ng nasa malayong distansiya, bagay na nasa ganitong ayos. "Dalawa na tigdalawa ay

katumbas ng apat.” Palapit, “Dalawa na tig-dadalawa ay katumbas ng apat. Dalawa na tigdadalawa ay katumbas ng apat. Dalawa na tigdadalawa ay katumbas ng apat.” [Si Kapatid na Branham ay ipinapangusap ang bawat isa ng paulit-ulit ng mas mabilis ng kaunti—Pat.] Patuloy, patuloy, patuloy, tulad niyan. Iyo’y ang Kaniyang Presensiya na paparating.

<sup>54</sup> Isuko ang inyong sarili, at pagkatapos ng isang sandali kayo ay malalayo sa inyong sarili. Ayan darating ang pangitain, “Pumaroon sa *ganito-at-ganitong* lugar, at *ganito-at-ganitong* bagay.” Kita n’yo? Magsisimulang lumayo, mula sa pagmumuni-muni ng inyong isipan sa Diyos, palabas ng sanglibutan, palayo ng sanglibutan, doon sa ilang, sa inyong sarili.

<sup>55</sup> At Ito ay nagpapasimulang dumating, “Isa, isa...” Sasabihin ko, ano mang bilang, o ano mang bagay, basta’t bagay lamang na magpapasimula ng unti-unti, malumanay na paparating. Pagkatapos ito ay dumarating ng mas mabilis, mas mabilis. Kayo ay maupo roon at itaas ang inyong mga kamay, huwag magsabi ng isa mang salita, basta’t panatilihing nakataas ang inyong mga kamay. Ang unang bagay alam n’yo, ang inyong buong katauhan ay naagaw palayo. Pagkatapos kayo ay makakakita ng mga bagay na nais Niyang malaman ninyo, ipinapakita sa inyo ang mga bagay na darating.

<sup>56</sup> Kung minsan ito ay dumarating sa isang lugar, hanggang sa isang tiyak na lugar, at pagkatapos hihinto. Ito ay hindi tutungo sa isang pangitain. Pagkatapos ang mga Kasulatan ay sadyang bubuhos na sama-sama. [Si Kapatid na Branham ay nilagitik ang kaniyang daliri ng tatlong beses—Pat.] Kukunin ko ang aking lapis, upang hindi ko makalimutan ito, at isulat ito, isulat ito.

<sup>57</sup> At ako ay uuwi ng bahay at titingnan ito, at pag-aralan ito. At kung minsan ito ay walang anomang ibig sabihin sa akin kapag ito ay aking tinitingnan. At pagkatapos, pagkalipas ng sandali, narito na ito! Iyan ay darating, at muli Ito ay paroroon. Pagkatapos ako ay kukuha ng isang maliit na libro tulad *nito*, at magpapasimulang gumuhit, ng sing-bilis ng aking makakaya, kung ano ang Kaniyang sinasabi sa akin. Naisip ko, “Panginoon, ako’y tutungo roon sa tabernakulo at sasabihin sa kanila. Ako. . . ‘Paparito.’ Mayroon akong bagay para sa kanila.” Buweno, iyan ang paraan kung papaano ito dumating. Ganyang-ganyan. Hanggang sa, una, ibibigay Niya ito sa akin, hindi ko ito maibigay palabas.

<sup>58</sup> Kaya, kung gayon, sa mga munting balangkas na ito na inyong nakikita na aking tinitingnan. At ito, una, ay pinasimulan ko. Hindi ko nakuha ang bahaging ito rito hanggang sa mga isang araw o dalawa ang nakalipas, doon sa kagubatan.

59 Ngayon, ang mga taong ito ay—ay. . . Si Pedro ay nagsasabi, rito, kung papaano tayo dapat na maging kabahagi ng Kaniyang Banal na kalikasan. Ngayon, bawat isa sa atin ay nagsisikap na lumago sa sukat ng Diyos.

60 Ngayon, pagkatapos nating matapos ang Pitong Tatak, kung gayon, sa panahong iyan ng pagtunog ng Ikapitong Tatak, o ang pagkakalag. . . Siyempre, alam natin kung ano ang tatak, ay upang magkalag ng ministerio, ang kalagin ang Pitong Tatak. At makikita natin iyan doon mismo sa tsart. Ay pagkakalag ng isang Mensahe, bagay na tinatakan.

61 Noong nakaraang gabi ng Linggo, ako ay nangaral tungkol sa, “Ang Susi.” At ang susi ay ang pananampalataya. Ang pananampalataya ang humahawak sa susi, at ang susi ay ang Kasulatan. At si Cristo ay ang Pintuan. Kita n’yo? Kaya ang pananampalataya ay kinukuha ang mga mumunting bisagra ng Kasulatan at binubuksan ang mga kaluwalhatian at kabutihan ng Diyos, patungo sa Kaniyang mga tao. Kita n’yo? Kaya, ito’y, ang pananampalataya ay hinahawakan ang susi na magbubukas kay Cristo sa mga tao; binubuksan ito, inihahayag ito.

62 Kaya, araw na ito, ating susubukang kunin ang siya ring susi na iyan, upang buksan ang daan upang maging isang banal na Cristiano sa sukat ng Diyos, na, at maging isang buhay na Tabernakulo para sa buhay na Diyos upang panahanan.

63 Alalahanin, ang Diyos ay ipinahahayag ang Kaniyang sarili sa tatlong kaparaanan. Sa unang pagkakataon, Kaniyang inihayag ang Kaniyang sarili sa isang Haliging Apoy, na tinawag noon sa Pagka-Ama. Pagkatapos ang siya ring Diyos na iyan, ay nahayag kay Jesus Cristo, na Siya ay gumawa ng isang katawan, ginawa ang katawang ito. Pangatlo, sa pamamagitan ng kamatayan ng katawang iyan, Kaniyang pinagingbanal ang isang Iglesya upang Kaniyang mapanahanan. Ito ay Diyos sa itaas natin; Diyos na kasama natin; Diyos na nasa atin; ang siya ring Diyos.

64 Iyan ang dahilan na ito ay tinawag na Ama, Anak, Espiritu Santo. Hindi tatlong mga Diyos, tatlong katungkulan ng isang Diyos. Kung kanila lamang naisip iyan sa Konseho ng Nicea, hindi sana tayo magulo, hindi ba? Iya’y tama. Hindi tatlong mga diyos. Ang mga tao ay hindi maunawaan kung papaanong si Jesus ay nakipag-usap sa Ama, at Siya at ang Ama ay Iisa. Buweno, hayan ang lahat ng bagay. Sigurado, inihahayag lamang ito. Tiyak. Kita n’yo? Ito’y hindi tatlong mga Diyos. Tatlong katungkulan! Tatlong kapa. . .

65 Ano ito? Ang Diyos bumababa sa Kaniyang nilikha. Gusto ng Diyos na masamba. Ang salitang *Diyos* ay nangangahulugang “punto ng pagsamba.” At ito’y ang Diyos na nagsisikap na isaayos ang Kaniyang mga tao, upang makuha niya sa kanila kung ano ang pagkalikha Niya sa kanila. Hindi niya kayo ginawa

upang maging isang bagay na iba pa liban sa isang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Kung hindi ninyo naunawaan iyan, ang pagiging anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, hindi ninyo naunawaan ang pamantayan.

<sup>66</sup> At ang “hindi pagkaunawa,” ang salitang *k-a-s-a-l-a-n-a-n* ay nangangahulugang “ang hindi maunawaan ang pamantayan,” hindi naunawaan ang pamantayan. Kung gayon, kung ako’y bumabaril sa isang target, magbabaon ng isang tamtak sa layong limampung yarda, at aking binaril, kunin ang aking baril at bumaril, at hindi ko tinamaan ito, apat o limang pulgada, anong nangyari? Ang aking baril ay nangangailangan ng pagsasaayos. May bagay na mali. At kung hindi ko makuhang manampalataya sa Diyos, kung hindi ko makuhang maging Cristiano... ang Diyos ay inilagay kayo dito upang maging isang Cristiano. Kung kayo’y naparoon sa isang panig, bumalik at magsaayos. At mayroon lamang iisang bagay na makapagsasaayos sa inyo, iya’y ang Kasulatan. Ang Espiritu Santo sa Kasulatan, ang magsasaayos sa inyo, dadalhin kayo ng tuwiran doon sa target muli. Iya’y tama.

<sup>67</sup> Ngayon ating pag-aaralan ang Kaniyang Salita. Si Esteban ay nagsabi, sa Mga Gawa 7. At gayon din sa... Atin lamang basahin iyan, nangungusap tungkol sa, ngayon, tayo’y nangungusap tungkol sa isang Tabernakulo ng Diyos. Ngayon, sinabi ni Esteban. Bilang... Ito’y magiging isang buhay na Tabernakulo ng buhay na Diyos. Sinabi ni Esteban, sa Mga Gawa ang ika-7 kabanata. At naniniwala ako na tayo... Sa Mga Gawa 7, simula sa mga ika-44 na talata.

*Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon sa itinakda, ng magsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod sa anyong kaniyang nakita.*

*Na yao’y ipinasok din ng ating mga magulang, ipinasok din ng ating mga magulang... Jesus nang sila magsipasok sa inari ng mga bansa, na pinalayas ng Diyos sa harapan ng ating mga magulang, hanggang sa mga araw ni David;*

*Na nakasumpung ng biyaya sa paningin ng Diyos, at huminging makasumpung ng isang tahanan ukol sa Diyos ni Jacob.*

*Datapuwa’t iginawa siya ni Salomon ng isang bahay.*

*Bagama’t ang Kataastaasa’y hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay; gaya ng sinasabi ng propeta,*

*Ang langit ang aking luklukan, at ang lupa ang tuntungan ng aking mga paa: anong anyo ng bahay ang itatayo ninyo sa akin? Sabi ng Panginoon” o anong dako ang aking pahingahan?*

68 Ngayon doon sa . . . Ngayon, “tabernakulo,” ay, siyempre, isang dako kung saan tayo ay pumaparoon upang magpahinga, ngayon, magpapahinga, at iba pa, tulad ng pagpapahinga mula sa pagtulog, o iba pa. Ngayon, Hebreo 10, at ang ika-5 talata, si Pablo ay sinabi ito.

*Kaya't pagpasok niya sa sanglibutan, ay sinasabi niya,  
Hain . . . (Iya'y si Cristo) . . . Hain at handog ay hindi mo  
ibig, ngunit isang katawan ang sa akin ay mihanda mo:*

69 Ano ang Tabernakulo ngayon? Isang katawan, ang Diyos ay tumatahan sa isang Katawan.

70 Ang Diyos minsan, ay napakataas, nang Siya ay bumaba sa ibabaw ng bundok, maging ang isang—isang toro o isang baka ay mahipo ang bundok, siya ay dapat na patayin. Ang Diyos ay banal.

71 Kagabi, nang ang mga Anghel na iyon ay tinakpan ang Kanilang mga mukha. Banal na mga Serapin na may mga banal na mukha, ni hindi man lamang nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng kasalanan, at kailangan Nilang takpan ang Kanilang mukha, sa Presensiya ng Diyos; takpan ang Kanilang mga paa, sa pagpapakumbaba.

72 Ngayon, ang banal na Diyos ay hindi pinalalagpas ang kasalanan, kaya walang ano mang bagay ang maaaring makahipo sa bundok na kinaroroon ng Diyos.

73 Pagkatapos ang Diyos ay nagkatawang tao at nanahan sa gitna natin, sa anyo ni Jesus Cristo, ang Kaniyang Anak, ang Kaniyang nilalang. Pagkatapos ang Anak na iyan ay ipinagkaloob ang Kaniyang buhay, at ang Dugong selula ng Diyos ay nabubo, upang ang Buhay ay maaaring lumabas mula sa Dugo, sa atin.

74 Sa pamamagitan ng Dugong iyan tayo ay nilinis. At ngayon ang ating dugo, ang ating buhay, na dumating sa buhay sa pamamagitan ng sekswal na pagnanasa, dinala ang ating buhay sa sanglibutan. Ang Dugo ni Jesus Cristo ay nililinis tayo, binabago ang ating kalikasan, sa pagbibigay sa atin ng Espiritu Santo; kung gayon tayo ay naging nasa Banal na kalikasan ng Diyos, pagkatapos tayo ay naging isang dakong tahanan para sa Diyos. Sabi ni Jesus, “Sa araw na iyon ay malalaman ninyo na Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin.” Kita n’yo?

75 Alamin na kung papaano na ang Diyos ay nasa Kaniyang Iglesya. Ang Iglesya ay dapat sanang humalili sa lugar ni Cristo ngayon, ipinagpapatuloy ang Kaniyang ministerio. “Siya na sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din niya ang mga gawa na Aking ginawa.” Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanglibutan; ngunit inyong makikita Ako, sapagka’t Ako’y tatahan sa inyo, maging sa inyo, hanggang sa wakas ng



sanglibutan.” Kita n’yo? Naroon nga ito, ipinagpapatuloy ang Kaniyang gawa.

<sup>76</sup> Ngayon, ang Diyos, o ang Biblia ay sinabi rito, na. Si Esteban ay nangusap sa pagtatayo ni Salomon ng isang templo, “At ang Kataas-taasan ay hindi tumatahan sa mga templong gawa ng mga kamay. Sapagka’t Langit ay ang Aking Luklukan, at ang lupa ay tungtungan ng Aking mga paa. At saang dako ang Aking pahingahaan?” Ngunit isang Katawan ang sa Akin ay inihanda Mo?” Amen. Hayun kayo.

<sup>77</sup> “Isang Katawan ang sa Akin ay inihanda Mo.” Ang Diyos ay tumatahan sa sukat ng isang tao, inilalarawan ang Kaniyang Sarili roon sa Katauhang iyan. Sakdal na pagsamaba! Ang Diyos na nasa atin, bilang Kaniyang Tabernakulo, ang Diyos ay nagpapahayag. Oh, tayo ay lubos na makakapanatili diyan hanggang sa kayo ay halos maghabol ng hininga rito, mula sa init. Pansinin, na, ang Diyos ay palagiang, sa lahat ng pagkakataon, inilarawan ang Kaniyang Sarili sa tao.

<sup>78</sup> Iyan ay ang Diyos na nakay Moises. Tingnan n’yo siya, isinilang na isang pinuno; Cristo. Sa panahon na siya ay ipanganak mayroong pag-uusig sa mga anak, sinisikap na hanapin siya; gayon din naman kay Cristo. At siya ay—siya ay nailigtas sa panahong iyan; ganoon din si Cristo. Siya ay isang tagapagbigay ng kautusan; ganoon din si Cristo. Si Moises ay umakyat, apatnapung araw, at nakamtan ang mga kautusan, at bumaba. Si Cristo ay nagpunta sa ilang, apat na pung araw, at nagbalik, na sinasabi, “Narinig ninyo sa kanila nang unang panahon, ‘Huwag kayong mangangalunya.’ Ngunit, sinasabi Ko sa inyo, sinoman ang tumingin sa isang babae, na may pagnanasa sa kaniya, ay nagkasala na ng pangangalunya na kasama niya.” Kita n’yo? Lahat ng iba’t-ibang mga bagay na ito, na, ang Diyos ay inilalarawan ang Kaniyang sarili.

<sup>79</sup> Tingnan si Jose, isinilang na isang espirituwal na bata sa gitna ng—ng lupon ng mga kapatid. Silang lahat ay mabubuting mga lalake, lahat silang mga patiarka. Subali’t, nang si Jose ay dumating, siya ay kakaiba. Siya ay nakakakita ng pangitain, ipinapaliwanag ang panaginip, at siya ay kinainisan ng kaniyang mga kapatid ng dahil diyan. Dahil sa mismong gawain na pinaglagyan sa kaniya ng Diyos sa lupa upang gawin, ang kaniyang mga kapatid ay kinainisan siya dahil doon. Kita n’yo? At ito lahat ay tumuturo roon sa krus. At, tignan, siya ay ipinagbili sa halos tatlumpung piraso ng pilak, ng kaniyang mga kapatid. Itinapon doon sa hukay, upang mamatay, ng kaniyang mga kapatid. Iniahon mula sa hukay na iyon, at pumaroon at naupo sa kanang kamay ni Paraon. At walang taong makakarating kay Paraon, na namamahala sa mundo ng araw na iyon, wala ni isa man ang makakarating kay Paraon, tanging sa pamamagitan ni Jose. Walang sinomang makakarating sa Diyos, tanging sa pamamagitan ni Cristo. At kapag iniwan ni Jose ang

palasyo, bago siya umalis, mayroong isang trumpeta na tutunog, at ang mga tagapauna ay tatakbo sa unahan niya, sisigaw, “Lumuhod! Si Jose ay dumarating!” Maging saan man kayo naroroon, at ano man ang inyong ginagawa, gaano man kahalaga ang inyong trabaho; kayo ay kailangang lumuhod hanggang si Jose ay makarating doon.

<sup>80</sup> At kapag ang Trumpeta ay tumunog, isa sa mga araw na ito, bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magpapahayag. Kapag si Cristo, ang ating Jose, ay iiwan ang kaluwalhatian at paririto, ang inyong gawa ay hindi na mahalaga kung gayon. Bawat tuhod ay luluhod, at ipahahayag Siya na Anak ng Diyos. Iya’y tama.

<sup>81</sup> Oh, gaano natin nakikita kay David! Kung papaanong si David, isang hari na tinanggihan, pinaalis sa kaniyang sariling trono, ng kaniyang mga kapatid, ng kaniyang sariling anak, naupo sa ibabaw ng Bundok ng Olibo, habang siya ay umakyat, sa tuktok ng Bundok ng Olibo, lumingon sa Jerusalem at nanangis; sapagka’t naroon ang kaniyang sariling bayan, na kaniyang pinaglingkuran sila at tinuruan sila tungkol sa Diyos, at ang kaniyang sariling bayan ay tinanggihan siya at nagbato ng mga bagay sa kaniya, dinuraan siya at pinagkatuwaan, nang siya ay nagsimulang umakyat ng bundok at tanggihan. Oh, gaano kasakdal sa Anak ng Diyos, pagkalipas ng walong daang taon; isang tinanggihan na Hari, sa gitna ng Kaniyang Sariling bayan, naupo sa ibabaw ng bundok at iniyakan ang Jerusalem, gaya ng isang Haring tinanggihan.

<sup>82</sup> Ano ito? Ang Diyos ay inilalarawan ang Kaniyang sarili sa mga propetang iyon, inilalarawan si Cristo.

<sup>83</sup> Pagkatapos mayroong Isa na dumating na siyang kasakdalan ng Diyos. Ito ay ang Diyos na nasa gitna natin.

<sup>84</sup> At mula ng panahon na iyan, Kaniyang inilarawan ang Kaniyang sarili sa Kaniyang Iglesya, sa panig na ito ng Kalbaryo. Kaya, kita n’yo, tayong lahat ay nagsisikap na makarating sa tahananang ito, Tabernakulo ng buhay na Diyos. Ngayon mayroong ilang mga tao. . .

<sup>85</sup> Napansin natin dito, sabi Niya, “Una magkaroon tayo ng pananampalataya, kagalingan, karunungan, pagpipigil, pagtitiis, kabutihan o kabanalan, at pag-ibig sa kapatid.” Maigi. Mabuting kalooban sa kapatid, at pagkatapos idagdag ang pag-ibig. Hayaang basahin ko ito, lahat muli, upang matiyak na makuha ninyo ito ngayon. Ngayon magisisimula tayo sa ika-5 talata.

*At dahil dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng boong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;*

*At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan;*

*At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid;  
at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pag-ibig, na  
siyang pag-ibig.*

*. . . kung nasa inyo ang mga bagay na ito, at sumasaga  
na, ay hindi kayo pababayaang maging mga tamad o  
mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong  
Jesus Cristo.*

<sup>86</sup> Ngayon si Pedro ay inilalarawan ang isang bagay dito para sa atin, na kung papaano ang makarating doon.

<sup>87</sup> Ngayon nais kong sabihin ito, may mga ilang tao na mayroon bahagi nitong kagalingan, kaalaman, karunungan, pagtitiis, at iba pa, na hindi man lamang nagpapahayag na Cristiano. Ngayon tayo lamang. . . tayo'y nagtuturo ng Lingguhang pag-aaral. At iyan ay totoo. Mayroong ilang mga tao na may bahagi nito, na hindi man lamang nagpapahayag na Cristiano. Ngunit iyan ay hindi. . . Iyan ay hindi maaari. Ito'y tulad ng isang itim na ibon na nagsisikap na maglagay ng mga balahibo ng paboreal sa kaniyang mga pakpak, upang gawin siyang isang paboreal. Kaniya lamang sinisira ang kaniyang sarili. Mas maiging manatili na isang itim na ibon. Kita n'yo? Kapag sinubok niya na gawin ang mga bagay na ito nang hindi nagiging isang Cristiano, siya'y sadyang wala sa tamang lugar.

<sup>88</sup> Ito'y tulad ng puno ng sicomoro nagsisikap na magbunga ng mga mansanas. Hindi nito magagawa, kita n'yo, bagama't ito ay isang puno. Subali't ito ay hindi maaaring makapagbunga ng mga mansanas.

<sup>89</sup> Ito'y tulad ng isang mola na nagsisikap na gumawa ng balahibo ng tupa, nagsisikap na maging isang tupa samantalang siya'y isang—siya'y isang mola. Kita n'yo, hindi siya maaaring makagawa ng balahibo ng tupa. Hindi niya magagawa ito. Ang balahibong tupa ay isang kaloob sa isang tupa, hindi sa isang mola. Maaari siyang magsubok na kumilos na tulad ng isang tupa, subali't siya'y isang mola pa rin. Kita n'yo? Kaya, sasabihin niya, “Buweno, ako ay makakakain na tulad ng isang tupa. Magagawa ko ito na tulad ng isang tupa.” At maging ano man ang inyong magagawa, kayo ay dapat na maging isang tupa upang magkaroon ng balahibo ng tupa.

<sup>90</sup> At hayaang huminto ako dito sandali. Ang tupa ay hindi gumagawa ng balahibo ng tupa. Mayroon siyang balahibo ng tupa sapagka't siya ay isang tupa. Maraming mga tao ang nagsisikap na magsabi, “Buweno, sisikapin kong maging mabuti. Sisikapin kong gawin ito.” Huwag gumawa ng anoman. Hindi, hindi ninyo magagawa iyan. Ang isang tupa ay hindi, hindi nahilingan, hindi inaasahang gumawa ng balahibo ng tupa. Ito ay magtataglay ng balahibo ng tupa, at ginagawa nito sapagka't ito'y isang tupa.

<sup>91</sup> At kapag kayo’y isang Cristiano, kusa ninyong tataglayin ang bunga ng Espiritu. Hindi ninyo—hindi ninyo ginagawa ito. Hindi ninyo sinisikap na magpanggap. Susubukin ninyong. . . Huwag ninyong gawin ang inyong sarili na isang bagay na hindi kayo. Kayo ay maging kung ano lamang dapat kayo, at kung gayon pangangalagaan nito ang sarili. Narinig na ba ninyo na sinabi ng mga tao na, “Buweno, sinasabi ko sa iyo. Ako’y. . . ako’y umanib sa iglesia. Ako—aking dapat na hintuan itong pagsisinungaling?” Kayo’y nagsisikap na gumawa ng isang bagay uli, ngayon. Hindi ninyo magagawa iyan, kaya hindi na kailangan na subukan, hindi na kaysa sa isang—kaysa sa isang— isang mola ay magagawa ang kaniyang sarili na magkaroon ng balahibo ng tupa. Hindi niya magagawa iyon.

<sup>92</sup> Oh, ang isang buwitre ay nagsisikap na kumain kasama ng kalapati, ang isang buwitre na nagsisikap—ang isang buwitre na nagsisikap na maging isang kalapati. Maiisip ba ninyo na ang isang buwitre roon, sasabihin, “Alam n’yo, ako’y isang kalapati,” at maglagay ng kaunting mga balahibo sa kaniya, sabihin, “Kita n’yo, ako ay tulad ng. . .” Kita n’yo? Siya lamang ay magiging wala sa tamang anyo. Iyan ay isang— isang tao na nagpapahayag ng isang bagay samantalang siya’y hindi. Kita n’yo, hindi ninyo magagawa iyon.

<sup>93</sup> Hindi ninyo masasabing, “Ngayon tumingin, ako’y dapat na magkaroon ng kagalingan, kaya ako’y magkakaroon ng kagalingan. Ako’y dapat na mamuhay na may kabanalan, kaya ako’y magkakaroon lamang nito.” Bakit, kayo’y nagsisikap lamang na maglagay ng mga balahibo. Bagama’t sila’y inyong abot, subali’t hindi ninyo maaaring ilagay ang mga balahibo sa maling ibon. Kita n’yo? Ito ay sadyang hindi maaari. At ito ay nagpapakita lamang na napaka-hipokrito ng ibon na iyan. Kita n’yo? Maiisip ba ninyo na ang isang matandang buwitre ay nagsisikap na magkaroon ng ilang balahibo ng kalapati, sasabihin “Tumingin dito, kita n’yo, ako’y isang kalapati”? Kita n’yo? Bakit, alam nating lahat na siya’y isang buwitre. Kita n’yo? Kita n’yo? Iyan lamang. Masasabi natin na siya’y isang buwitre.

<sup>94</sup> Buweno, ngayon iyan ay paraan nito, nagsisikap ito—na gumawa ng Cristianismo. Hindi ninyo magagawa iyan. Ang unang bagay na dapat ninyong gawin, ay ang maipanganak na muli. Kayo ay dapat na mabago. Kita n’yo? At kapag kayo ay nagbago, kayo ay naging bagong nilalang. Ngayon kayo’y nagiging maayos, ngayon. Kita n’yo? Ngayon hindi kayo magaalala para sa mga balahibo, ito’y mapapangalagaan ang sarili nito, kapag—kapag kayo ay ipinanganak na muli. Opo, ginoo.

<sup>95</sup> Tulad ng lagi kong sinasabi. Kumuha kayo ng isang— isang baboy, is-isan siya at suotan ng isang damit na tuksailor, o tuksedong damit, dapat sana, sa kaniya, at pakawalan siya roon sa labas; siya ay pupunta kaagad doon sa putikan at

maglulublob. Pagka't, kita n'yo, ito ay walang maidudulot na anomang mabuti. Siya'y isang baboy. Iyan ay kaniyang kalikasan. Paglulublob ay kaniyang kalikasan. Kailangan ninyong baguhin ang kaniyang kalikasan. At (siya) ang iba pa nito ay mapapangalagaan ng kaniyang sarili.

<sup>96</sup> Ngayon pansinin. Kayo ay dapat ipanganak na muli, iyan ay, mabago. Mayroong pagbabago dapat.

<sup>97</sup> Sasabihin ninyo, "Buweno, Kapatid na Branham, kilala ko ang babaeng ito rito, bakit, hindi siya gumawa ng ano mang bagay na mali. Siya'y isang mabuting babae. Oh, itong *ganito-at-ganitong* lalake, siya'y isang mabuting lalake. Hindi siya gumawa ng ano mang bagay. Alam mo hindi siya nananakit ng kahit sino." Iyan ay walang ano mang kabuluhan. Siya ay maaaring maging isang mabuting kapit-bahay, ngunit siya ay hindi isang Cristiano hanggang sa siya'y ipanganak na muli.

<sup>98</sup> Sabi ni Jesus, "Malibang ipanganak na muli ang isang tao," San Juan 3, na, "hindi man lamang niya makikita ang Kaharian." Ngayon, ibig sabihin niyan, *makita*, nangangahulugan itong ang "maunawaan."

<sup>99</sup> Tumingin kayo sa anomang bagay, sabihin, "talagang hindi ko makita ito." Ibig ninyong sabihin hindi ninyo maunawaan ito.

<sup>100</sup> Ang isang tao ay hindi maunawaan kung bakit ang mga tao ay sumisigaw. Ang isang tao ay hindi maunawaan kung bakit ang wika ng isang tao ay mababago at siya'y magsasalita sa ibang wika. Ang likas na tao ay hindi makita kung papaanong ang kaluwahatian ng Diyos ay darating sa mga mata ng isang tao, at siya'y makakakita ng pangitain at sabihin sa isang tao ang tiyak na mga bagay, at kung ano ang gagawin; sabihin sa kanila ang mga bagay na napipintong mangyari, at ang mga nahahandang mga bagay ay mangyayari, tulad ng ginawa ng Panginoon dito para sa atin kagabi, man din. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang—ang likas na kaisipan ay nagsisikap na maunawaan. "Buweno, ano ang kaniyang ginawa? Oh, anong uring panlilinlang ang kaniyang ginagamit? Anong gimik ang mayroon siya?" Ang makita ang isang taong nagsasalita ng ibang wika, sasabihin nila . . . at may isang magpapaliwanag at sasabihin ng ganoong-ganoon sa isang miyembro ng Katawan kung ano ang kanilang nagawa, at kung ano ang hindi nila dapat gawin. Kita n'yo? Kita n'yo? Iniisip nila na ito'y isang uri ng panlilinlang. "Mayroong bagay na napagkasunduan sa pagitan nila."

<sup>101</sup> Hindi nila maunawaan ito hanggang ang taong iyan ay ipanganak na muli. Pagkatapos kapag siya'y ipanganak na muli, kung gayon siya'y nasa hanay ng pakikipagkaisa, sapagka't siya ay isang bagong nilalang. Ang lumang mapaghinala, mapagalinlangang ugali siya noon, ay patay na. Ngayon, siya'y isang bagong nilalang. Kaya, kita n'yo, hindi na niya kailangan

idagdag ang anomang bagay sa kaniya, ngayon, dahil ito'y kusa nang maidadagdag.

<sup>102</sup> Pansinin, kayo ay dapat na ipanganak na muli. At kapag kayo'y ipinanganak na muli, hindi kayo maipapanganak na muli ng walang taglay na pananampalataya. Iya'y tama. Kaya, kita n'yo, sa aking tsart dito, mayroon akong pinaka-saligan, ang pananampalataya ay siyang saligan ng lahat ng ito. "Sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi maaaring malugod ang Diyos. Siya na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang manampalataya na Siya nga, at tagapagbigay gantimpala sa kanila na nagsisikap na hanapin Siya." Kita n'yo? Siya ay dapat. At kapag kayo ay mga mapag-alinlangan sa Biblia, kapag kayo ay mapag-alinlangan sa Salita bilang tama, mas mabuti pang kayo ay lumayo hanggang sa una kayo ay manampalataya dito.

<sup>103</sup> Ano ba ang kasalanan? Kawalan ng pananampalataya. Mayroong lamang dalawang elemento na namamahala sa tao. Iya'y kung hindi alinlangan o pananampalataya, ang isa o ang iba. Kayo'y pinaghaharian ng isa na nangingibabaw sa inyong buhay. Depende lamang sa kung gaano kalaking pananampalataya na mayroon kayo, kung gaano kayo kataas umangat.

<sup>104</sup> Ngunit, una, ito'y dapat na pananampalataya. Hayaan akong manatili sa saligan na iyan sandali. Ngayon, ang pananampalataya ay ang dapat na sampalatayanan mo. Ang pananampalataya ay ang kung ano. . . "Ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay." Ito'y, taglay na ninyo ito kapag kayo ay may pananampalataya, sapagka't ito'y naipahayag sa pananampalataya. "Ang pananampalataya ay siyang kapanatagan ng mga bagay na hinihintay." Hebreo 11, kita n'yo, "ang katunayan." Ano ito? Anong uri ng katunayan? Isang banal na katunayan.

<sup>105</sup> Kaya nga, kapag inyong sinasabi, "Kapatid na Branham, nanampalataya ako na ang Diyos ay isang manggagamot." Buweno, kung ikaw ay nanampalataya diyan, at pagkatapos tanggapin Siya bilang iyong manggagamot, at hindi nagsisinungaling, kundi tunay na nanampalataya na sa Kaniyang mga latay ikaw ay magaling na, walang ano mang bagay ang makapag-aalis sa iyo roon. Ito'y isang bagay na tapos na. Ngayon kayo ay maaaring magkaroon ng pag-asa, basta't patuloy na dumadaya *dito* at dumadaya *roon*. Ngunit kapag kayo ay mayroong pananampalataya, alam ninyo ito, sapagka't ito ay isang katunayan. Taglay na ninyo ito. Ako ay. . .

<sup>106</sup> Ilan ang, mayroon bang, nakarining kay Oral Roberts kaninang umaga, nang siya ay nangangaral kaninang umaga, si Oral Roberts? Aking—aking narinig siya na nagsabi ng isang bagay o iba tungkol sa na mayroong isang pananampalataya, na sa pagpapalaya, nanalangin sa panalangin ng pananampalataya,

ng pagpapalaya. Sabi niya, “Gawin ninyo ang inyong paghipo sa paghawak sa radyo, gawin ang inyong paghipo sa paghawak ng isang bagay, upang . . .” Ang tao ay ginagawa iyan, upang iyon ay makapagbigay sa mga tao ng isang bagay na kanilang maipapatong ang kanilang mga kamay. Isang bagay, sasabihin ninyo, “Taglay ko na ito ngayon, sapagka’t sinabi niya sa akin na hawakan ang aking radyo. Taglay ko na.” Kita n’yo? Ngayon, iyan ay walang anoman. Ngunit, ngayon, tunay na ang totoong pananampalataya hindi na kailangang humipo ng anomang bagay. Ngayon, hindi ko hinahatulan si Kapatid na Oral, hindig-hindi. Siya’y gumagawa ng isang dakilang gawa, at isang maka-diyos na tao, at ako—ako ay tunay na umaalala ng lubos kay Oral Roberts. Nakapanghihinayang lamang na wala tayong marami nila.

<sup>107</sup> Ngunit ang sinisikap kong sabihin, na—na, ang pananampalataya ay hindi nangangailangan ng ano mang bagay. Kita n’yo? Ang pananampalataya ay sinasampalatayanan ang Salita ng Diyos. Sapagka’t ang pananampalataya ay dumarating sa “paghipo”? Hindi. “Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, at pakikinig sa Salita ng Diyos.” Iyan ay umangkla dito. Ito’y naroon. Kita n’yo? At ang pananampalataya, gaya ng pagkakasabi, ay walang agwat dito. Ang pananampalataya ay ngayon na. Ang pananampalataya ay narito. Ngayon tulad ng kung mayroong isa . . .

<sup>108</sup> Ang munting sanggol na iyan, noong isang araw. Ang ina na iyan na si Kapatid na babaeng Kidd at sila ay pinag-uusapan, na taglay ang munting sanggol na ang mga bituka ay nakalabas, na walang daanan sa may tumbong, upang dumaan ang pagkain. Ngayon, ang babaeng ito, naririring si Kapatid na babaeng Kidd at sila na nagpapatotoo, nanampalataya na kung siya ay makakalapit, at ako ay mananalangin para sa sanggol na iyon. Ngayon, kita n’yo, ang Diyos ay binigyan tayo ng mga tao . . .

<sup>109</sup> Ang ilan sa atin ay nagkaroon ng mga karanasan sa Diyos, kaya—kaya ang Diyos nagiging napaka-totoo tulad lamang ng pagparito, parang, at makikipag-usap kay Kapatid na Neville o sa iba na kilala ninyo. At tayo kung minsan ay humihiling sa mga taong iyon upang manalangin para sa atin. Iyan ang dapat nating gawin. Pagkatapos kung tayo ay may pananampalataya na ang lalake o ang babaeng iyan, maging sinoman ang nananalangin para sa atin, ay nakikipag-usap sa Diyos, kung gayon ang ating pananampalataya ay humigpit. Ito’y humawak ng mahigpit. Ito’y tapos na.

<sup>110</sup> Narito. Ang Romano ay nagtungo upang katagpuim si Jesus. At ang sabi niya, “Ako—ako’y hindi karapat-dapat na Ikaw ay paparoon sa aking tahanan. Ako’y hindi. Ako—ako’y hindi karapat-dapat. At ako—ako ay hindi . . . ako—hindi ko itinuturing ang aking sarili na ganoon. Ngunit,” sabi, “ang aking

anak ay labis na may karamdaman. At Iyo lamang bigkasin ang Salita, kita n'yo, at ang aking anak ay mabubuhay."

111 Ano ito? Ang agwat ay walang pagkakaiba. Kita n'yo? Dahil, ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat. At saan mang lugar ay naroon ang Diyos, ang makapangyarihan sa lahat ay naroon. At ang Diyos, sa pagiging nasa lahat ng dako, iyan ang gumagawa sa Diyos na nasa lahat ng lugar, sa lahat. Kita n'yo? Ang Diyos ay kasing dakila roon sa Alemanya, doon sa Switzerland, at doon sa Africa, sa sandali ring ito, na gaya rin naman Niya dito. Oh! Hayun na kayo.

112 Kaya ngayon sinabi niya, "Ako'y hindi karapat-dapat na Ikaw ay paparoon sa aking tahanan. Bigkasin Mo lamang ang Salita." Ano iyon? Iyon ay ang pananampalataya ng Romanong iyon. Sinampalatayanan niya iyon.

At sabi ni Jesus, "Humayo ka. Ang iyong anak ay mabubuhay."

113 At siya ay umalis, dalawang-araw na paglalakbay. At ang sumunod na araw, bago siya nakauwi, nasalubong niya ang ilan sa kaniyang mga alipin na dumarating. At sabi nila, "Ang iyong anak ay nabubuhay."

114 At ang Romano ay labis na natuwa, hanggang sa kaniyang sinabi, "Anong oras ng araw siya nagsimulang maging mabuti? Anong bahagi ng araw?"

Sabi niya, "Mga ikalabing-isang oras, siya ay nagsimulang maging maayos."

115 At ang Romano ay nalalaman na iyon ang pinaka-oras na sinabi ni Jesus, "Ang iyong anak ay mabubuhay," at siya ay nanampalataya. Amen.

116 Makapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, nalalaman ang lahat, walang hanggan, iyan ay ang Diyos. Kaya nang sila ay tumawag at ang sabi, "Manalangin!" Iyan ay mahipo! At ang inyong pananampalataya ang magdadala sa Diyos. Iyon ang bagay na magdadala sa panalangin at Diyos, magkasama, doon sa tagpo. Panalangin! Ang pananampalataya ang makapagbabago mula *rito* tungo *rito*. Ito ay dinadala ito na magkasama.

117 "Bigkasin ang Salita. Ang tanging nais ko na Iyong gawin ay sabihin lamang ang Salita, at ang lahat ng bagay ay maigi na." Kita n'yo, hindi na Niya kailangang maparoon. "Sabihin lamang ang Salita." Bakit? Ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Siya'y makapangyarihan sa lahat. Siya'y kasing makapangyarihan lamang sa ilalim ng mundo na gaya ng Siya ay nasa ibabaw ng mundo, o maging saan mang panig. Siya'y Diyos. "At ang tanging bagay lamang na dapat Mong gawin ay bigkasin lamang ang Salita," sabi niya.



118 At, ngayon, ang pananampalataya ang gumagawa ng iba pa nito. Ang pananampalataya ang gumagawa ng iba pa. Kaya dapat kayong magkaroon ng pananampalataya para sa isang saligan. Lahat ng Cristiano, lahat kayo ngayon, maging anoman kayong lahat, ay nakasalalay sa pananampalataya sa Salita. Iyan ang dahilan na ako ay nananampalataya sa Salita. Kita n'yo?

119 Hindi ko mailalagay ang aking pananampalataya sa ano pa mang bagay. Kung aking ilalagay ito sa iglesya, sa aling iglesya ko ito ilalagay: Katotoliko, Lutheran, Methodist, Baptist, mga Pentekostal? Saan ko ilalagay ito? Hindi ko alam. Silang lahat ay nag-aalangan at lahat ng iba pang bagay, mga pilipit, at lahat ng iba pang bagay.

120 Subalit kapag inilagay ko ang aking pananampalataya sa Kaniyang Salita, ito'y naka-angkla. Walang sinoman ang magpapaliwanag Nito. Narito Ito, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung gayon sinasampalatayanan ko Iyan. Hayan ang batayan.

121 Isang mabait na munting doktor dito sa siyudad, isa kong matalik na kaibigan, si Doktor Sam Adair. Kami'y naging mga bata na magkasama. Kayong lahat ay kilala si Sam. At ang sabi niya sa akin, sabi niya, "Bill. . ." Pagkatapos na dumating ng pangitaing iyon, sinabi sa kaniya kung saan niya itatayo ang kaniyang lugar, kung ano ang magiging hitsura. Ngayon pumaroon kayo, tanungin siya minsan kung iyan ay hindi totoo. Dalawa o tatlong taon bago ito mangyari, sinabi sa kaniya kung saan ito mailalagay. Sabi ko, "Iyong sasakupin halos ang buong bloke ng siyudad." At doo'y walang ano man kundi isang bagay ang nakapagitan sa kaniya at niyan, at iyan ay ang lugar ng rehabilitasyon na iyan. Si Doktor Adair ay sakop ang iba pa nito, at parasyutiko. Iyon lang. Si Doktor Adair ay pinuno iyan ng gayong—gayon, ang pangitain na iyan. Kung saan, isang lugar na sabi niya, "Ni hindi man lamang ito magagalaw sa loob ng dalawampu't-limang taon. Ito'y nasa korte."

122 Sabi ko, "Doktor, ang Panginoon ay ibinibigay ito sa iyon dahil sa iyong kababaang-loob."

Sabi niya, "ako'y hindi mabuti."

123 Sabi ko, "Ika'y isang pagong. Mayroon kang bahay-pagong sa labas, isang balat na ika'y titingin sa iyong mga kaibigan doon, ngunit sa loob ika'y tunay na tao. Lumabas ka sa bahay-pagong na iyan." Sabi ko, "ibinigay ng Diyos ito sa iyo."

124 Sabi, "Ako'y hindi nag-alinlangan sa iyo kailanman, Billy, ngunit pag-aalinlangan ko iyan."

Sabi ko, "Pumunta ka sa iyong opisina." At kaya siya ay lumabas.

125 Nang sumunod na umaga, tinawagan niya ako, sabi, “ako’y halos mamatay sa lamig.”

126 Sabi ko, “Anong nangyayari?” Ito ay mga Hulyo. Sabi ko, “Anong nangyayari, Dok?”

127 Sabi, “binili ko na iyong lugar, Billy. Sila ay nagkaroon ng pagpupulong kagabi roon sa Boston, at binili ko na iyong lugar ngayong umaga.”

Sabi, “Sabi ko sa iyo.”

128 Ako ay naroon nong isang araw, nakikipag-usap sa kaniya. Nang ang baril ay sumabog sa aking mukha . . . Sabi niya, “aking naisip nasabi ko iyan sa libong mga tao na pumaparito, tulad niyan.” Ano ito? Ngayon, kapag ang Diyos ay nagsabi ng ano mang bagay, ito’y kinakailangang mangyari.

129 Kagabi ang ilang mga kaibigan ay dumating. Kanilang narinig na ang pangitain nasabi tungkol sa barakong usa na mayroong apatnapu’t dalawang-pulgada ang sungay, at ang abuhing oso na mala—pilak ang dulo ng balahibo. Hindi ko alam kung gaano karaming mga tao ang dumating sa bahay, nagnanais na makita iyan. Sabi ko, “Narito ang medida. Pumunta sa sungay.” Narinig niya itong nasabi bago ito mangyari. Kita n’yo? Bakit? Kapag ang Diyos ay nagsabi ng ano mang bagay, ito’y kinakailangang maganap. Iyan ang dahilan, ito’y nakabatay.

130 Ngayon, *narito* ang plano ng kaligtasan. At pagkatapos kung ang Kaniyang pangitain ay nangyari ng tumpak, eksakto sa paraan na sinabi nila na kanilang ginawa, at ang iglesyang ito rito nalalamang iyan ay tama, kung gayon paano naman ang tungkol sa Kaniyang Salita. Kita n’yo? Iyan ay higit na tiyak kaysa sa pangitain. Kung ang pangitain ay hindi umaayon sa Salita, kung gayon ang pangitain ay mali. Subali’t ito’y ang Salita, una, sapagka’t ang Salita ay Diyos. Kita n’yo? Kaya, Siya’y nasa lahat ng dako. Kaniyang binigkas iyan dito, at ito ay ginawang mangyari roon sa Canada. Amen. Kita n’yo, Siya ay nasa lahat ng dako. Mabuti.

131 Una, kayo ay dapat na ipanganak na muli. At pagkatapos kapag kayo’y ipinanganak na muli, kayo ay mayroong pananampalataya; inyong sinasampalatayanan ang Salita. Hanggang sa kayo’y ipanganak na muli, kayo’y makikipagtalo laban Dito. Kung ikaw lamang ay relihiyosong nakasandal, at—at kayo ay may isang—isang—isang kaunting makataong kaalaman na kayo ay dapat gumawa ng tama, hindi ninyo kailanman magagawang sumang-ayon sa Salita ng Diyos. Hindi ninyo magagawa ito. Kayo ay dapat na ipanganak na muli. At, ang ipanganak na muli, ito ay nagdudulot ng pananampalataya. Mabuti. Pagkatapos, pagkatapos na kayo ay magkaroon ng pananampalataya, ito *rito* mismo, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-

y-a, pananampalataya, kung gayon kayo'y nasa posisyon ng paglago.

<sup>132</sup> Ngayon, maraming mga tao ang nagtutungo sa altar, at mananalangin, at sasabihin, "Panginoon, patawarin Mo ako." At isang dakilang karanasan ng pagpapaging banal ang darating sa kanila, at mga bagay. Pagkatapos kayo ay mayroong isang dakilang panahon, pupunta sa altar, sumisigaw. Kayo ay babalik, sasabihin, "Pagpalain ang Diyos, nakamtan ko na." Hindi, kayo ay nagpasimula lamang sa dako kung saan kayo ay maaaring lumago. Wala pa kayong nagagawang bagay. Kita n'yo? Ang tanging bagay na inyong nagawa ay ilagay lamang ang saligan.

<sup>133</sup> Ngayon kayo'y magtatayo ng isang bahay, at inyong ibubuhos ang saligan, sasabihin, "Naku, nakuha ko siya." Kita n'yo? Mayroon na kayo ng saligan upang pagtayan ng inyong bahay. Ngayon kayo ay dapat na magtayo ng isang bahay.

<sup>134</sup> Ngayon doon kung saan papasok ang bagay, ngayong umaga, tayo'y mangungusap tungkol dito ngayon. Mabuti. Isang bahay, ang saligang ito ay una. Ano ang saligan ng Cristianismo? Pananampalataya sa Salita ng Diyos. Iyan ang inyong saligan. Kung gayon kayo ay magsisimulang lumago. Kung gayon kayo ay nagsimulang, kayo ay magsisimulang magdagdag sa saligang ito.

<sup>135</sup> Ngayon, nagtatayo ng isang bahay, ilalagay ninyo ang inyong mga poste at lahat ng iba pang mga bagay. Si Kapatid na Woods, at ang ilan sa mga karpenterong ito at mga kontratista dito ay masasabi sa atin kung papaano ninyo itatayo ang inyong bahay. Kita n'yo? Ngunit sasabihin ko sa inyo kung papaano itatayo ang inyong espirituwal na bahay, kung saan ang Diyos ay maaaring makapanahan. Nais Niyang manahan sa inyo. Nais Niyang gawin kayo na katulad ng Kaniyang sarili. Nais Niya kayong maisalarawan, isinasalarawan, dapat sana, ang Kaniyang Katauhan.

<sup>136</sup> Alam n'yo, noong unang panahon nang sila ay gumagawa ng ginto, bago sila nagkaroon ng pantunaw upang sunugin ito, dati nilang pinupukpok ang ginto, pinupukpok palabas ang putik, ang bakal at tanso at bagay, palabas, at patuloy na pupukpukin, at babaliktarin, at pinupukpok ito. Ang mga Indiyang ay ginagawa iyan ngayon, pinupukpok ang ginto, at kanilang pinupukpok ito. Alam n'yo kung papaano nila masasabi na ang lahat ng bakal ay naalis na, at ang lahat ng dumi at bagay, at ang dumi ng bakal ay naalis na? Kapag siya na pumupukpok ay nakikita ang kaniyang sariling larawan, tulad sa isang salamin, doon. Ito ay malinis at lubos na malinaw hanggang sa ito ay inilalarawan ang mamumukpok.

<sup>137</sup> Iyan ang paraan na ginagawa ng Diyos. Kinukuha Niya ang ginto na Kaniyang matagpuan sa lupa, at pinupukpok Niya

ito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, babaliktarin ito, at babaliktarin, at babaliktarin, at pinupukpok ito hanggang sa (Kaniyang tatanggapin) makita Niya ang Kaniyang larawan. [Si Kapatid na Branham ay ipinalakpak ang kaniyang mga kamay ng walong beses sa buong pangungusap na ito—Pat.]

<sup>138</sup> At iyan ang dapat nating gawin, ilarawan ang anak ng Diyos. At ngayon ay dapat nating gawin ang Kaniyang gawa. Sabi niya, “Siya na sumasampalataya sa Akin . . .” San Juan 14:7, “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginawa ay gagawin din naman niya.” Kayo’y magpapasimulang ilarawan ang mga gawa ni Cristo.

<sup>139</sup> Subali’t napakarami sa atin ay nagsisikap na gawin ang mga gawa ni Cristo bago ang larawan ni Cristo ay pumasaatin. Ngayon naroon ang problema. Nakikita natin na nagaganap ang mga bagay na iyon. Nalalaman n’yo iyan. Nalalaman ko ito. Nakikita natin ang mga ito, tumitised sa daanan. Makikita natin ang buntong ng basura ng mga ministro, ng mga Cristiano, nagtambakan sa daan, ay sapagka’t hindi sila tumungo roon ng tama.

<sup>140</sup> At iyan ang dahilan kung bakit ako naririto ngayong umaga, ay upang sikaping turuan ang munting iglesyang ito, at ang aking sarili, kung papaano na tayo ay magiging dakong tahanan ng buhay na Diyos. Ilan ang may gusto na maging ganyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Ang dakong tahanan ng buhay na Diyos!

<sup>141</sup> Ngayon narito ang ating gagawin. Ano ang unang bagay? Manampalataya, at ipanganak na muli. Iyan ay paglalagay ng saligan.

<sup>142</sup> Pagkatapos, pagkatapos na ating mailagay ang saligan, ikalawa idagdag ninyo sa inyong saligan. “Idagdag sa inyong pananampalataya,” sabi ni Pedro dito. Idagdag sa inyong . . . Una magkaroon ng pananampalataya, pagkatapos inyong idagdag ang kagalingan sa inyong pananampalataya. Ito ang susunod na hanay. Una, ibuhos ang inyong saligan, pananampalataya. Pagkatapos, sa inyong pananampalataya, idagdag ang kagalingan.

<sup>143</sup> Ngayon, doon mismo ay marami sa atin ang bumabagsak. Oo, ginoo. Oo. “Idagdag ang kagalingan sa inyong pananampalataya.” Iyan hindi lamang nangangahulugan ng pamumuhay ng isang dalisay na buhay, alam n’yo, tulad ng babae o isang lalake, at iba pa. Iyan ay walang ano mang kinalaman doon.

<sup>144</sup> Sabi ng Biblia, mababasa natin dito sa dako rito ng Aklat ni Lucas, kung saan Ito ay sinabi, “Ang bisa ay lumabas mula sa Kaniya.” Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Kung tayo ay magiging tulad Niya, kinakailangan nating magkaroon ng kagalingan, kung gayon.

Kinakailangan nating magkaroon nito, upang maging tulad Niya. Ay ang unang awitin na aking labis na gusto, sa mga himno, isa sa mga pinakadakila, ay, *Ang Maging Tulad Ni Jesus*. Buweno, kung ako ay magiging tulad ni Jesus, Kailangan kong magkaroon ng kagalingan, at isang salin upang ito ay maisalin patungo mula sa akin sa mga tao. Dahil, “Ang bisa ay lumabas mula sa Kaniya patungo sa mga tao.” Kagalingan! At bago ninyo ito maipapamahagi, kailangang magkaroon muna kayo nito. Wala kayo nito, hindi ito lalabas. Walang ano mang bagay na lalabas para dito.

<sup>145</sup> Ano kaya kung mayroong isa na nagsubok humila ng kagalingan mula sa atin, at ang tseke ay babalik “Walang sapat na pondo”? Kita n’yo? Hindi, hindi, doon ay wala upang mahila, ang tseke ay tumalbog. Mayroong tumitingin sa inyo bilang isang Cristiano, at bukas ay makikita kayo rito na kumikilos na tulad ng isang makasalan, walang sapat na kagalingan ang mahihila mula diyan. Kita n’yo? Tama.

<sup>146</sup> Kagalingan ay dapat na nasa atin. At hanggang tayo ay magkaroon ng kagalingan...Pagkatapos kapag tayo ay nagkaroon ng totoong kagalingan, maidaragdag natin ito sa ating pananampalataya. Iyan ang susunod na saligang pader. Ngayon, una kayo ay dapat na magkaroon ng pananampalataya. Pananampalataya lamang ay hindi magagawa ito. Kayo ay kailangang...Sabi ni Pedro, “Kung gayon ibahagi ang kagalingan sa inyong pananampalataya.” Kayo ay dapat na magkaroon ng kagalingan, upang maidagdag ito sa inyong pananampalataya.

<sup>147</sup> Ngayon, pagkatapos, ito marahil ay, ang dahilan na kayo ay wala nito, sapagka’t maraming mga iglesya sa ngayon ang nagtuturo na kayo ay hindi kailangang magkaroon nito, o ang mga kaarawan nito ay lipas na. “Hindi na nila kailangang magkaroon nito. Ang tanging bagay na dapat ninyong gawin ay umanib lamang sa iglesya. Oo, ang mga kaarawan ay lipas na.”

<sup>148</sup> Kagalingan, kahit sino ay nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng salitang kagalingan, kita n’yo, at dapat tayong magkaroon nito. Kung ang kagalingan ay lumabas mula sa Kaniya, upang pagalingin ang babae na may karamdaman, Siya’y umaasa ng gayon ding kagalingan sa Kaniyang Iglesya, dahil Siya ang ating halimbawa. At kung Siya ay mayroong kagalingan upang ibigay sa mga tao, inaasahan Niya tayo na magkaroon ng kagalingan upang ibigay sa mga tao. At ano nga ang kagalingan? Ang kagalingan ay lakas, kapangyarihan.

<sup>149</sup> Ang ilan sa kanila ay ni hindi naniniwala sa kapangyarihan ng Diyos. Sinasabi nila, “Iyan—iyan—iyan ay lipas na. Ang tanging bagay na dapat ninyong gawin ay ilagay lamang ang inyong pangalan sa libro, at mawisikan, o mabuhusan, o

mabautismuhan, o kahit ano pa. At iyan lang ang dapat ninyong gawin.”

<sup>150</sup> Subali't sinabi ni Pedro dito, “Idagdag ang kagalingan.” Ngayon, si Pedro ay nangungusap tungkol sa pagtatayo ng Tahanan ng Diyos, kita n'yo, ang Templo ng Diyos, inaayos ita upang maging lugar. At pagkatapos na kayo ay magkaroon ng kagalingan, kayo ay dapat na magkaroon... Pagkatapos na kayo ay magkaroon ng pananampalataya, kayo ay dapat na magkaroon ng kagalingan kasama nito. Iyan ay tama. Magkaroon ng kagalingan para sa buong mundo.

<sup>151</sup> Ipinangaral ko ang isang sermon mga dalawampung taon na ang nakararaan, palagay ko, sa Kaglg. na G. Lirio. Lirio, ang pastor. Hinango ito mula sa teksto na kung saan sinabi ni Jesus, “Wariin ninyo ang lirio, kung paanong sila ay ni hindi nangagpapagal ni nangagsusulid man. Gayon may sinasabi Ko sa inyo, kahit si Salomon man sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito.”

<sup>152</sup> Tingnan ang lirio. Ito ay galing mula roon sa ilalim ng burak. At sa bawat minuto ng araw ito ay hinahatak mula sa lupa. Kita n'yo? At ano ang ginagawa nito sa kagalingang ito na hinahatak nito? Ibinibigay nito palabas. Ito ay gumagawa ng isang magandang tanawin para sa tagahanga. Ibinubukas nito ang sarili para sa pulot, para sa bubuyog upang lumapit at kunin ang kaniyang bahagi. Hindi nagrereklamo. Ito'y taglay lamang nito, upang ibigay. Ano kaya kung ang bubuyog ay pumaroon; walang sapat na mga pondo, walang pulot? Ang munting bubuyog na iyan ay kakamutin ang kaniyang ulo at sasabihin, “Anong uri ng lirio iyan?”

<sup>153</sup> Kung ang isang tao ay dumarating, nagsisikap na makasumpong ng kaligtasan, paroroon sa simbahan na naniniwalang ang mga kaarawan ng mga himala ay lipas na?

<sup>154</sup> Tulad ng sinabi minsan ni Jack Coe. Pumasok sa isang restawran, at mayroong isang napakalaking menu; nagsimulang basahin ito, T-bone na bistik at mga bagay. Sabi, “Kukuha ako ng isang T-bone.”

“Buweno, iyan ay para sa araw na nakalipas. Wala kami nito.”

<sup>155</sup> Mas mabuti pang ibaba ang menu at lumabas, kita n'yo, iyan ay tama, 'pagkat sila ay wala ni ano man upang makain, kahit paano. Kaya kayo ay mas mabuti pang pumaroon sa isang restawran na mayroong makakain.

<sup>156</sup> At ang espirituwal na taong lumalago, nangangailangan ng bagay na makakain. Iyan ay ang Salita ng Diyos. Nanampalataya ako sa bawat Salita Nito:

Ang Dios ay may mesang nalatag kung saan  
 ang mga banal ng Dios ay pinakakain,  
 Kaniyang inaanyayahan ang Kaniyang  
 piniling mga tao, "Halikayo at kumain."  
 Sa pamamagitan ng Kaniyang mana Siya'y  
 nagpapakain,  
 Kaniyang ibinibigay bawat ating  
 pangangailangan  
 Oh, napaka sarap na makasalo si Hesus lahat  
 ng panahon

<sup>157</sup> Iya'y tama. Oo, ginoo. Mayroon Siya Nito. Ang Iglesia ay mayroon Nito, ang Iglesia ng buhay na Dios, na itinayo sa sakdal na taong ito, sa pagkakilala kay Cristo. Ngayon, ngayon kayo ay dapat na magkaroon ng kagalingan.

<sup>158</sup> Nasabi ko noon, ang unang bagay alam n'yo, mayroong isa na gustong—gustong maamoy ang bango. Siya ay hindi makasarili. Siya'y mayroong bango. Bago siya makakapagbigay ng bango, kailangan siyang magkaroon nito. Bago siya makakapagbigay ng pulot, kailangan siyang magkaroon nito. Bago makakapagbigay ng kagandahan, kailangan siyang magkaroon nito.

<sup>159</sup> Bago kayo makakapagbigay ng kagalingan, kayo ay kailangang magkaroon nito. Kaya, idagdag sa inyong pananampalataya, ang kagalingan. Amen. Naunawaan n'yo? Makakapanatili tayo diyan ng mahabang panahon, ngunit ang ating oras iiwanan tayo. Idinadagdag ang kagalingan sa inyong pananampalataya. Ngayon, una ay pananampalataya, pagkatapos kagalingan.

<sup>160</sup> At pagkatapos, ikatlo, idagdag ninyo ang kaalaman. Kaalaman, ngayon, iyan ay hindi nangangahulugan na makamundong kaalaman, 'pagkat iyan ay kamangmangan sa Diyos; kundi kaalaman upang humatol, humatol (ng ano?) ng tama mula sa mali. Papaano ninyo hahatulan ito, kung gayon, kung mayroon kayong kaalamang Cristiano kasama ang inyong kagalingan at pananampalataya? Inyong hahatulan kung ang Salita man ay tama o mali. At kung inyong maisasantabi ang lahat ng inyong mga kredo, at lahat ng inyong kawalan ng pananampalataya, lahat ng bagay na inyong inaangkin na inyong nagawa, kung gayon mayroon kayong kaalaman upang sampalatayan na ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling. "Datapuwa't ang bawat tao'y sinungaling, bagkus ang Diyos ay tapat." Kita n'yo? Ngayon kayo'y nagkakaroon ng kaalaman. Iyan ay pinakamataas na kaalaman. Hindi na ninyo kailangan pang magkaroon ng apat na mga titulo sa ilang kolehiyo, o bagay na tulad niyan, upang magkaroon nito, sapagkat ang mga katangiang ito ay ibinigay sa inyo ng Diyos, upang ilagay sa ibabaw ng saligan ng inyong pananampalataya, upang kayo ay makarating sa lubos na sukat ng isang tunay, buhay na tao ng Diyos. Oo, ginoo.

<sup>161</sup> Idagdag, idagdag ang kaalaman, dahil, kaalaman sa Kaniyang Salita. Kailangan ninyong sampalatayanan ito sa ganitong paraan. Gaya ng, dapat ninyong sampalatayanan ngayon na ang . . . at tanggapin ito, na ang mga kaarawan ng mga himala ay hindi pa lipas. Kaalaman na kung ano ang sinabi ng Diyos, ay kayang ganapin ng Diyos.

<sup>162</sup> Si Abraham ay sinampalatayan iyan. At nang siya ay isandaang taong gulang na, siya ay hindi nanghina sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya. Tingnan. . . [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] Tingnan kung gaano katawatawa ang itsura ng Salitang iyan. Narito ang isang lalaki, isan-daang taong gulang, umaasa para sa isang sanggol na maisisilang sa kaniyang tahanan, ng isang babaeng siyamnapung taong gulang na. Kita n'yo? Halos limampung taon ng lipas sa panganganak, namuhay na kasama siya mula nang siya ay isang—isang kabataang babae pa, o dalaga. At narito siya, ang daluyan ng kaniyang buhay ay patay na. At ang sinapupunan ni Sarah ay patay na. At ang lahat ng mga pag-asa ay wala na, kung patungkol sa mga pag-asa. Subali't, gayon pa man, taliwas sa pag-asa, siya ay nanampalataya sa pag-asa, sapagka't siya ay mayroong kaalaman na ang Diyos ay kayang tuparin ang lahat ng bagay na Kaniyang ipinangako.

<sup>163</sup> Ngayon, kapag taglay ninyo ito na tulad niyan, kung gayon idagdag iyan sa inyong pananampalataya. Kapag mayroon kayong tunay na kagalingan, idagdag ito sa inyong pananampalataya. Kapag kayo ay makakalakad dito sa kalsada, mamuhay na tulad ng isang Cristiano, kumilos na tulad ng isang Cristiano, maging isang Cristiano, idagdag iyan sa inyong pananampalataya. Kapag mayroon kayong kaalaman. . .

<sup>164</sup> Sasabihin ninyo, “Buweno, hindi ko alam ngayon kung *ito* ngang Kasulatang ito ay ang talagang tama. Ngayon narito ang Mga Gawa 2:38, hindi ko alam kung papaano ibabalik iyan doon 28:19. Hindi ko alam.” Maigi. Hindi ninyo—huwag ninyong idadagdag ang anoman, pagkat wala pa kayo nito. Kita n'yo? Anong gagawin ninyo? Sapagka't, wala kayong sapat na kaalaman upang makilala ang Diyos, pa, na ang Biblia ay hindi sinasalungat ang Sarili nito. Pabayaan ito. Huwag ng magsabi ng anoman tungkol dito. Kita n'yo? Pabayaan ito.

<sup>165</sup> Ngunit kapag inyong makikita na ang Kasulatan ay hindi salungat, na inyong masasabi iyan; at makikita, na, sa kapahayagan ng Diyos, ang buong Salita ay nasulat sa mga hiwaga, at tanging ang kaalaman ng Diyos ang makapagpapahayag Nito; pagkatapos kapag inyong nakamtan at sasabihin, bibigyang—diin ang bawat Salita ng Diyos ng “amen,” kung gayon idagdag iyan sa inyong pananampalataya.

<sup>166</sup> Oh, kayo'y nagiging isang mabuting tao ngayon. Kita n'yo? Kayo'y tumataas, kita n'yo. Sa ano? Sa pananampalataya,



pagkatapos ng kagalingan, pagkatapos kaalaman. Kita n'yo kung papaano nito itinatayo ang taong ito? Makikita ninyo na walang—walang paraan na matakasan ito. Ito ang paraan upang maging nasa lubos na sukat ni Cristo. Oo, ginoo.

<sup>167</sup> Upang humatol, humatol ng tama. Hatulan kung ito nga ay tama o mali, na sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Hatulan kung ito nga ay tama o mali, kung aking paglilingkuran ang isang kredo o paglilingkuran ang Diyos. Hatulan kung ito nga ay tama o mali, ako ay dapat na maipanganak na muli o umanib sa isang iglesya. Kung gayon kayo ay nagsisimulang. Humatol ng tama, kapag ang mangangaral ay sinasabing, “Ang mga kaarawan ng mga himala ay lipas na.” Sabi ng Biblia, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ngayon sino ang inyong paniniwalaan?

<sup>168</sup> Kapag inyong sasabihing, “Tatanggapin ko ang Diyos.” Ngayon, hindi ninyo sasabihin iyan upang sabihin lamang, “Buweno, aking—aking tatanggapin ito,” mula lamang sa inyong puso. Subalit, may bagay na nasa inyo, ang inyong pananampalataya ay itinutulak doon. Hayun na kayo. Ang inyong pananampalataya ay sinabi, “nalalaman ko na Siya ay gayon din. Amen. Nasaksihan ko na Siya ay gayon din. Walang ano mang bagay na makapag-aalis nito mula sa akin. Nalalaman ko na Siya’y tunay.” Amen. Kung gayon idagdag iyan sa inyong pananampalataya. Ipatong ito sa ibabaw ng saligan. Tumataas na ngayon, tumataas mismo patungo sa Kaharian. Mapadako sa isang lugar ngayon. Mabuti.

<sup>169</sup> Ngayon, susunod na bagay, ang mangangaral ay sasabihin sa inyo, at maraming mga tao ay sasabihin, “Ang . . . Ang mga bagay na ito na inyong nababasa sa Biblia, sila ay para sa ibang araw. Ngayon, sasabihin ko sa inyo kung bakit. Sapagka’t, hindi na natin kailangan ang mga bagay na iyon ngayon. Hindi na natin kailangan ito. Kita n’yo? Hindi na natin kailangan. Hindi natin dapat na sanayin ang mga bagay na iyon, Banal na pagpapagaling. Hindi natin sinasanay ang pagsasalita sa ibang wika, sa simbahan, upang—upang panatilihiing maayos ang ating iglesya. At hindi natin ginagawa *ito*.”

<sup>170</sup> Tayo’y tutungo diyan. Mayroon akong Kasulatan na naisulat dito tungkol diyan, kita n’yo, kung atin ngang dapat gawin pa rin ito o hindi na, ngayon.

<sup>171</sup> Ngunit sabi ninyo, “Hindi ko alam. Hindi natin dapat na gawin ngayon. Ang tanging bagay na inaakala kong dapat nating gawin, dapat nating matutunang magsalita ng maayos sa harapan ng karamihan. Tayo ay dapat na tumungo at hayaan ang isang saykayatris na suriin ang ating kaisipan, upang iharap ang ating sarili, kung ang ating IQ ay lubos na mataas upang gawin ito, at—at iba pa tulad niyan. Palagay ko . . . At hawak

natin ang pinakamalaking kongregasyon. Ating itatayo ang ating organisasyon.”

<sup>172</sup> Hindi tayo nagtatayo ng isang organisasyon. Ako’y hindi narito sa umagang ito upang magtayo ng isang oraganisasyon. Si Cristo ay hindi ako isinugo upang magtayo ng organisasyon. Isinugo ako ni Cristo upang itayo ang bawat isa sa sukat ni Jesus Cristo, upang sila ay maging ang makapangyarihang-tahanan at ang dakong tahanan ng Espiritu, sa Kaniyang Salita. Sa Kaniyang Salita, kita n’yo, itayo ang bawat isa sa dakong iyan. Hindi magtayo ng isang organisasyon upang maging mas-malaking denominasyon, kundi itayo ang bawat isa upang maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Iyan ang layunin. Kita n’yo? Idagdag sa inyong pananampalataya, kagalangin; sa inyong kagalingan, idagdag ang kaalaman. Buweno, ngayon kayo’y tumutungo sa isang dako.

<sup>173</sup> Ngayon kapag sila ay nagsimula na magsabi, “Buweno, hindi natin dapat na tanggapin iyan ngayon.” Dapat ninyong tanggapin. Ito ay dapat.

<sup>174</sup> Ang mga Kasulatan ay hindi maaaring magsinungaling. “At sila ay hindi sa sariling kapaliwanagan,” sabi ng Biblia. Sampalatayanan lamang ninyo Ito sa paraan na Ito’y nasusulat Doon. Kita n’yo? Dapat kayong magkaroon ng mga bagay na ito. At ang tanging paraan na inyong magagawang makamtan sila, ay magkaroon ng maka-Langit na kaalaman. At ang maka-Langit na kaalaman ay patutunayan ang Salita. Kita n’yo?

<sup>175</sup> Dapat ninyong sampalatayanan, hindi kunwang-sinasampalatayanan ito. Wala sa mga ito ay kunwang-sampalatayanan, kita n’yo, kung inyong susubuking sabihin, “mayroon ako rito.” Huwag maging isang itim na ibon na naglalagay ng balahibo ng paboreal sa inyong sarili, kita n’yo, ’pagkat sila’y mangalalaglag. Sila’y hindi likas na tumubo roon. Sila’y mga idinikit lamang.

<sup>176</sup> Naisip ko kung saan sinabi ni David doon, sa Mga Awit 1, “Siya ay magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig.” Alam ninyo, mayroong pagkakaiba mula sa pagiging itinanim at sa pagiging inilagay, itinusok. Tulad ng matandang puno ng oak, ito’y naitanim, na lumalalim at nagkakaroon ng isang magandang kapit. Munting matandang tungkod ay nakatusok doon, hindi ninyo alam kung anong mangyayari dito. Walang mga ugat. Ito ay walang saligan. Kita n’yo?

<sup>177</sup> Iyan ay tulad ng ilang mga tao na nanggagaling mula sa isang seminaryo o isang bagay, kita n’yo. Hindi na kailangang...” Buweno, si Doktor *Ganito-at-ganito* ay itinalaga ako sa ministryo.” Walang ano mang halaga maging ano man iyan.

<sup>178</sup> Ipinanganak kayo ni Cristo roon, kita n’yo, kita n’yo, sa inyong pananampalataya. Kita n’yo? Kayo’y nabago at

ipinanganak doon at pagkatapos na kayo'y maipanganak rito, ito ang mga bagay na Kaniyang inaasahan na inyong idaragdag. Patuloy lamang na idinaragdag sila. Ngayon tayo'y patungo roon sa hanay.

<sup>179</sup> Ngayon mayroong isa pang bagay sa kaalamang ito, maaaring mangusap sa, banal na kaalaman. Kita n'yo? "Ang Biblia sa araw na ito ay nawala ang kahulugan Nito?" Kita n'yo, sila, maraming mga tao ay sinasabi sa inyo iyan, na ang Biblia ay hindi eksaktong nangangahulugang ganiyan. Kung ang Diyos ay nag-iingat sa akin, at sinasaway ako sa aking kasalanan, at kung ako ay anak ng Diyos, ay ginagawa niya iyan. Ginagawa Niya ang ganiyang paraan, mga anak na lalake at [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] mga anak na babae. Kapag kayo ay gumawa ng ano mang bagay na mali, sasawayin Niya kayo. Pagkatapos kung ang Diyos ay lubos na umaalala tungkol sa inyo, na Siya ay nag-iingat sa inyo at sinasaway kayo, gaano pa kaya Niya ginagawa sa Kaniyang Salita, na siya ninyong halimbawa, na siyang Kaniyang sarili!

*Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa  
Diyos, at ang Salita ay Diyos.*

*At . . . nagkatawang tao, at nanahan sa gitna natin, . . .*

<sup>180</sup> Ang Salita ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo, gayon ang sabi ng Biblia, si Cristo ay nahayag sa Kaniyang Salita. At kung Siya ay nag-iingat sa inyo nang inyong salangangin ang mga kautusang ito, hinahatulan Niya kayo dito, gaano pa kaya na Kaniyang iniingatan ang Kaniyang kautusan na humahatol sa inyo! Amen.

<sup>181</sup> [Si Kapatid na Branham ay ipinalakpak ang kaniyang mga kamay minsan—Pat.] Patuloy, naku, huwag sabihin sa akin ang bagay na iyan!

<sup>182</sup> Ako ay naniniwala sa tunay na kaalaman ng Espiritu Santo. Ang kaalaman ng Espiritu Santo ay laging bibigyang-diin ang Salita ng "amen." Kapag kayo ay mayroon ng mga bagay na ito na para bang salungat sa kanilang sarili, sa Biblia, kayo ay uupo at pag-aaralan ito, at lubos na mananalangin tulad niyan. At ang unang bagay alam n'yo, ang Espiritu Santo ay magsisimulang kumilos. Pagkalipas ng sandali makikita ninyo na ito ay magdurugtong, at doon naunawaan ninyo. Kita n'yo? Iyan ay kaalaman.

<sup>183</sup> Ang ilan sa kanila ay sinasabi, "Buweno, ngayon, ang Biblia ay sinabi na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man."

<sup>184</sup> At ang iglesia ay sinasabing, "Sa isang banda, Siya ay gayon din." Huh-uh! Huh-uh! Inyong sinira ang puwang, doon mismo. Kita n'yo? Oo, ginoo. Hindi, ginoo. Siya ay gayon din. Oo, ginoo.

<sup>185</sup> “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.” Walang pagkakaiba sa Kaniya, kahit ano. Siya ay nabubuhay sa Kaniyang Iglesya, ginagawa ang gayon ding bagay. “Kaunti pang panahon,” gaya ng pagkakabanggit ko kanina, “kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanglibutan, ngunit inyong makikita Ako. Sapagkat,” sabi Niya, “Ako’y makakasama ninyo, at sasainyo, hanggang sa wakas ng sanglibutan.” Muli, sabi Niya, “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Muli, sabi Niya, “Ako ang Puno. Kayo ang mga sanga.” At ang sanga ay mabubuhay lamang sa Buhay ng Puno. Maging ano man ang nasa Puno ay lumalabas sa pamamagitan ng sanga. Luwalhati! Kung gayon, “Si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.” Ito ay idinudulot ang Buhay ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

<sup>186</sup> Kaalaman, hindi makasanglibutan (ito ay nangangatwiran). Ano mang uri ng makasanglibutang kaalaman ay nangangatwiran. Kita n’yo? Ngunit ang pananampalataya ay walang pangangatwiran. Ang Diyos ay ipahahayag sa inyo ang isang *ganito-ganitong* bagay ay mangyayari, bawat siyentipiko sa sanglibutan ay masasabi sa inyo, “Ito’y salungat. Ito ay hindi maaaring mangyari.” Sinasampalatayan n’yo ito, pa rin. Kita n’yo? Oo, ginoo. Ito ay hindi nangangatuwiran. Sabi ng Biblia, “Ating ibaba ang pangangatwiran.” Kayo ay hindi mangangatwiran sa pananampalataya. Ang pananampalataya ay walang pangangatwiran. Ang pananampalataya ay nalalaman kung nasaan ito. Ang pananampalataya ay kumikilos. Ang pananampalataya ay nang hahawakan. Hindi ito makikilos. Walang ano mang bagay na makakilos nito. Wala akong pakialam maging ano man ang sinasabi *nito, niyan*, at *iba pa*. Ito ay hindi makikilos, kahit kaunti. Ito ay mananatili roon, maghihintay, maghihintay, maghihintay, maghihintay. Walang ano mang pagkakaiba. Ito ay mananatili roon mismo.

<sup>187</sup> Sinabi ng Diyos kay Noe ang mga bagay na ito ay magaganap. Sinampalatayanan niya ito. Kita n’yo? Sinabi ng Diyos kay Moises ang mga bagay na ito ay mangyayari. Sinampalatayanan niya ito. Sinabi ng Diyos sa mga alagad ang ganitong mga bagay ay magaganap, “Pumaroon doon sa Pentekostes at maghintay.” Sila ay nanatili roon mismo. Oo, ginoo. Mabuti.

<sup>188</sup> Ngayon, kaalaman, ngayon, hindi makasanglibutan na kaalaman, kundi ito’y Makalangit na kaalaman. At ang Makalangit na kaalaman, nang ang Diyos ay siyang bukal ng buong kaalaman, at ang Diyos ay ang Salita. Kung gayon, kung mayroon kayong Makalangit na kaalaman, sinasampalatayanan ninyo ang Salita, at inyong pangangatwiran ang ano mang bagay sa Salita.

<sup>189</sup> At ang kasong ito ng buwis na dinaanan ng iglesya, o aking dinaanan. Isa sa mga kalalakihan minsan, sa isang

maliit na paglilitis, sabi sa akin. Sabi, sabi ko...“Wala silang masumpungan na ano mang mali.” At kaya sila ay nagpasimulang...

<sup>190</sup> Sabi ko, “Buweno, kung gayon, kung walang ano mang bagay na mali, bakit hindi kayo umalis sa aking likuran?” Kita n’yo? Kita n’yo? At ako ay nagpatuloy, sinasabi sa kaniya ang tungkol sa ilang mga Kasulatan.

<sup>191</sup> Sabi niya, napakalaking lalake na may sigarilyo sa kaniyang kamay, sabi, “G. Branham, ako ay isang mag-aaral ng Biblia.”

Sabi ko, “Ako’y nagagalak na marinig iyan.”

<sup>192</sup> Sabi niya, “Ngayon gusto kong malaman kung ano ang pamahiin na ito, na iyong pinababayaran ang mga panyolitong ito na iyong ipinamimigay, ang munting pamahiing iyan ng pananalangin sa mga panyolito at ipinamimigay sila, sila na ‘mga pinahirang damit,’ na iyong tinatawag sila, ‘damit!’ Sabi niya, “Pagkatapos iyong pinababayaran ang mga iyon.”

Sabi ko, “Hindi, ginoo. Walang bayad doon.”

At ang sabi niya, “Buweno, sa pamahiing ito.”

<sup>193</sup> Sabi ko, “Tinatawag mo itong isang pamahiin, ginoo. Sabi mo sa akin kanina na ikaw ay isang mag-aaral ng Biblia.”

Sabi niya, “Ako nga.”

<sup>194</sup> Sabi ko, “Ulitin mo sa akin ang Mga Gawa 19:11.” Kaalaman! Kaniyang napatibong ang kaniyang sarili roon mismo, sinubok na ibahin ang paksa. Sabi ko, “Pagkatapos ulitin mo sa akin ang Juan 5:14.” Hindi magawa ito. Sabi ko, “Pagkatapos Santiago 5:14.” Hindi niya magawa ito. Sabi ko, “Alam mo ba ang Juan 3:16?” Kita n’yo? Kaalaman, matalino, sanglibutan! Ngunit nang...

<sup>195</sup> Sabi niya, “Ngunit G. Branham, iyong sinusubok na litisin ang kasong ito sa Biblia. Ating nililitis ito sa mga batas ng lupain.”

<sup>196</sup> Sabi ko, “Ginoo, hindi ba’t ang mga batas ng lupain ay nakasalalay sa Biblia? Kung gayon ito ay katuwiran.” Amen! Tiyak.

<sup>197</sup> Kaalaman; hindi makasanglibutan. Espirituwal na kaalaman sa Salita, na nalalaman kung ano ang sinabi ng Diyos, gawin kung ano ang sinabi ng Diyos, iya’y tama. Kung gayon kung mayroon kayo niyan at masasampalatayanan ang lahat ng mga bagay, na Siya’y siya rin sa lahat ng mga bagay na ito na sinasabi ng Salita ay totoo, inyong bibigyang-diin ang bawat isa ng isang “amen.” Ito ay mabuti. Idagdag iyan sa inyong pananampalataya. Iyan ay mabuti. Oo.

<sup>198</sup> Kung mayroong isa na magsusubok na sabihin sa inyo na, “Ang Biblia ay nawala nito ang kapangyarihan. Walang ganiyang bagay na gaya ng bautismo ng Espiritu Santo.” Huh-

uh. Huwag idagdag iyan. Hindi ito maaari. Ito'y mahuhulog. Tulad ng paglalagay ng putik sa isang bato, hindi ito makapapanatili. Ito ay guguho.

<sup>199</sup> Pagkatapos ang mga tao ay sasabihin sa inyo, “Ang Biblia ay hindi mapagkakatiwalaan ngayon. Kayo ay maging maingat ngayon. Huwag magpapaniwala diyan. Ito ay hindi maaaring totoo.” Narinig na ninyo iyan palagi. Munting kasabihan, “Hindi mo mapagkakatiwalaan ang Biblia.” Buweno, kung—kung mayroong kayo niyan sa inyong isipan, huwag ninyong—huwag subukang idagdag ito, 'pagkat ito ay hindi maaari. Ang buong gusali ay babagsak doon mismo.

<sup>200</sup> Siya'y dapat na masemento ng Espiritu Santo. Ibig kong sabihin maidikit na magkasama, ang semento na magse-selyo nito. At ang gayon ding bagay na magse-selyo nito. . . Alam n'yo ang paraan. . .

<sup>201</sup> Ang gomang bulkanisado sa tuwina ay mas tumatagal kaysa sa isang lumang tagpi na idinikit. Ang kaunting init ay pumasa isang lumang tagpi sa isang gulong, ang unang bagay alam n'yo, kapag uminit ng kaunti ang gulong na iyan, tumakbo ng medyo mabilis, at ito'y malulusawnito. Oo, ginoo. Kita n'yo?

<sup>202</sup> At iyan ang nangyayari sa maraming mga tao ngayon. Sinisikap nilang idikit ang kanilang kaalaman sa isang maka-sanglibutang kaalaman, na may kaunting lumang makalupang pandikit, at, kapag ang mga pagsubok ay dumating, “Buweno, siguro ay mali ako.” Kita n'yo? At ang hangin ay sisingaw, kayo'y umimpis sa ilang sandali. Lahat ng inyong pagsigaw at paglundag ng taas-at-baba ay walang magawang anomang mabuti sa inyo. Ang mga tao ay makikita kayong bumalik sa dating lusak muli. Kita n'yo? Iya'y tama.

<sup>203</sup> Subalit kung kayo ay manatili roon na may sapat na init ng Espiritu Santo, hanggang gawin kayo at ng goma na isa. Iyan nga. Kayo at ang goma ay naging isa. Kapag kayo'y nanatili roon hanggang sa kayo at ang bawat pangako ng Diyos ay naging isa, kung gayon idagdag iyan sa inyong pananampalataya. Kung wala kayo, huwag idagdag ito kahit kailan.

Sasabihin ninyo, “Ang Salita ay hindi mapagkakatiwalaan.” Huwag subukang idagdag iyan.

<sup>204</sup> Sasabihin ninyo, “Ang mga pangako dito, ng bautismo ng Espiritu Santo, ay para lamang sa labingdalawang apostol,” tulad ng sinasabi ng ilang mga iglesya ngayon, huwag subukang idagdag iyan. Diyan kung saan nakasalalay ang kanilang saligan, lahat ay gumuho. Kita n'yo? Tulad ni Uzzah noon, kagabi, nang makita niya ang saligan ng taong ito na kaniyang pinagkatiwalaan, lahat ay gumuho, pinalo na may ketong, ito ay hindi mabuti. Ngayon, “Para lamang sa labindalawang apostol, sa mga labindalawang apostol lamang.”

205 Ako ay naroon kina Kapatid na Wright . . . palagay ko sila'y naroon sa may dakong likuran. Isang gabi, mayroong isang ministro roon, ako ay nangungusap, apat o limang mangangaral sama-sama. Ang mangangaral na ito ay tumayo at sabi, "Ngayon, nais kong sabihin sa inyo minamahal na mga tao ang isang bagay. Oh, palagay ko kayo'y mainam na mga tao."

206 Sabi ko, sabi ko sa isa, sabi ko, "Iyong—iyong isa na nauupo roon mismo. Masdan."

207 Kaya, si Junior Jackson, sa bandang likuran, ay katatapos lamang na mangusap. At ang sabi niya . . . nangangaral tungkol sa biyaya ng Diyos. Oh, naku!

208 Siya ay nag-aalab, naghihintay. Pumunta siya roon at siya ay nagsisikap na unawain. "Ngayon, nais kong sabihin na si G. Branham rito, sasabihin ko sa inyo, ay isang anticristo." At siya ay nagsimula ng ganoon, buong gabi.

209 Ang ilan sa mga mangangaral ay nagsimulang . . . sabi ko, "Sandali lamang. Ngayon, huwag magsabi ng anomang mga kapatid. Nag-iisa lamang siya at napakarami natin." Sabi ko, "Pabayaang n'yo lamang siya ngayon. Ako ang kaniyang binanggit." Gusto ko ito, sa sarili ko, ng labis, hindi ko alam kung ano ang gagawin. Kita n'yo?

210 Kaya, sabi niya, "Si G. Branham ay isang anticristo," at siya ay nagpatuloy sinasabi ang lahat ng bagay alam n'yo, tungkol dito. Sabi niya, "sabi niya roon, 'Ang bautismo ng Espiritu Santo.'" Sabi, "Ang Biblia ay nagsabi na mayroon lamang labindalawa na tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo." Sabi, "Ang Biblia ay nagsabi na mayroon lamang labindalawa na tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo." Nangungusap tungkol sa Banal na pagpapagaling, "Ang labindalawang apostol lamang ang mayroong Banal na pagpapagaling." Sabi niya, "Tayo ay mangungusap kung saan ang Biblia ay nangungusap, at manahimik kung saan ang Biblia ay tahimik." Ako ay naghintay hanggang sa siya ay nagdadaldal ng mga kalahating oras.

211 Sabi ko, "Sandali lamang. Marami akong naisulat rito," sabi ko, "bigyan mo ako ng pagkakataon upang sagutin ang ilan." At nang ako ay tumayo, sabi ko, "Ang ginoo, sabi niya na siya'y nangusap kung saan ang Biblia ay nangusap, ginawa ng kaniyang iglesya, 'at tahimik kung saan Ito ay tahimik.' Kayong lahat ay mga saksi. 'Oo.'" Sabi ko, "Ngayon, sabi niya 'Mayroon lamang labindalawa na tumanggap ng Espiritu Santo.' Sinabi ng aking Biblia na mayroong isangdaan at dalawampu, ang unang pukol." Amen! Ihagis ang ganyang uri ng kaalaman, kita n'yo, na kaniyang sinusubok.

212 Sabi ko, "Pagkatapos palagay ko si Pablo ay hindi natanggap ang Espiritu Santo nang kaniyang sabihin na natanggap niya." Kita n'yo?

213 Sabi ko, “Doon sa...Nang si Felipe ay pumaroon at nangaral sa mga Samaritano. Sila ay nangabautismuhan sa Pangalan ni Jesus. Lamang, ang Espiritu Santo ay hindi pa bumaba sa kanila. At sila’y nagsugo at isinama sina Pedro at Juan, pumaroon at pinatungan sila ng mga kamay, at ang Espiritu Santo ay dumating sa kanila. Palagay ko iyan lamang ang labindalawa?”

214 Sabi ko, “Sa Mga Gawa 10:49, nang si Pedro ay nasa itaas ng bahay, at nakakita ng pangitain na sila’y pumupunta kina Cornelio! Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng Salita.” Sabi ko, “Ang Biblia ay nangungusap pa rin. Nasaan ang inyong iglesya?” Ito’y nasa likod ng baka-ganoon. Iya’y tama. Kita n’yo?

215 Sabi ko, “Banal na pagpapagaling, sabi mo, ‘Tanging ang labindalawang apostol lamang ang mayroong Banal na pagpapagaling.’ Sinabi ng Biblia na si Esteban ay pumaroon sa Samaria at nagpalayas ng mga demonyo at nagpagaling ng sakit, at mayroong labis na kagalakan doon sa siyudad. At siya ay hindi isa sa labindalawa. Siya ay hindi isang apostol. Siya ay isang diyakono.” Amen. Amen.

216 Sabi ko, “At si Pablo ay hindi isa sa labindalawa na nasa silid na mataas, at siya ay mayroong kaloob ng pagpapagaling.”

217 Sabi ko, “Tumingin lamang sa mga kaloob ng pagpapagaling! At lumingon doon sa, tatlumpung taon pagkatapos, siya ay naroroon pa rin sa mga taga Corinto, itinatalaga ang kaloob ng pagpapagaling sa Katawan ni Cristo.” Oh, naku!

218 Ngayon, ang uri ng kaalaman na iyan na iyong natutunan mula sa isang aklat, mas mabuti pang itapon mo iyan sa basurahan. Pumarito ka sa kaalamang ito. Kapag sinabi ng Diyos, “Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” sabihing, “Amen.” Oo, ginoo. Oo, ginoo. Hindi lamang sa labindalawa; ito’y para sa lahat. Kapag nagkaroon kayo ng ganingal uri ng isang—isang pananampalataya, kapag ang inyong pananampalataya ay binibigyang-diin ito, bawat isa, ng isang “amen,” kung gayon sasabihin ninyo, “Mabuti,” idagdag iyan dito.

219 Ikaapat. Tayo’y magmamadali, sapagka’t ako’y sadyang... Sadyang napaka-inam na tumayo rito at mangusap tungkol dito. Amen. [Isang kapatid ay nagsasabing, “Kami’y nasisiyahan.”—Pat.] Siyanga. Ikaapat... Salamat sa inyo.

220 Idagdag ang “pagpipigil.” Oh, naku! Tayo’y dumating sa pagpipigil. Ngayon, mayroon kayong pananampalataya, una; dapat na magkaroon niyan, upang magpasimula. Pagkatapos idagdag ninyo ang kagalingan sa inyong pananampalataya, kung ito’y ang tamang uri ng kagalingan. Pagkatapos idagdag ninyo



ang kaalaman, kung ito’y ang tamang uri ng kaalaman. Ngayon inyong idaragdag ang pagpipigil.

221 Ang pagpipigil ay hindi nangangahulugang, “paghinto sa pag-inom ng alkohol,” dito, man. Hindi, hindi. Ang pagpipigil ay hindi nangangahulugang gamot sa pagiging gumon sa alkohol, hindi sa kasong ito. Ito ay pagpipigil na mula sa Biblia, pagpipigil na mula sa Espiritu Santo. Iya’y isa lamang sa masamang pita ng laman, subali’t tayo’y nangungusap tungkol sa pagpipigil na mula sa Espiritu Santo. Iyan ay nangangahulugang, kung papaano pigilan ang inyong dila, hindi maging isang madaldal; kung papaano pigilin ang inyong galit, hindi mag-init sa tuwing may sino mang nangungusap ng laban sa inyo. Oh, naku!

222 Naku, marami sa atin ang mahuhulog bago pa tayo makapagsimula, hindi ba sila? Kita n’yo? Pagkatapos tayo ay nagtataka kung bakit ang Diyos ay wala sa Kaniyang Iglesya, gumagawa ng mga himala at mga bagay na dati nilang ginagawa. Oo, ginoo. Kita n’yo?

223 Idagdag ang mga bagay na ito. Idagdag ang pagpipigil dito. Oh, pagpipigil, kung papaano ang sumagot na may kabutihangloob kapag ang galit ay nabigkas sa inyo. Ang isa ay sasabihin, “Kayong lupon ng mga holy-rollers doon!” Huwag lulundag at ililis ang inyong mga manggas ngayon. Kita n’yo? Hindi iyan. Kundi makipag-usap na may pag-ibig na banal, pagpipigil, kabutihang-loob. Iyan ba ang paraan na nais ninyong mangyari sa inyo? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Kapag kayo’y ginulo, huwag gumanti ng gulo. Hayaang Siya ang inyong maging halimbawa.

224 Kapag kanilang sinabi, “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawing tinapay ang mga batong ito,” maaari Niyang ginawa iyon, at ipakita na Siya ay Diyos. Subalit Siya ay may pagpipigil. Nang tawagin nila Siyang, “Beelzebub,” sabi Niya, “Patatawarin Ko kayo diyan.” Iya’y tama? Hinila nila ang isang dakot na balbas mula sa Kaniyang mukha, at dinuraan sa Kaniyang mukha, at ang sabi, “Bumaba Ka diyan sa krus!”

225 Sabi niya, “Ama, patawarin Mo sila. Ni hindi nila nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa.

226 Nang, Siya ay mayroong kaloob, nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay, sapagka’t sa Kaniya ay ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos ayon sa laman. Nakita nila Siyang gumawa ng mga himala, sa pagsasabi sa mga tao kung ano ang mali sa kanila, at iba pang tulad niyan. Naglagay sila ng basahan paikot sa Kaniyang ulo tulad niyan, paikot sa Kaniyang mga mata, at paluin Siya sa ulo ng isang patpat, at ang sabi, “Manghula Ka, sabihin Mo sa amin kung sino ang pumalo sa Iyo. Paniniwalaan Ka namin.” Kita n’yo? Mayroon Siyang pagpipigil.

<sup>227</sup> Ngayon, kung mayroon kayo nito tulad niyan, idagdag ito sa inyong pananampalataya. Kung kayo ay mag-init pa at magdadaldal, at makipagtalos, at mabahala, at magpatuloy, huh-uh, kayo ay walang...Hindi ninyo mairaragdag iyan, 'pagkat hindi ito mairaragdag. Kita n'yo? Hindi ito mairatanggi. Hindi kayo pupuwedeng kumuha ng isang piraso ng goma, alam n'yo, at itagpi ito sa isang pirasong bakal. Ito ay sadyang hindi maaari. Hindi, ito'y dapat na maging nababaluktot, tulad lamang ng goma. Kita n'yo? At kapag ang inyong pananampalataya at ang inyong pagpipigil ay naging kauri ng pagpipigil na mula sa Espiritu Santo na mayroon Siya, kung gayon ito ay mairatagpi sa Kaniya. Kayo'y naidagdag dito.

Kapag ang inyong kagalingan ay tulad ng Kaniyang kagalingan, kung gayon ito'y mairaragdag dito.

<sup>228</sup> Kapag ang inyong kaalaman ay tulad ng Kaniyang kaalaman, "Ako'y pumarito upang gawin ang Iyong kalooban, Oh Diyos." Kita n'yo? Sa Salita ng Ama, Kaniyang dinaig ang bawat diablo. Ang Langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Salita ay hindi. Kita n'yo? Kapag kayo ay mayroong ganiyang uri ng kaalaman, ito'y mairatagpi sa inyong pananampalataya.

<sup>229</sup> Kapag kayo ay mayroon ng tamang uri ng pagpipigil, tulad ng nasa Kaniya, ito'y mairatagpi. Kung kayo'y wala, isa lamang gawa-ng-tao nangangalahati, nababad na paniniwala, o pagpipigil, "Oh, dapat na sampalin ko siya, pero-pero siguro ay mabuting hindi ko gawin, 'pagkat baka ilagay nila ang aking pangalan sa pahayagan tungkol dito." Hindi iyan ang uri ng pagpipigil na Kaniyang tinutukoy. Huwag subukang idagdag iyan. Iyan ay hindi maaari. Ngunit kapag tunay ninyong magagawa, na may katamisan na mula sa inyong puso, patatawarin ang bawat tao, panatilihin ang inyong kapayapaan, hayaang lumipas ito, kita n'yo, kung gayon ito'y mairatagpi. Mairaragdag ninyo iyan sa inyong pananampalataya. Whew!

<sup>230</sup> Hindi nakapagtataka na ang iglesya ay talagang kapos. Hindi ba iyan ay tama? Hindi nakapagtataka. Sasabihin ko, "Magsisi at magpabautismo, sinabi ng Biblia, sa Pangalan ni Jesus Cristo." At ang isang mahigpit na Trinitarian ay hindi naniniwala diyan, sasabihing, "Ang matandang anticristo. Siya'y isang Jesus Name. Siya'y isang Jesus Only." Tumingin, naku, hindi ko alam ang tungkol sa iyong pagpipigil ngayon mismo. Kita n'yo? Bakit hindi kayo lumapit, sabihin, "Pag-usapan natin ito, Kapatid na Branham. Gusto kong mapakinggan Ito na maipaliwanag"? Kita n'yo? Kung gayon pumarito at makinig Dito. At pagkatapos Ito'y mailalagay sa inyong harapan, at pagkatapos kayo ay lalayo; tayo'y—tayo'y tutungo diyan maya-maya lamang, sa "kabanalan," kita n'yo. Ngunit kapag kayo—kapag kayo ay nag-init, gustong lumundag sa bawat konklusyon, huh-uh, iya'y—iya'y hindi. Kita n'yo? Kayo ay wala pang pagpipigil na mula sa Biblia kapag ginawa ninyo

iyang; kung papaano sumagot pabalik. Pagkatapos kung kayo ay mayroon ng lahat nito, mairaragdag ninyo ito sa inyong pananampalataya.

<sup>231</sup> Kung gayon, pagkatapos niyan, ikaapat, nais ninyong idagdag ang pagtitiis sa inyong pananampalataya. Kung mayroon kayong pananampalataya, “ito ay gumagawa ng pagtitiis,” sabi ng Biblia. Kita n’yo? Kaya, *ito* ay pagtitiis. Ngayon, iyan ang susunod na bagay na magtatayo ng sukat na ito. Alam ninyo, ang Diyos ay mayroong tunay na kagamitan sa Kaniyang Gusali.

<sup>232</sup> Nakita n’yo kung gaano tayo ka-kapos, kapatid na lalake, kapatid na babae? Kita n’yo? Nakita n’yo kung bakit, kung nasaaan tayo? Oo, ginoo. Kita n’yo? Mayroon tayong kaluwalhatian, mayroong mga pagsigaw at mga bagay-bagay, sapagka’t mayroon tayong pananampalataya. Ngunit kapag tayo ay humantong sa mga bagay na ito *rito*, ang Diyos ay hindi tayo maitatayo roon sa sukat na iyan. Kita n’yo? Hindi Niya magawa. Hindi Niya tayo magawa sa gayong uri ng dako. Mayroon tayo ng lahat ng ibang mga bagay na ito. Tayo ay nahulog, nadulas na kasama nito. Kita n’yo? Hindi Niya maitayo ang Kaniyang Iglesya.

<sup>233</sup> Pagtitiis sa ano? Anong uri ng pagtitiis? Unang bagay, siya’y mayroong pagtitiis sa Diyos. Kung kayo’y mayroong tunay, totoong pananampalataya, kayo’y magkakaroon ng tunay at totoong pagtitiis, sapagka’t ang pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. Kapag ang Diyos ay sinabi ang ano mang bagay, sasampalatayanan ninyo ito. Iyan lamang. Mayroon kayong pagtitiis.

<sup>234</sup> Sabihin, “Buveno, hiniling ko sa Kaniya kagabi na pagalingin ako, at ako’y kasing may sakit sa umagang ito.” Oh, naku! Anong pagtitiis?

<sup>235</sup> Sinabi ng Diyos kay Abraham, at pagkalipas ng dalawampu’t limang taon wala ni isa mang palatandaan. Siya ay nananampalataya pa rin. Siya ay may pagtitiis sa Diyos. Uh-huh.

<sup>236</sup> Lagi Siyang ilagay sa inyong unahan. Hayaang Siya ang maging susunod na tawirang bagay. Hindi ninyo maaaring salungatin, kaya panatilihin Siyang nasa inyong unahan. “Sinabi Niya ang gayon, at ito’y mangyayari.” Kita n’yo? Panatilihin Siya sa inyong unahan. Iya’y tama.

<sup>237</sup> Si Noe ay may pagtitiis. Siyanga. Si Noe ay mayroong tunay, banal na pagtitiis. Sabi ng Diyos, “Aking pupuksain ang sanglibutang ito ng ulan,” at si Noe ay nangaral ng isandaan at dalawampung taon, pa rin. Napakahabang pagtitiis. Wala ni hamog ang bumagsak mula sa Langit. Wala ano mang bagay. Kasing maalikabok na tulad lamang noon, sa loob ng isandaan at dalawampung taon, ngunit siya ay matiisin.

Pagkatapos, ang Diyos ay susubukin ang inyong pananampalataya. Iya'y tama. Ang Diyos ay sinusubok sila.

<sup>238</sup> Pagkatapos na sinabi Niya kay Noe, ngayon sabi Niya, “Noe, nais Ko na ikaw ay magpatuloy at pumasok sa daong. Aking itataboy ang mga hayop papasok doon, at aking—aking nais na pumasok ka. Umakyat sa hagdanan, ngayon, upang ikaw ay makadungaw, sa itaas ng bintana. Ngayon, nais Ko na ikaw ay pumasok doon. Nais Ko na sabihin mo sa mga taong ito, ‘Bukas, kung ano ang ipinapangaral sa loob ng isandaan at dalawampung taon, ay mangyayari.’ Mabuti, ikaw ay bumabaron at sabihin sa kanila.”

<sup>239</sup> Ano ang unang palatandaan? Si Noe ay pumasok sa daong. Walang ulan. Si Noe ay naghanda, at isinuot ang kapote, at lahat ng bagay, upang siya ay makadungaw, paminsan-minsan. Naghanda. Subali't ng sumunod na araw . . .

<sup>240</sup> Naniniwala ako na maaaring sinabi niya sa kaniyang pamilya, at sa kaniyang mga manugang na babae at lahat sila, sabi, “Oh, naku! Bukas ay makikita ninyo ang bagay na hindi pa ninyo nakita. Sapagkat, sa buong sangkalangitan, sila'y magiging maitim. At ang kulog at kidlat ay mangyayari. Ang malaking tabak ng Diyos ay hihiwa sa buong kalangitan. Kaniyang hahatulan ang lupon ng mga makasalanang ito na tumanggi sa atin, sa loob ng isandaan at dalawampung taon. Masdan lamang ninyo at tingnan.” Kita n'yo?

<sup>241</sup> Ilan sa mga kalahating mananampalataya, alam ninyo, na umaali-aligid at ayaw pumasok, alam ninyo. Inyong—inyong kasama pa rin sila, alam n'yo. Kaya sila—sila ay lumapit, sabi, “Buweno, ang matandang lalake ay maaaring tama, kaya tayo'y aakyat at maghihintay ng mga ilang araw, o maghintay ng mga ilang oras sa umaga, at tingnan.”

<sup>242</sup> Sumunod na araw, sa halip na maitim na ulap, narito ang araw sumisikat tulad lamang ng nakagawian nito. Si Noe ay dumungaw. Sabi, “Hoy, walang ano mang ulap.”

<sup>243</sup> Ang lalaking iyan ay lumapit, sabi, “Ah, alam kong isa ka sa kanila. Kita n'yo, kayo'y paligid-ligid dito.”

<sup>244</sup> “Buweno, pagpaumanhinan ako, ginoo. Ha—ha. Siguro ako—ako—ako lamang, alam ninyo, nagpakitang interes lamang, alam ninyo. Parang, kita n'yo. Ha-ha-ha.”

<sup>245</sup> Ngunit, si Noe, ay mayroong pagtitiis. Sabi, “Kung hindi darating ngayon, ito'y darating bukas.” Bakit? Gayon ang sabi ng Dios.

“Kailan Niya sinabi iyan sa iyo, Noe?”

<sup>246</sup> “Isandaan at dalawampung taon na ang nakakaraan. Ito'y humantong na ng ganito kalayo, kaya ako'y maghihintay lamang dito ngayon.” Kita n'yo iyan? Pagkalipas ng sandali . . .

247 Nasumpungan natin, ang Diyos ay humantong na ng ganito katagal, naghihintay sa Iglesia, din, ngunit Ito'y darating doon. Huwag kayong mag-alala. Ipinangako Niya Ito.

248 Naghintay hanggang sa panahong ito para sa isang pagkabuhay na muli. Magkakaroon ng isa. Huwag mag-alala. Ipinangako ng Diyos ito. Hintayin lamang na may pagtitiis. Kayo ay makakatulog, iyan ay hindi. . . Maaaring kayo ay maidlip ng kaunti bago ito mangyari, ngunit kayo ay magigising sa panahong iyan. Ipinangako Niya ito, kita n'yo. Isang idlip, kita n'yo, ang tinatawag nating idlip ng kamatayan, alam n'yo. Ang tinatawag nating kamatayan, kaunting idlip lamang, o natutulog kay Cristo. Walang ano mang bagay na namamatay kay Cristo. Ang Buhay at Kamatayan ay hindi umiiral na magkasama. Kita n'yo? Tayo ay naiidlip lamang, isang idlip na ang ating mga kaibigan ay hindi tayo matatawag pabalik. Siya lamang ang Tanging makatatawag. "Siya'y tatawag, at ako'y tutugon sa Kaniya," Sabi ni Job. Si Job ay natutulog ngayon sa loob ng apat na libong taon. Huwag mag-alala. Siya'y—siya'y gigising. Huwag mag-alala. Siya'y naghihintay pa rin.

249 Si Noe ay naghintay. Ang ikaapat na araw ay lumipas. Walang ulan. Ito'y walang ano man. Ito'y mangyayari.

250 Naririnig ko si Gng. Noe na lumapit at sinasabi, "Tay, ikaw ba ay sigu- . . .?"

"Huwag kang mangusap ng ganyan."

251 Siya ay may pagtitiis, 'pagkat siya ay may pananampalataya. Oo, ginoo. Siya ay mayroong kagalingan. Siya ay mayroong kaalaman na ang Diyos ay tama. Siya ay mayroong pagpipigil. Hindi siya nagalit, sinasabi, "Buweno hindi ko alam kung ano ang lahat ng ito. Nawala ko lahat ng aking katanyagan doon." Hindi, hindi. "Ang mga tao ay wala ng malasakit sa akin. Ako'y lalabas doon at magpapasimula, panibago muli." Hindi, hindi. Siya ay mayroong pagtitiis. Ipinangako ito ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos, 'pagkat sinabi ng Diyos.

252 At nakikita ko ang kanyang anak na lumapit, sinasabi, "Tay, alam mo. . . "inihagod niya ang kaniyang kamay sa kaniyang mahaba't ubaning buhok, alam n'yo. At siya ay daan-daang taong gulang, alam n'yo, nauupo roon. Sabi, "alam ko na ika'y isang matandang patriyarka. Aking-mahal kita, tatay. Ngunit hindi kaya posible na ikaw ay medyo mali ng kaunti?"

"Oh, hindi. Hindi."

"Bakit?"

"Sinabi ng Diyos!"

253 "Buweno, tatay, ito ay anim na araw na tayong nanatili rito. Nauupo rito sa malaki't, luma, madilim at tuyong daong na nakalagay rito. At ito'y lubos na naalkitranan, sa loob at sa labas. At ating itinatayo ito sa loob ng mga taong ito.

At ikaw ay tumayo roon at nangaral, hanggang sa ikaw ay magkauban at mapanot. At narito ka dito sa itaas ngayon, nagsisikap na sabihin ang *ganito-at-ganitong* bagay. At ang mga tao ay nagtatawanan, at nambabato ng mga bulok na kamatis at mga bagay-bagay sa gilid nito. Tumingin doon kung ano ang ginagawa mo. Bakit, alam mo. . .”

“Magtiis, anak.”

“Tiyak ka ba?”

“Uulan!”

Ang kaniyang manugang-na-babae ay sinabi, “Ama, alam Mo. . .”

“Uulan!”

<sup>254</sup> “Subalit tayo’y narito sa lahat ng mga taong ito, naghihintay. Tayo ay matagal ng naghahanda. At sinabi Mo sa amin na uulan, isang linggo na ang nakalipas. At tayo’y nasa loob nito, at ang mga pintuan ay nakasara lahat, at narito tayo palakad-lakad rito, at ang araw ay sadyang nakakapaso tulad ng dati.”

“Ngunit uulan!”

“Paano mo alam?”

“Sinabi ng Diyos!”

<sup>255</sup> Ngayon mayroon tayo niyan ng ganyang paraan, idagdag ito. Ngunit kung kayo ay wala nito ng ganyang paraan, huwag-huwag subukang idagdag ito. Hindi ito maaari. Hindi ito maaari sa pagpapagaling. Hindi ito maaari sa iba pang bagay. Kita n’yo? Ito’y dapat na tumugma sa gayon ding gamit na pinagtagpian dito. Iya’y tama. Dapat na idagdag ito. Pagtitiis sa pangako ng Diyos. Oo, ginoo. Sinampalatayanan ito ni Noe. At siya ay mayroong pagtitiis sa Diyos, isandaan at dalawampung taon.

<sup>256</sup> Si Moises, siya ay mayroong pagtitiis sa Diyos. Oo, ginoo. “Moises, narinig ko ang sigaw ng Aking bayan. Nakita Ko ang kanilang kahirapan. Ako’y bumaba upang sila ay iligtas. Akin kang susuguin doon.”

<sup>257</sup> At ang kaunting pagkakaiba roon sa pagitan niya at ng Diyos, at ipinakita sa kaniya ng Diyos ang Kaniyang kaluwalhatian. Sabi, “Narito ako ay pupunta.” Nang minsan niyang makita ang kaluwalhatian ng Diyos, kita ninyo, siya ay nagkaroon ng pananampalataya.

Sabi, “Ano iyang nasa iyong kamay, Moises.”

Sabi niya, “Isang tungkod.”

Sabi niya, “Ihagis mo.”

Ito ay naging ahas. Sabi niya, “Oh, naku!” siya ay nagsimulang. . .

258 Sabi, “Pulutin mo, Moises. Kung kaya kong gawing ahas iyan, kaya ko ring ibalik muli.”

259 A! [Si Kapatid na Branham ay ipinalakpak ang kaniyang mga kamay ng tatlong beses— Pat.] Amen! Kung ang Diyos kayang bigyan ako ng likas na buhay, mabibigyan niya ako ng espirituwal na Buhay! Kung ang Diyos ay maibibigay sa akin ang unang kapanganakan, maibibigay niya sa akin ang ikalawang Kapanganakan! Amen! Kung ang Diyos ay mapapagaling *ito*, sa pamamagitan ng Banal na pagpapagaling, maibabangon Niya muli ito para sa Kaniyang kaluwalhatian, sa huling araw. Iya’y tama.

260 “Maihahagis Ko ang tungkod na ito at magiging isang ahas. Maibabalik Ko ito sa pagiging tungkod. Damputin ito sa buntot.”

261 Dinampot ni Moises at nakuha ito. Hayun ito, isang tungkod. Sinimulan niyang idagdag ang kaalaman noon. Kita n’yo?

“Anong nangyayari sa iyong kamay, ngayon, Moises?”

“Wala.”

“Ipasok mo sa iyong sinapupunan.”

262 “Mabuti. Ano naman. . .” Maputi na may ketong. “Oh Panginoon, tingnan ang aking kamay!”

“Ipasok muli sa iyong sinapupunan, Moises.”

263 Ipinasok niya uli tulad *niyan*, ito ay nagbalik na tulad lamang. . . Sinimulan lamang niyang idagdag sila tulad *nito*, noon, kita n’yo. Oo, ginoo.

264 Siya ay pumaroon. At ang unang pagkakaiba. . . Siya ay pumaroon. Lumabas doon at ang sabi, “Sinabi ng Panginoong Diyos, ‘Palayain mo ang aking bayan! Paraon, gusto kong malaman mo ito. Ako’y naparito bilang isang kinatawan ng Diyos. Dapat mo akong sundin.”

265 Sabi ni Paraon, “Sundin? Kilala mo ba kung sino ako? Ako si Paraon. Sundin ka, isang alipin?”

266 Sabi, “Susundin mo ako, o mapahamak. Gagawin mo ang alin man na nais mo.” Bakit? Nalalaman niya kung ano ang kaniyang sinabi. Siya ay mayroong komisyon. Siya ay naroon. Siya ay nakipag-usap sa Diyos. Mayroon siyang pananampalataya. Nalalaman niya kung saan siya naroroon.

“Gusto mo akong sumunod sa iyo? Umalis ka rito!”

“Ipagakita ko sa iyo.”

“Magpakita ka sa akin ng isang tanda.”

Inihagis niya ang tungkod; naging isang ahas.

267 “Bakit,” sabi niya, “Iyang mahina’t madayang salamangkero! Pumarito ka sandali. Lumapit rito. Jannes, ikaw

at si Jambres, ihagis ang inyong mga tungkod sa baba.” Kanilang inihagis yaon pababa, at ang mga ito’y naging isang ahas.

<sup>268</sup> Sabi, “Ngayon, ikaw na mahinang bagay, halika rito sa akin, isang Egiptio, isang paraon ng Egiptio. At ikaw ay pumarito kasama ang iyong ilang mahina’t madayang salamangkero, ilan sa iyong panlilinlang,” alam n’yo, pagbasa ng isipan. Alam ninyo ang ibig kong sabihin. Umaasa ako na inyong nababasa ito. “Pagkilala ng kaisipan o isang bagay, kita n’yo, syanga, pumarito kayo na mayroong ganyan.” Sabi, “Buweno, magagawa rin namin ang gayon ding bagay na ginagawa mo.”

<sup>269</sup> Ano si Moises? Hindi niya sinabing, “Oh, G. Paraon, ako— aking ikinalulungkot, ginoo. Ako’y magiging alipin mo.” Hindi, ginoo.

<sup>270</sup> Siya ay nanatili. Amen. Nanatili roon mismo. Sabi ng Diyos, basta’t walang alinlangan sa kaniyang puso, “Panatiliin ang iyong kapayapaan. May bagay Akong ipapakita sa iyo.” Kapag inyong nagawa mismo kung ano ang kanyang gawin, na para bang ito ay naging mali; manatili, maging mapagtiis.

<sup>271</sup> Sabi ni Moises, “Alam mo, nang ilagay ko ang saligan na iyan, mayroong pagtitiis na naipatong doon, kaya ako’y maghihintay lamang at tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos.”

<sup>272</sup> Naroon ang mga matatandang mga ahas, gumagapang paikot, humiihip, sumusutsot sa isa’t isa. Unang bagay alam n’yo, ang ahas ni Moises ay pumaroon, “Lunok, lunok, lunok,” at nilunok silang lahat. Siya ay mayroong pagtitiis.

Silang nangaghihintay sa Panginoon, ay  
mangagbabago ng kanilang lakas,  
Sila’y paiilanlang na may mga pakpak na tulad  
sa mga agila.

Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Oo.

Sila’y magsisitakbo, at hindi mangapapagod,  
magsisilakad at hindi manganghihina.

Kita n’yo, maghintay lamang sa Panginoon. Magkaroon ng pagtitiis. Kita n’yo? Oo, ginoo.

<sup>273</sup> Kung gayon ang Israel ay mailalabas. Ang malaking mga pagkakaiba ay dumating, at si Moises ay naghintay.

<sup>274</sup> Pagkatapos siya naparoon sa ilang. Ito lamang ay mga tatlong—o apat na araw na paglalakbay. Ito’y mga apat na pung milya lamang mula sa kaniyang tinawiran doon, patawid mismo kung saan sila tumawid muli. Subali’t, si Moises, doon sa ilang, naghintay ng apatnapung taon. Pagtitiis. [Si Kapatid na Branham ay tumawa—Pat.] Amen. Iya’y tama. Siya ay naghintay ng apat na pung taon. Oh! Oo, ginoo.



275 At tayo ay dapat na magkaroon ng pagtitiis sa isa't-isa, rin. Kita n'yo? Minsan . . . Tayo ay nagiging—tayo ay nagiging napaka mainipin sa isa't-isa. Inaakala nating tayo ay dapat na maging tulad ni Moises. Si Moises ay mayroong pagtitiis sa mga tao. Tingnan, iyon ang naging sanhi ng hindi nila pagpasok. Kita n'yo? Kung kayo'y nagsisikap na gumawa ng isang bagay . . .

276 Tulad ng, sinikap kong madala ang Mensaheng ito roon sa tabernakulo, upang makita na bawat miyembro ng tabernakulo ay maging *Ganito*. Ito'y mahirap gawin. Nagsikap akong magkaroon ng pagtitiis, ito ay tatlumput-tatlong taon. Kita n'yo? Magkaroon ng pagtitiis. Ang mga kababaihan ay nagpapaikli pa rin ng buhok, ganoon pa rin. Subali't magkaroon lamang ng pagtitiis. Kita n'yo? Magkaroon lamang ng pagtitiis. Maghintay. Dapat. Kung wala kayo nito, huwag subukang itayo dito sa baba *rito*. Magkaroon ng pagtitiis.

277 Kahit minsan, nang ang lupon ng rebeldeng mga taong iyon na mayroong gayong pagka-mainipin, inudyukan nila si Moises na gumawa ng isang bagay na mali. Ngunit, gayon pa man, nang dumating sa paghahayag, ang Diyos ay nagsawa sa kanilang kilos. Sabi Niya, “Ihiwalay mo ang iyong sarili, Moises. Papatayin ko silang lahat, at magpapanibago muli.”

278 Inihagis niya ang kaniyang sarili sa pagitan, at ang sabi, “Diyos, huwag mong gawin.” Ano? Pagtitiis sa mga tao na naghihimagsik laban sa kaniya.

279 Aywan ko kung magagawa natin iyan? Kung hindi ninyo magawa, huwag subukang itayo *dito*, 'pagkat ito—ito ay hindi magbabago, alam n'yo. Iyan ang paraan na ang una ay maitagpi *dito*, at iyan ang paraan na ang bawat isa sa kanila ay dapat na maitagpi. Kung hindi ninyo magagawa, hindi kayo makakarating sa sukat na iyan ng tahananang dako ng buhay na Diyos, kung wala kayong pagtitiis, pagtitiis, sa isa't-isa. Mabuti.

280 Ang mga Hebreong anak ay may pagtitiis. Tiyak, mayroon sila. Ang Diyos ay pinangakuan sila, sabi sa kanila, “Huwag kayong yuyuko sa ano mang larawan.” Ngunit sila ay may pagtitiis. Sabi, “Ang aming Diyos ay may kakayahan. Ngunit, gayon pa man, kami'y hindi yuyuko sa iyong larawan.” Pagtitiis, na nalalaman ito, na ang Diyos ay ibabangon siya muli sa huling araw.

281 Ang buhay na ito ay hindi gaanong mahalaga, kahit papaano. Kita n'yo? Ang Diyos ay ibabangon ito muli sa huling mga araw, Ngunit pagdating sa pagyuko sa isang larawan, hindi namin gagawin. Ngayon, ibibigay namin kay Caesar ang kay Caesar, subali't, pagdating kay Caesar upang hadlangan ang Diyos, ang Diyos ay una.

282 “Sabi ng Diyos, ‘Huwag kayong yumuko sa larawan na iyan’ at ayaw ko itong gawin. Ang aming Diyos ay magagawang

iligtas kami. Kung hindi man Niya gawin, hindi ako yuyuko sa larawan.”

Sabi, “Mabuti, naroon ang hurno.”

283 “Buweno,” sabi niya, “o, palagay ko, ang ulan ay magiging malakas ngayong gabi at puksain ito.” Ngunit hindi ito nangyari. Nagtitiis pa rin.

284 Sumunod na umaga, nang sila ay dalhin sa harapan ng mga korte, naroon nakaupo si Nebuchadnezzar. Sabi niya, “Maigi, mga bata, nakahanda ba kayong alalahanin ako bilang inyong hari?”

“Tiyak. Mabuhay ka magpakailanman, O hari.”

“Ngayon yumuko sa aking larawan.”

“Oh, hindi.”

285 “Buweno, kayo’y susunugin. Kayo’y pantas na mga lalake. Kayo’y matalino. Kayo ay naging malaking tulong sa amin. Kayo ay naging pagpapala sa aming kaharian. Hindi ba ninyo naintindihan ayaw kong gawin ito? Subalit nakagawa na ako ng pahayag dito, at ito’y dapat na maganap. Hindi ko gusto na ihagis kayo roon. Oh, mga lalake, anong nangyayari sa inyo?”

286 “Alam ko na iyan ay medyo magandang pakinggan. Ngunit, ang aming Diyos ay magagawang iligtas kami. Ngunit ganoon pa man . . .” Mayroong pagtitiis.

287 Nagsimulang lumakad sa rampa. Ang isa tumingin sa isa. “Ito’y walang ano man. Walang ano man.” Mayroong pagtitiis. Lumakad ng isang hakbang, ang Diyos ay wala roon. Dalawang hakbang, Siya ay wala roon. Tatlong hakbang, apat na hakbang, limang hakbang, patuloy lamang sa paglakad, wala pa rin Siya roon. At siya humakbang pababa mismo roon sa nagniningas na pugon. Sila ay may pagtitiis. Subali’t Siya ay naroon na. Kita n’yo? Mayroon lamang sapat na init na tumama sa kanila, upang sunugin ang kanilang mga tali na makalag ang kanilang mga kamay at mga paa. At pagkatapos nang kaniyang marating ang pinakababa ng hukay, Siya ay naroon. Kita n’yo? Sila ay may pagtitiis.

288 Si Daniel ay ganoon din. Si Daniel ay may pagtitiis. Tiyak. Siya ay hindi susuko. Hindi, ginoo. Ano ang kaniyang ginawa? Binuksan niya silang mga bintana at nanalangin, pa rin. Ito ay isang kahilingan ng Diyos. Siya ay may pagtitiis. Siya ay naghintay sa Diyos, na nalalaman na ang Diyos ay magagawang tuparin ang Kaniyang Salita. Kanilang itinapon siya sa kuweba ng mga leon, sabi, “Ipakain ka namin sa mga leon.”

289 Sabi niya, “Iyan ay walang anoman.” Siya ay may pagtitiis. Bakit? “Buweno, ako’y naghintay hanggang ngayon, sa Diyos. Kung ako ay kailangang maghintay pa ng kaunti pang libong taon, ako’y babangon muli sa huling araw. Kaya, mayroong pagtitiis, maghintay.”

290 Si Pablo ay may pagtitiis. Tiyak na mayroon. Tingnan kung ano ang dapat gawin ni Pablo. Mangusap tungkol sa pagtitiis!

291 Papaano naman ang mga taong pentecostal? Hangga't nasa kanila ang komisyon, "Maghintay hanggang," kita n'yo, "maghintay hanggang sa kayo'y mapuspos ng Kapangyarihan." Gaano katagal? Sila ay walang katanungan, kung gaano katagal bago mangyari? Nakamtan lamang nila ang kasagutan, "Maghintay hanggang."

292 Sila ay pumaroon at ang sabi, "Mabuti, mga kasama, marahil ay labindalawang minuto mula ngayon ang Espiritu Santo ay mapapasa atin at tayo'y magkakaroon ng ating ministeryo." Lumipas ang labinlimang minuto, walang dumating. Isang araw ang lumipas, wala; dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito.

293 Ang ilan sa kanila ay sinabi siguro, "Hoy, sa palagay mo kaya ay natanggap na natin Ito?"

"Hindi, hindi, hindi, hindi." Iyan nga. Hindi. Iya'y tama.

294 "Mas mabuting lumabas kayo, mga kasama." Sinabi ng diablo, "Inyong—inyong—inyong nalalaman na nakamtan na ninyo ang nais ninyo. Humayo kayo, simulan ang inyong ministeryo."

295 "Hindi, hindi, hindi. Ito ay wala sa atin, pa rin. Sapagka't, sabi Niya, 'Mayroong darating, na magaganap sa huling mga araw: Sa ibang pangungusap at iba't-ibang wika ay sasalitain Ko sa bayang ito, at ito ang Kapahingahan na Aking sinabi,' kita n'yo, Isaias 28:19." Sabi, "Ito nga—ito nga Iyon, inyong—inyong makakamtan Ito kapag. . . Bakit, malalaman natin kapag Ito ay dumating. Malalaman natin kapag Ito ay dumating. Malalaman natin ito, 'Pangako ng Ama.'" Doon siya ay naghintay ng siyam na araw. At pagkatapos sa ikasampung araw, "Tayo ay naroon." Sila ay mayroong pagtitiis, upang maghintay.

296 Ngayon, kung mayroon kayo ng ganiyang uri ng pagtitiis, pagkatapos na ang Diyos ay bigyan kayo ng isang pangako at nakita ninyo ito sa Biblia, "Ito'y akin," kung gayon maghintay. Pagkatapos, kung mayroon kayo ng ganiyang uri ng pagtitiis, idagdag ito sa inyong pananampalataya. At nakita n'yo kung gaano kataas ang inyong naabot ngayon? Kayo ay umaabot ng ganitong kataas *rito* ngayon. Mabuti. Ang kamay ng orasan ay umiikot, din, hindi ba? Mabuti. Mabuti. Idagdag ito sa inyong pananampalataya.

297 Laging ilagay Siya sa inyong unahan, na inaalala, na Siya ang nangako nito. Hindi ako, ang nangako. Hindi si pastor ang nangako, ang ating Kapatid na Neville. Hindi ang ibang ministro, ang nangako. Hindi isang pari o papa. Hindi sino mang tao sa lupa. Ang Diyos ay nagbigay ng pangako, at ang Diyos ay magagawang tuparin ang lahat ng bagay na Kaniyang ipinanangako. Mabuti. Kung mayroong kayo ng ganiyang uri ng pananampalataya, upang malaman na ang

Diyos ay ipinangako ito! Sabihin, “Kapatid na Branham, ako’y may sakit. Kailangang—kailangan ko ng kagalingan.” Tanggapin ito. Ito’y isang kaloob na naibigay sa inyo, oo, ginoo, kung ikaw ay sasampalataya. “Buweno,” sasabihin ninyo, “Ako ay sumasampalataya.” Kung gayon kalimutan na ito. Iyan lamang. Ito’y tapos na. Kita n’yo?

<sup>298</sup> Magkaroon ng pagtitiis, kung mayroon kayong pagtitiis. Kung gayo’y wala, kayo’y gumuguho mula sa Gusaling ito rito, kita n’yo. Ihuhulog nito ang lahat ng iba pa pababa, ang isang bagay na iyan. Dapat na magkaroon niyan. Huwag idagdag ito, sapagka’t, wawasakin nito ang inyong gusali kung kayo ay walang pagtitiis, kung wala kayong kagalingan upang idagdag sa inyong pananampalataya na inyong sinasabing mayroon kayo. At kung kayo ay wala ng ano mang pananampalataya, at subukang ilagay ang kagalingan doon, sisirain nito ang inyong pananampalataya. Kita n’yo? Sasabihin ninyo, “Buweno, ngayon, sandali lamang. Marahil lahat ng ito ay mali, kahit papaano. Marahil ang Diyos ay hindi Diyos. Marahil ay walang Diyos.” Kita n’yo, sisirain nito ang bagay sa dalawa. Kita n’yo?

<sup>299</sup> Ngunit kung kayo ay mayroong totoong pananampalataya, kung gayon ilagay ang totoong kagalingan dito, pagkatapos totoong kaalaman, pagkatapos totoong pagpipigil, pagkatapos totoong pagtitiis. Kita n’yo? Kayo’y kumikilos pataas ng hanay. Mabuti.

<sup>300</sup> Ikalima, idagdag ang kabanalan. Oh, naku! Kabanalan upang idagdag. Ano ang ibig sabihin ng kabanalan? Tinignan ko sa apat o limang mga diksyunaryo at hindi makita kung ano ang ibig sabihin. Sa wakas, ako ay naroon kina Kapatid na Jeffrey doon, natagpuan namin ito sa isang—sa isang diksyunaryo. Ang *Kabanalan* ay nangangahulugang “maging katulad ng Diyos.” Oh, naku! Pagkatapos ninyong magkaroon ng pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kung gayon maging tulad ng Diyos. Whew!

<sup>301</sup> Sasabihin ninyo, “Hindi ko magagawa iyan, Kapatid na Branham.” Oh, oo, magagawa mo.

<sup>302</sup> Hayaang basahin ko lamang sa inyo ang ilang mga Kasulatan dito, sandali lamang. Mateo 5:48. Kukunin natin ang isang ito at tingnan kung ano ang sinasabi, Mateo 5:48, at tingnan kung kayo nga ay dapat na maging tulad ng Diyos. Alam n’yo ang Biblia ay sinasabi na, “Kayo ay mga diyos.” Sinabi ni Jesus ang gayon. Bakit? Lahat ng katangian, lahat ng mga bagay na nasa Diyos, ay nasa inyo. Mateo 5:48, “Kayo ay maging. . .” si Jesus ay nangungusap, sa beautytude.

*Kayo nga’y m-a-n-g-a-g-p-a-k-a-s-a-k-d-a-l, (Ano iyan?) mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama. . . sa kalangitan na sakdal.*

303 Kayo ay umakyat na *rito* ngayon, bago kayo nahilingan na gawin iyan. Ang lahat ng mga bagay na ito ay kailangang maidagdag muna. Pagkatapos kapag kayo ay nakarating na rito, hiniling Niya sa inyo ngayon na maging sakdal, kabanalan, mga anak na lalake at mga anak na babae ng Diyos. Iya'y tama. Ilang mga bagay ang masasabi ko sa hanay na iyan!

304 Tayo'y dumako sa Efeso 4, at tingnan sa dako rito kung ano, sa Aklat ng Efeso, sinasabi nito ang tungkol sa bagay na ito, din, tungkol sa kung papaano tayo dapat na—kung papaano natin gawin. Efeso, ang ika-4 na kabanata, at simula sa ika-12 talata. Efeso 4, at simula sa ika-12 talata. Mabuti. Tayo'y magsimula sa dako rito sa ika-11 talata.

*At pinagkalooban niya ang mga iba na maging, mga apostol; at ang mga iba'y, mga propeta; . . .*

305 Naalala ninyo kagabi? Huwag subukang kunin ang tungkulin ng ibang tao. Kita n'yo?

*. . .at ang mga iba'y, evangelista; at ang mga iba'y, pastor. . .at ang mga iba'y, guro;*

306 “Sa ikasasakdal ng Diyos”? Ganyan ba ang pagkakabasa nito? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Hindi.”—Pat.] Ang kasakdalan ng ano? [“Mga banal.”] Sino ang mga banal? Ang mga pinaging-banal. Amen. Ang mga nagsimula mula *rito* sa ibaba.

*. . .ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod (ang ministeryo ni Jesus Cristo), sa ikatitibay ng katawan ni Cristo (sa ikatitibay, itinatayo Ito, ikatitibay): hanggang. . .*

*Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at . . .ang pagkakilala sa anak ng Diyos, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa katiyakan, (oh, naku), hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:*

307 “Sakdal,” kinakailangan ng kabanalan. Dapat ninyong idagdag iyan sa inyong pananampalataya, ang kabanalan. Kita n'yo, magsisimula kayo *rito* sa ibaba, na may kagalingan. Pagkatapos kayo ay tutungo sa kaalaman. Pagkatapos kayo ay tutungo sa kaalaman. Pagkatapos kayo ay tutungo sa pagpipigil. Pagkatapos kayo ay tutungo sa pagtitiis. Ngayon kayo'y nasa kabanalan. Kabanalan! Oh, naku! Ang oras ay nauubos na. Tingnan natin. Ngunit alam ninyo kung ano ang ibig sabihin ng kabanalan. Inawit ninyo ang awiting ito:

Ang maging tulad ni Jesus, ang maging tulad  
ni Jesus,  
Sa mundo nais ko na maging tulad Niya;

Sa lahat ng lakbayin ng buhay mula sa daigdig  
 tungong Kaluwalhatian  
 Hiling ko lamang na maging tulad Niya.

308 Iya'y kabanalan. Nang Siya ay sinampal sa isang panig ng mukha, iniharap Niya ang kabila. Nang Siya ay pinagwikaan ng masakit, Siya ay hindi nagsalita. Siya ay hindi gumanti. Kita n'yo? Banal, laging tumitingin sa isang bagay, "Lagi Kong ginagawa yaong nakalulugod sa Ama." Kita n'yo? Oo, ginoo. Lagi. Iya'y kabanalan. Kita n'yo?

309 Pagkatapos ninyong dumating mula *rito*, patungo *rito*, patungo *rito*, patungo *rito*, patungo *rito*, ngayon kayo'y paparating na sa kapuspusan ng sukat ngayon ng isang anak ng Diyos. Ngunit dapat kayong magkaroon *nito*, ganoon ang lahat *nito*, at ni hindi kayo makapagpapasimula hanggang sa magkaroon kayo *rito*.

310 Ngayon alalahanin ang itim na ibon na may balahibo ng paboreal. Huwag kalilimutan siya. Kita n'yo? Huwag subukang idagdag ito hanggang sa kayo'y tunay na ipinanganak na muli. Pagkat, kayo, ito ay hindi maaari, at kayo—hindi ninyo maaaring paganahin ito. Ito'y darating *dito*, o *ito* rito, ito'y guguhu sa ibang banda.

311 Ngunit kapag kayo ay dumako *rito* sa ibaba, isang totoong ipinanganak na muling kalapati, kung gayon hindi kayo magdaragdag ng ano mang bagay. Ito ay maidaragdag sa inyo, kita n'yo, papataas, mabuti, patungo sa kasakdalan ngayon. Mabuti.

312 Pagkatapos, ikaanim, ating idagdag, ang Biblia ay nagsabi rito, magdagdag ng pag-ibig sa kapatid. . . kabutihang loob sa kapatid. Ngayon, iya'y mabuti, dito mismo, ang ikaanim, pito. Mabuti. Magdaragdag ng kabutihang loob sa kapatid. Mabuti. Kapag tayo ay dumating diyan, kabutihang loob sa kapatid, ilagay ang inyong sarili sa kaniyang kalagayan, sa kaganapan. Ngayon sasabihin n'yo. . .

313 "Ang aking kapatid ay nagkasala laban sa akin," sabi ni Pedro. "Patatawarin ko ba siya," sabi niya, "ng pitong beses sa isang araw?"

Sabi Niya, "Pitumpung beses na makapito." Kita n'yo?

314 Kabutihang loob sa kapatid. Ngayon, kita ninyo, kung ang isang kapatid ay wala sa tono, huwag mabagot sa kaniya. Kita n'yo? Hindi. Kita n'yo? Maging mabuti sa kaniya. Pumunta, kahit papaano.

315 May nagsabi, hindi pa katagalan, sabi, "Papaano mo mapapaniwalaan ang mga bagay na ito sa paraan na iyong ginagawa, at nagpupunta pa rin sa Assemblies of God, at sa Oneness, sa lahat ng iba pa sa kanila?" Ilagay, kita n'yo, kabutihang loob sa kapatid. Kita n'yo? Kita n'yo? Umaasa,

balang araw, kita n'yo; pagtitiis sa kaniya, kita n'yo; mapagpigil, nagbabata na kasama siya; kaalaman, upang unawain kung ano ang kaniyang paniniwala, alalahanin, ito'y nasa kaniyang puso, iyan nga iyon; kagalingan, sa inyong sarili, upang hayaang lumabas ito na may kabutihang loob, kaamuhan, sa kaniya; na mayroong pananampalataya na balang araw ang Diyos ay ipapasok siya. Kita n'yo?

<sup>316</sup> Kabutihang loob sa kapatid, ang bagay na ikapito. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. [Si Kapatid na Branham ay tumapik sa pisara ng pitong beses—Pat.] Kita n'yo, ikapitong bagay. Pagkatapos, ngayon, kayo'y parating.

<sup>317</sup> Sumunod na bagay, pagkatapos, ay idagdag ang pag-ibig, na siyang pag-ibig. Iyan ang batong panakip. Isa sa mga araw na ito, sa iglesya . . .

<sup>318</sup> Ngayon, pakiusap, maipaalam sana sa teyp, at maging saan pa man, hindi ko itinuturo ito bilang isang doktrina, kung ano ang aking sasabihin ngayon. Ngunit nais ko lamang na ipakita sa inyo na, sa tulong ng Diyos, kung ano talaga ito, na, ang unang Biblia na isinulat ng Diyos ay ang Zodiac sa alapaap. Ito ay nagsisimula sa birhen. Ito ay nagtatapos sa Leo ang leon. At kapag ako ay tumungo sa Ikaanim at Ikapitong Tatak na iyan, inyong masusumpungang, kapag ang ibang Tatak na iyan ay nabuksan, ang tanda ng Zodiac ng dakong iyan ay kanser, ang krus na isda. At iyan ay kapanahunan ng kanser na ating kinabubuhayan ngayon, na nahayag. At ang sumunod na bagay ay ang Tatak nabuksan, inihayag Nito ang Leo na siyang leon, ang ikalawang Pagparito ni Cristo. Siya ay pumarito, ang una, sa isang birhen; Siya ay paparito, susunod, Leo ang leon. Dadalhin ko ito sa . . .

<sup>319</sup> Ngayon, hindi ko alam kung ako ay magkakaroon ng sapat na panahon ngayong umaga. Gagawin ko ang abot ng aking makakaya, upang ipakita sa inyo na ang mga baitang na ito ay nasa mga piramid, tugmang-tugma lamang, ang ikalawang Biblia na isinulat ng Diyos. Isinulat sila ni Enoc, at inilagay sila sa piramid.

<sup>320</sup> At ang ikatlo, ang Diyos ay laging nasasakdal sa ikatlo, pagkatapos iginawa Niya ang Kaniyang sarili ng Kaniyang Salita.

<sup>321</sup> Narito, ngayon, alalahanin, sa piramid . . . palagay ko marami sa inyo na mga kawal at mga bagay-bagay ay nasa Egipto. Ang piramid ay walang takip na nailagay sa ibabaw nito. Hindi kailan man. Ang—ang Bato ng Scone, at ang iba pang mga bagay na mayroong sila, subali't ganoon pa man . . .

<sup>322</sup> Kung mayroon kayong isang perang dolyar sa inyong bulsa, tumingin kayo sa perang dolyar, at masusumpungan ninyo na, doon sa dakong kanan, ito'y mayroong isang aguila na may bandila ng Amerika. At ang sabi, ang tatak “ng Estados

Unidos.” Sa kabilang panig, ito’y mayroong piramid, na may isang napakalaking panakip na bato at mata ng isang tao. Sinasabi sa dakong ito, “Ang dakilang tatak.” Buweno, kung ito ay ang dakilang bansa, bakit hindi ang dakilang tatak na ito ang maging sariling tatak ng bansa? Sila ay pinagpatotoo ng Diyos, maging saan man pumaroon.

<sup>323</sup> Ako ay nakikipag-usap sa isang doktor minsan, at kaniya akong sinaliksik ng husto sa mga bagay, tungkol sa Banal na pagpapagaling. Nakatayo kami doon sa kalsada. Sabi niya, “G. Branham, nililito mo lamang ang mga tao.” Sabi, “Walang pagpapagaling, sa pamamagitan lamang ng mga mediko.”

<sup>324</sup> Ako ay napalinging, tumingin sa kaniyang tanda na nasa kaniyang kotse, mayroon yaong ahas na nasa isang tungkod. Sabi ko, “Mas makabubuting alisin mo ang tanda na iyan sa iyong kotse, kung gayon, ’pagkat ang iyong sariling tanda ay nagpapatotoo na ang Diyos ay isang manggagamot.”

<sup>325</sup> Ang isang tunay na doktor ay pinaniniwalaan iyan. Iyang mga iyan ay mga albularyo. Oo, ginoo. Ang ahas na nasa tungkod! Si Moises ay itinaas ang ahas na nasa tungkod. Sabi niya, “Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ninyong karamdaman.” At sila ay tumingin sa ahas na iyan, para sa Banal na pagpapagaling. At gayon may nagpapatotoo sila laban dito; ganoon pa man ang kanilang sariling tanda ay nagpapatotoo laban sa kanila. Whew!

<sup>326</sup> Narito, ang ating bansa, sinasabi ang mga bagay na sila nga, at nagtatawa sa mga bagay na ito, at ang sarili nilang pera, ang kanilang salapi, nagpapatotoo na ang tatak ng buong sandaigdigan ay Diyos. Nakita n’yo ang matang iyan natatayo roon sa ibabaw niyan, sa dolyar na perang iyan? Iyan ang dakilang tatak.

<sup>327</sup> Hindi ito kailan man naipatong sa ibabaw ng piramid. Hindi nila maunawaan kung bakit. Ang Batong panakip ay tinanggihan, ang Ulo, si Cristo. Subalit Ito ay darating, balang araw.

<sup>328</sup> Ngayon, sa pagtatayo, ang kagalingan.. Itinatayo ang monumentong ito, itinatayo ang sukat na ito, kita n’yo, ito ay nagsisimula sa saligang bato; pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, kabutihang loob sa kapatid. Ngayon ano ang gagawin nito? Kung gayon sila’y naghihintay sa Pangulong-bato, na siyang pag-ibig, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. At Siya ang namamahala, at Siya ang tibay ng bawat isa ng mga bagay na ito. Iya’y tama. Oo, ginoo.

<sup>329</sup> *Dito mismo, dito mismo*, kita n’yo mayroon ako, sa pagitan, lahat ng mga gawang ito rito, at dito ang mga munting lundo pumarito. Ano iyan? Ang Espiritu Santo ay bumababa, sa pamamagitan ni Cristo, kita n’yo. Espiritu Santo! Ang Espiritu Santo ay nasa ibabaw ng lahat ng *ito*, hinihinang ito ng sama-



sama, itinatayo (ang ano?) isang sakdal na Iglesya, para sa Panakip na bato upang takpan Ito.

<sup>330</sup> Ano uli ang ginawa nito? Ito'y nahayag sa buong Pitong Kapanahunan Ng Iglesya, at pitong mensahero ng Iglesya.

<sup>331</sup> Nagsimula *rito*. Saan unang naitatag ang Iglesya? saan unang naitatag ang Iglesyang pentekostal? Sa pamamagitan ni San Pablo, sa Efeso, ang bituin ng Kapanahunan Ng Iglesyang Efeso, Efeso.

<sup>332</sup> Ang ikalawang kapanahunan ng Iglesya ay Ismirna. “Kagalingan.” Si Irenaeus, ang dakilang tao na nanghahawakan sa Ebanghelyo ni Pablo.

<sup>333</sup> Ang sumunod na kapanahunan ng Iglesya ay Pergamo, na si Martin. Si Martin ay ang dakilang tao na nanatili. Si Pablo, Irenaeus, Martin.

<sup>334</sup> Pagkatapos sa Tiatira ay dumating si Columba. Naalala n'yo? Narito ito dito, nailarawan mismo *doon*. Si Columba. Pagkatapos ni Columba. . . Ang Madilim na mga Kapanahunan ay dumating doon.

<sup>335</sup> Pagkatapos dumating ang Sardis, na nangangahulugang *patay*. Luther. Alleluja! [Si Kapatid na Branham ay ipinalakpak ang mga kamay ng limang beses—Pat.] Ano pagkatapos? Ano ang sumunod pagkatapos ng Sardis, ni Luther?

<sup>336</sup> Pagkatapos dumating ang Filadelfia. “Kabanalan.” Si Wesley, kabanalan! “Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya,” sabi ni Luther. Pagpapaging-banal sa pamamagitan ni Wesley.

<sup>337</sup> Pagkatapos dumating ang kabutihang loob sa kapatid, sa pamamagitan ng Laodicea. At tayo ay naniniwala sa dakilang Mensahe ng ikalawang pagpapakita ni Elias, sa huling araw, ay lalaganap sa lupain.

<sup>338</sup> Narito na kayo, Pitong Kapanahunan Ng Iglesya, pitong mga baitang. Ang Diyos ay itinatayo ang Kaniyang Iglesya, ay tulad sa isang tao sa isang indibidwal, sa Kaniyang sarili. Ang kaluwalhatian, ang Kapangyarihan ng Diyos, bumababa sa pamamagitan *nito*, hinihinang Ito ng sama-sama. Kaya nga, ang mga taong Pentekostal na iniwan ang Lutheran, iniwan ang mga Wesleyan at mga bagay, hindi nalalaman kung ano ang kanilang sinasabi. Kita n'yo, sila'y namuhay sa bahaging *ito* ng templo. Iyan ang paraan, ang ilang mga tao ay magagawang makarating ng ganiyan kataas at mahulog. Ngunit mayroong isang totoong bahagi niyan, patuloy na ginagawa ang gusaling iyan pataas. “aking isasauli,” sabi ng Panginoon.

<sup>339</sup> Naalala ninyo *Ang Punong Nobya*? Naalala ninyo ang pangaral sa *Ang Punong Nobya*? Kanilang kinain Ito pababa, subali't Kaniyang pinungos sila. Sila ay nagbangon panibagong iglesya, denominasyonal na mga sanga; Kaniyang pinungos ito.

Ngunit ang puso ng Punong iyan ay patuloy na lumalago. “At sa panahon ng gabi ay Magliliwanag.” Kita n’yo? Iyan ay kapag dumating si Cristo, ang Espiritu Santo. Si Jesus ay bumababa at ilalagay ang Kaniyang sarili sa Ulunan ng Iglesya kung gayon, at Kaniyang bubuhaying muli ang Iglesyang ito, bilang Kaniyang sariling Katawan. *Doon* ay ang Katawan.

<sup>340</sup> At ang paraan na inaasahan ng Diyos sa atin bilang isang indibidwal upang lumago, ay ang paraan na Kaniyang dinala ang Kanilang Iglesya upang lumago. Bawat kapanahunan ng Iglesya. Ito ay nagiging isang malaking Iglesya. Kita n’yo?

<sup>341</sup> Ang mga taong *ito* ay hindi nahilingan kung ano ang mga taong *ito*. *Ito* ay hindi nahilingan kung ano *ito*. Kita n’yo? Ngunit dinala Niya ang Kaniyang Iglesya pataas sa gayon ding paraan na Kaniyang dinadala ang Kaniyang mga tao pataas. Pagkatapos sinabi rito ni Pedro, una, pitong bagay: pananampalataya, kagalingan, (kita n’yo, pataas), kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, pag-ibig sa kapatid, idagdag ang kabutihang loob sa kapatid, at pagkatapos ang pag-ibig ng Diyos. Ang Espiritu Santo, si Cristo sa katauhan ng Espiritu Santo, bababa sa inyo, sa tunay na bautismo ng Espiritu Santo, at mayroon kayo ng lahat ng mga katangiang ito natatakan sa inyo. Kung gayon, ang Diyos ay namumuhay sa isang Tabernakulo, tinawag na Gusali, ang buhay na Tabernakulo na dakong tahanan ng buhay na Diyos.

<sup>342</sup> Kapag ang isang tao ay tinataglay ang ganitong uri ng mga bagay, kung gayon ang Espiritu Santo ay bababa sa kaniya. Maging ano man, maaari kayong magsalita ng ibang mga wika, maaari ninyong gayahin ang ano mang kaloob na mayroon ang Diyos. Maaari ninyong gawin iyan. Ngunit hanggang ang mga katangiang ito *rito* ay mapasa inyo, kayo ay wala pa rin sa tunay, totoong saligan ng pananampalataya. Ngunit kapag ang mga katangiang ito ay lumago, at inyong idagdag iyan doon, kung gayon kayo ay isang buhay na monumento. Kayo ay isang buhay, gumagalaw na diyus-diyusan.

<sup>343</sup> Ngunit, alam ninyo, ang—ang pagano, kanilang inihahandusay ang kanilang sarili sa harapan ng isang diyus-diyosan, haka-hakang diyos. At sa haka-hakang paraan sila ay naniniwala na ang haka-hakang diyos na iyan ay nangungusap sa kanila pabalik. Iyan ay paganismo. Iyan ay Romanismo. Sila ay yumuyuko sa harapan ng lahat ng uri ng mga santo at lahat ng iba pang bagay. At sila ay mayroong Santa Cecilia, isang tahanan diyos, at napakarami pang iba’t-ibang mga bagay na tulad niyan. Sila ay yumuyuko diyan, at tunay na pinaniniwalaan iyan sa haka-hakang paraan. Anong—anong pagtitipo ito, ng isang totoong buhay na Diyos.

<sup>344</sup> Ngunit kapag tayo, hindi sa haka-hakang paraan, kundi ihandusay natin ang ating mga sarili sa harap ng isang buhay

na Diyos, isang buhay na kagalingan, isang buhay na kaalaman, isang buhay na pagtitiis, isang buhay na kabanalan, isang buhay na Kapangyarihan na nagmumula sa isang buhay na Diyos, ginagawa ang isang buhay na tao na isang buhay na larawan sa sukat ng Diyos. Ano ang kaniyang ginagawa? Ang gayon ding mga bagay na ginawa ni Jesus; lumalakad sa gayon ding paraan na Kaniyang inilakad, ginagawa ang gayon ding mga bagay na Kaniyang ginawa. Sapagka't, ito ay hindi haka-hakang bagay. Mayroong katunayan na nagpapatunay.

<sup>345</sup> Nakita n'yo ang ibig kong sabihin? Nakita n'yo kung papaano na ang mga katangiang ito, itong mga gamit para sa gusali, itinipo sa mga mensahero ng Iglesia, sa mga kapanahunan ng Iglesia? Ngayon, isa sa mga araw na ito, ating kukunin ang bawat isa sa mga salitang ito, at pag-aralan sila, at ipakita na pinapatunayan ito. Lahat ng ito ay nagtutugma-tugma. Tiyak. Kita n'yo? Oh, naku! Anong kagila-gilalas iyan, kita n'yo, ang makita kung ano—kung ano ang ginagawa nito.

<sup>346</sup> Ngayon, iyan ang Tahanan na pinananahanan ng Diyos; hindi isang gusali na may isang malaking kampana sa itaas nito, at isang mataas na tore. Kita n'yo? “Kundi isang Katawan ang sa Akin ay inihanda Mo,” isang Katawan na mapapanahanan ng Diyos, malalakaran ng Diyos, makakakita ang Diyos, makakapangusap ang Diyos, makakagawa ang Diyos. Amen! Buhay na kaparaanan, isang Diyos, ang Diyos ay lumalakad sa dalawang paa sa inyo. Luwalhati! “Ang mga hakbang ng matuwid ay itinalaga ng Diyos,” ang Diyos na lumalakad sa inyo. “Sapagkat kayo ay mga nasulat na mga liham, na binabasa ng lahat ng tao.” At kung ang Buhay na nakay Cristo ay nasa inyo, inyong tataglayin ang Buhay na tinaglay ni Cristo.

<sup>347</sup> Tulad ng lagi kong sinabi. Alisin mo ang dagta mula sa isang punong milokoton, at kung inyong maililipat ito, sa pamamagitan ng pagsasalin, sa isang puno ng mansanas, ang puno ng mansanas ay magbubunga ng mga milokoton. Tiyak. Tiyak na magbubunga. Maging ano man ang itsura ng mga sanga, ito'y mayroong dagta ng puno ng mansanas dito, kita n'yo, o kahit na anong puno ito. Kita n'yo? Alisin ang buhay nito mula sa puno ng mansanas, alisin ito lahat, at bigyan ito ng isang—isang pagsasalin ng dagta, at paagusin mula sa punong milokoton papunta sa puno ng mansanas. Anong mangyayari? Ito ay hindi na magbubunga ng mga milokoton. Kita n'yo? Hindi, ginoo. Hindi magbubunga. Kung ang buhay ng punong milokoton ay pumasok sa puno ng mansanas, dapat sana, ito ay hindi na magbubunga ng mansanas. Ito'y magbubunga ng mga milokoton, kita n'yo, kita n'yo, sapagka't ito'y mayroong buhay doon.

<sup>348</sup> Buweno, kunin ninyo tayo, na walang iba kundi isang ligaw na melon, isang kulot ang buhok, kita n'yo, at walang ano mang bagay sa atin, sapagka't lahat tayo'y patay sa

kasalanan at mga pagsalangsang. Tayong lahat ay nasa ganitong uri ng kalagayan. At pagkatapos tayo, ang ating sarili, ay maihahandusay ang ating sarili, isuko ang ating sarili, hanggang sa ang Diyos ay kunin ang Kaniyang pansalin na tubo, ang Pangalan ni Jesus Cristo, 'pagkat, "Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit kung saan ang tao ay maliligtas," at ilipat ang Buhay ni Cristo sa atin. Kung gayon mayroon tayo ng *ganitong* uri ng pananampalataya, ang pananampalataya na taglay ni Cristo. At ang pananampalataya ni Cristo ay hindi nakasalig sa mga Fariseong iyon, o mga Saduceo, o sa kanilang mga palayok, mga kaldero, at mga kawali, at ang kanilang mga paghuhugas. Ito ay nakasalig sa Salita ng Diyos, amen, ng labis, hanggang sa si Cristo ay ang Salita, ang Salita ay nagkatawang tao. At pagkatapos kapag tayo ay lubos na nasalanan sa Kaniyang Kapangyarihan, na tayo ay mamatay sa ating sariling kaisipan, at ang ating pananampalataya ay maging isang totoong pananampalataya, allelujah, kung gayon ang Buhay ni Cristo ay naisalin sa atin. Tayo ay naging mga buhay na nilalang ng Diyos, isang dakong tahanan kung saan ang Espiritu Santo ay maipapadala ang Kaniyang maningning na mga pagpapala pababa roon, at tayo'y nasa sukat ni Cristo.

<sup>349</sup> Sinabi ni Jesus, "Hindi ba't nasusulat? Hinatulan ninyo Ako, na sinasabing, 'Ako ang Anak ng Diyos.' Hindi ba't nasusulat, na, 'Kayo ay mga diyos.' Hindi ba't sinasabi iyan ng inyong sariling kautusan?" Tulad ni Moises, tulad ni Elias, tulad ng mga propetang iyon na namuhay ng napakalapit sa Diyos, hanggang sa ang Diyos ay isalin lamang ang Kaniyang sarili sa kanila mismo. At sila ay nangusap, hindi ang kanilang sarili, kundi ang Diyos. "Huwag ninyong isipin kung ano ang inyong sasabihin, 'pagkat hindi kayo ang magsasalita. Ito'y ang Ama na nananahan sa inyo; Siya ang gagawa ng pagsasalita." Ang kaniyang mga Salita ay hindi sa kaniyang sarili, sapagkat, ang kaniyang buhay, siya'y patay na.

<sup>350</sup> Kung kayo ay mamatay, aalisin ninyo ang dugo mula sa isang tao, inyong e-embalsamuhin siya. Ang problema dito, marami sa kanila ay hindi pa na-embalsamo. Inyong alisin ang dugo mula sa isang tao, siya'y patay. Kung gayon ang tanging bagay na inyong gawin ay isalin ang ibang dugo pabalik sa kaniya; siya'y mabubuhay muli. Inyong inalis ang dugo.

<sup>351</sup> At ngayon ating isalin papasok ang Dugo ni Jesus Cristo, kita n'yo, at iyan ang magdadala sa pananampalataya ni Jesus Cristo, ang kagalingan ni Jesus Cristo, ang kaalaman ni Jesus Cristo, ang pagpipigil ni Jesus Cristo, ang pagtitiis ni Jesus Cristo, ang kabanalan ni Jesus Cristo, ang kabutihang loob sa kapatid ni Jesus Cristo, at ang pag-ibig ng Diyos, na si Jesus Cristo. Siya ang Ulo na namamahala sa inyo. At ang inyong mga paa ang siyang saligan, pananampalataya. [Si Kapatid na Branham kumatok sa pulpito ng dalawang beses— Pat.] Amen! Pinamamahalaan ng

Ulo, kunin ang . . . ? . . . [Si Kapatid na Branham ay ipinalakpak ang kaniyang mga kamay ng dalawang beses.] Hayun na kayo. Naroon ang sakdal na tao ng Diyos, kapag kaniyang tinataglay ang mga katangiang ito.

<sup>352</sup> Pagkatapos, ang Diyos, ay kumakatawan sa Kaniyang Iglesya bilang isang Nobya, isang babae. Ang Diyos ay kumakatawan sa Kaniyang Iglesya bilang isang Nobya. At ang paraan na Kaniyang dinadala ang bawat indibiduwal sa pagiging Kaniyang anak, upang mapasama sa Nobyang iyan, Kaniya ring dinala ang Nobya sa lahat ng mga kapanahunang ito, [Si Kapatid na Branham ay tumapik sa kaniyang pisara ng pitong beses—Pat.] hanggang sa Kaniyang madala ang isang ito na ganap na Iglesya sa isang *ito*.

<sup>353</sup> Ang aking mga paa ay kumilos. Bakit? Sapagkat sinabi ng aking ulo. Ngayon, ito ay hindi makikilos na tulad ng aking kamay, sapagkat ito’y aking paa. Si Luther ay hindi magagawa ang mga bagay na ating ginagawa, ni magagawa man ng mga Methodist, sapagkat sila ay iba pang bagay. Kita n’yo? Ang mga paa ay kumilos sapagkat sinabi ng ulo. At ang ulo ay hindi sasabihing, “Ngayon, mga paa, ikaw ay maging kamay. Tainga, ikaw ay maging mata.” Kita n’yo?

<sup>354</sup> Ngunit, bawat kapanahunan, ang Diyos ay inilagay ang bagay na ito sa Kaniyang Iglesya, at itinulad ito sa pagpapakita na ang bawat indibidwal ay taglay ang mga ito, tinataglay ang mga katangiang ito. At *Ito*, katauhang ito kapag ito’y nalubos, ay ang Iglesya ng Diyos na sasama sa Pag-agaw. At ang taong *ito*, at nalubos, ay isang alagad ng Diyos, sa Iglesya ng Diyos, na sasama sa Pag-agaw. Luwalhati! Naunawaan ninyo ang ibig kong sabihin? Hayun na kayo. Naroon ang buong bagay.

<sup>355</sup> *Heto* dumarating ang isang tao, si Pablo, inilagay ang saligan. Si Ireneus ay sinimulang ibuhos *ito* dito. At isang sumunod ibinuhos *ito*. At sumunod na isa ay ibinuhos *ito*. Sumunod na isa *inyan*, at *inyan*, at *inyan*, at patuloy hanggang sa ito dumating sa huling kapanahunan. Subalit ano ito? Ito’y gayon ding Espiritu.

<sup>356</sup> Ang gayon ding espiritu na nananahan sa akin, ay nagsasabi, “Mga kamay, abutin ang malitang iyan.” Ang gayon ding espiritu ay nagsasabi, “Mga paa, humakbang ka.” Naunawaan niyo ang ibig kong sabihin?

<sup>357</sup> Kung gayon, ang buong sukat ng inyong katauhan ay pinamumunuan at pinamamahalaan ng mga bagay na ito, subalit ito ay hindi lubusang mapapamahalaan hanggang sa ito ay lubusang nagtataglay ng mga katangiang ito.

<sup>358</sup> Narinig na ba ninyo ito? Ngayon hayaang sabihin ko ito sa inyo. At panatiliing tunay . . . Ilagay ito sa inyong nakikinig na tainga. Kita n’yo? Ang kadena ay ang pinakamatibay nito ay sa

pinaka mahinang kawil nito. Iya'y tama. Ito'y hindi masmatibay kaysa sa pinakamahinang kawil nito.

<sup>359</sup> Gaano man katibay na naitayo *ang mga ito, ito* ay naitayo; kung ito'y may mahinang kawil, doo'y kung saan siya mawawasak. At ito'y hindi mas matibay kaysa sa pinakamahinang kawil na iyan. [Si Kapatid na Branham ay tumutukoy sa kaniyang guhit sa pisara— Pat.] Ngayon kung taglay ninyo, sasabihin ninyo mayroon kayo *nito, nito, nito*, wala kayo *nito*, doo'y kung saan ay mawawasak. Kung mayroon kayo *nito*, at wala *niyan*, siya'y mawawasak mismo diyan. Mayroon kayo *nito*, at wala *niyan*, ito'y mawawasak. *Ito*, at wala *nito*, ito'y mawawasak. *Ito*, at wala *nito*, ito'y mawawasak. Kita n'yo? At hindi kayo magkakaroon *nito* ng hindi nagkakaroon *nito*.

<sup>360</sup> Kaya kapag isinuko ninyo ang inyong buong katauhan, kung gayon ang Espiritu Santo ay ibubuhos sa inyo, papasok ang mga katangiang ito, kung gayon kayo'y isang buhay na tabernakulo. Pagkatapos ang mga tao ay titingin at sasabihing, "Iyan ay isang taong puspos ng kagalingan, kaalaman (siya ay sumasampalataya sa Salita), pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, kabutihang loob sa kapatid, puspos ng pag-ibig ng Espiritu Santo. Kita n'yo, naroon siya, lumalakad-lakad." Ano ito? Isang sukat na ang mga 'di-mananampalataya ay matitignan at sasabihing, "Hayun ang isang Cristiano. Hayun ang isang lalake, o isang babae, na nalalaman kung ano ang kanilang sinasabi. Hindi pa kayo nakakita ng isang napakabait, kalugod-lugod, napakabanal na tao." Kayo'y natatakan. Ang isang tatak ay nakikita sa magkabilang panig. Maging kayo man ay umaalis o dumarating, nakita n'yo ang tatak ay gayon pa rin. Hayun na kayo. Kita n'yo? Kapag ang isang lalake o babae ay taglay *ito*, kung gayon ang Panakip-na-bato ay bababa at tatatakan sila papasok sa Kaharian ng Diyos, na siyang Espiritu Santo.

<sup>361</sup> Pagkatapos ang Salita, dumarating mula *Rito*, ipinapahayag ang Sarili sa pamamagitan ng bawat isa ng mga taong ito, kita n'yo, at ginagawang itong ganap na Taong na isang Tabernakulo ng buhay na Diyos, isang lumalakad, buhay na halimbawa ng Cristianismo. Kung ano si Cristo noon, ang mga taong ito ay gayon, sapagka't ang Kaniyang Buhay ay naririto. Siya ay nakay Cristo. At ang kanilang buhay ay patay na at naitago kay Cristo, sa pamamagitan ng Diyos, at natatakan doon ng Espiritu Santo. Unang Corinto 12. Iya'y tama. Kita n'yo? Inyong isasaalang-alang ang inyong sarili na patay na, kung gayon kayo'y ipinanganak ng pananampalataya. At, kayo, kagalingan at itong iba pang mga bagay ay naidagdag sa inyo hanggang sa kayo'y isang sakdal, buhay na larawan ng Diyos. Iyan ba'y kahanga-hanga? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, "Amen."—Pat.]

<sup>362</sup> At pagkatapos ang Diyos, sa pamamagitan niyan, ay dinala rin ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesia, upang ipakita ang

pitong baitang na Kaniyang dinala, itinatayo ang Kaniyang indibidwal sa Kaniyang larawan, siya'y nagtayo ng isang ganap na Iglesya sa Kaniyang larawan. At sa pagkabuhay na muli, itong ganap na Katawan ay ibabangon upang mamuhay na kasama Niya magpakailan man, sapagka't ito ay isang Nobya. Kita n'yo? Kaya iyan ay pumuputol sa bawat kapanahunan, bawat kapanahunan na dumating.

<sup>363</sup> At mayroong maraming kailangan, alalahanin. Naalala n'yo kung ano ang sinabi Pablo dito sa Hebreo 11? Hayaang basahin ko sa inyo ang isang bagay bago tayo magtapos rito, sandali lamang. At pagkatapos kayo... Ito ay medyo gawin kayong makaramdam ng medyo kakaiba kapag aking... palaging, kapag binasa ko ito. Ako'y tutungo sa Hebreo 11, at ako'y magsisimula sa ika-32 talata.

*Ano pa, ano pa ang aking sasabihin? Sapagka't kukulangin ako ng panahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon, . . . kay Barac, at . . . kay Samson, at . . . kay Jefte; . . . kay David . . . at kay Samuel, . . . sa mga propeta:*

*Na ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon,*

*Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatakas sa talim ng tabak, at nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa . . . pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbong taga ibang lupa.*

*Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: . . . ang ibig dumaan sa hampas, nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli:*

<sup>364</sup> Mula dito sa ibaba. Kita n'yo? [Si Kapatid na Branham ay tumutukoy sa kaniyang guhit sa pisara—Pat.] Mabuti.

*At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok . . . sa pagkalibak . . . pagkahampas, oo, bukod dito'y . . . mga tanikala . . . bilangguan:*

*Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa . . . mga tabak: sila'y nangagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing; na mga salat, at nangagpipighati, at tinatampalasan;*

*(Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan:). . .*

<sup>365</sup> Kita n'yo, sa saklong doon, napansin n'yo sa inyong Biblia.

*...na nangaliligaw sa mga ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib at sa mga lungga ng lupa.*

*...lahat ng mga ito, nang sila'y mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya...*

<sup>366</sup> *Dito!* [Si Kapatid na Branham ay tumutukoy sa kaniyang guhit sa pisara—Pat.]

*...mapatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako: (Kita n'yo?)*

*Na ipinaghanda ng Diyos ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.*

<sup>367</sup> Naunawaan ninyo? Ang mga taong ito na nangamatay, *dito*, ay umaasa at naghihintay sa atin. Kaya, ang Iglesyang *ito* ay dapat na dumating sa kasakdalan, upang gayon ay dalhin ang pagkabuhay na maguli. At sila'y nasa ilalim, mga kaluluwa sa ilalim ng altar, naghihintay para sa Iglesyang ito upang makarating sa kasakdalan Nito, iyan ay kapag si Cristo ay dumating.

<sup>368</sup> At ang Iglesyang ito, kita n'yo, ay lumiliit, sa maliit na bilang. [Si Kapatid na Branham ay tumutukoy sa kaniyang guhit sa pisara—Pat.] Ito'y mas matulis kaysa diyan, ngunit tulad lamang ng pagsulat ng krus na iyan doon, kita n'yo. Ito'y humantong sa patulis. Hanggang sa, ang Iglesya, sa maliit na bilang, ay kailangang dumating sa isang dako hanggang sa ito'y siya ring uri ng isang ministryo na iniwan *nito*, sapagka't, kapag ang Pangulong-bato na ito ay bumalik.

<sup>369</sup> Ito'y mayroong isang maliit na parang-bulsa *rito*, kung saan ito'y lalapat doon mismo, sa karaniwang piramid. Ito ay hindi lamang isang panakip na bababa sa dakong ibabaw. Ito'y isang maliit na panlapat, at ito'y dapat na lumapat doon, 'pagkat ito ay ikakalat ang tubig.

At kapag ito ay dumating, ang Iglesyang ito ay dapat na mahasa.

<sup>370</sup> Lahat ng ito, nilalapat ang mga bato sa piramid, ay nakapatong ng napakasakdal hanggang sa kayo ay hindi makakapagsingit ng isang labaha sa pagitan nila, tumitimbang ng tone-tonelada, nakapatong doon. Kung papaano nila naitaas sila, hindi nila alam. Ngunit sila ay naitayo.

<sup>371</sup> At sa taas *rito*, kapag ang Panakip sa piramid ay dumating, ang piramid Mismo, ang Katawan ni Cristo ay dapat na nahasa. Hindi lamang ilang kredo o doktrina, o ibang bagay na ating dinaanan. Ito'y dapat na maging tulad na tulad ni Cristo, hanggang sa, kapag Siya ay dumating, Siya at ang ministryong



iyang ay magkasamang maglalapat ng husto. Kita n'yo? Kung gayon darating ang Pag-agaw, ang pagtungo sa Tahanan.

<sup>372</sup> Tingnan kung saan tayo nabubuhay ngayon, sa Laodicea, kung saan ang iglesya ay siyang pinakamasamang kapanahunan ng iglesya na mayroon sila. Sa Biblia, ating nasumpungan, ito ang tanging kapanahunan ng iglesya na ang Diyos ay nasa labas ng iglesya, kumakatok, nagsisikap na makabalik sa Kaniyang sariling gusali. Ang mga kredo at mga denominasyon ang siyang nagpalabas sa Kaniya sa Kaniyang sariling iglesya. “Narito, Ako’y tumatayo sa may pintuan at kumakatok. Kung ang sinoman na nauuhaw at bubuksan ang pintuan, Ako’y papasok, hahapong kasama niya.” Kita n'yo? Narito ito, sa kapanahunan ng iglesyang *ito*. Kanilang unti-unti Siyang pinalabas, hanggang sa *narito* kanilang ganap na pinalabas Siya. Ayaw nilang magkaroon ng ano mang kinalaman Dito.

<sup>373</sup> Ngayon nakikita ninyo ngayon kung saan tayo patungo. Kahit man nang ang katapusan ng Kapanahunan Ng Iglesyang Laodicea ay naging napaka-pormal, hanggang sa ito at ang Katolisismo, na sumira *dito* mismo, ay nagsasama-sama at nagkakaisa bilang isang malaking iglesya. Na may isang kalipunan ng mga iglesya, ito’y katulad ng Katolisismo.

<sup>374</sup> Mayroon lamang iisang pagkakaiba, kung sila ay magkakasundo lamang diyan, iyang ay ang pagganap ng komunyong. Iyang lamang ang tanging bagay sa diyosesis, na—na—na pumipigil sa Katolisismo at Protestantismo sa pagsasama, ay ang kaayusan ng komunyong. Ang iglesya Catoliko ay sinasabing, “Ito ay ang katawan.” At ang iglesyang Protestante ay sinasabing, “Ito ay sumasagisag sa katawan.” Ang Catoliko ay gumagawa ng misa mula rito. Ang misa ay, na, kanilang ginaganap ang komunyong, umaasang sila ay pinatawad. Ang Protestante ay ginaganap ito sa pananampatalaya, pinasalamatan ang Diyos, sa komunyong, na sila ay pinatawad. Ang Protestante ay sinasabing, “Kami ay pinatawad.” Ang Catoliko ay sinasabing, “Kami’y umaasa na kami’y pinatawad.” Misa at komunyong. Tinatawag nila itong misa; tinatawag natin itong komunyong. Ang isang misa ay umaasa na ito’y gayong. Ang isang komunyong ay nalalaman na ito’y gayong, at pinasalamatan Siya para dito. Kita n'yo? At naroon ang tanging bagay na hindi mapagkasunduan. Gagawin nila ito.

<sup>375</sup> O, ito’y mukhang napakaganda. Ito’y pagkakaisahin, upang pagsama... Ito’y—ito’y pagsasama-samahin ang lahat na... Buweno, sabi ng Biblia, “At ang mga hayop na ito ay ibinigay ang kanilang kapangyarihan sa patotot,” kita n'yo, pinagkaisa ang kanilang sarili ng sama-sama. Kita n'yo? Tamang-tama lamang sa kung ano ang sinabi ng Biblia na kanilang gagawin, kanila nang ginagawa ito ngayong. Ito’y nasa mismo ng paglakad, sa sanlinggong ito mismo. Hindi sa ako ay may ano mang

laban sa mga taong Catoliko, ganoon din naman sa mga taong Protestante.

<sup>376</sup> Kayong mga Methodist at mga Baptist, at marami sa inyong mga Pentekostal, kapag ang inyong mga iglesya ay napasok mismo sa kalipunang ito ng mga iglesya, kapag kanilang naitayo ang malaking morge roon sa New York, ng kalipunang iyan ng mga iglesya, ito'y katulad sa Nagkakaisang mga Bansa at mga bagay-bagay. Sila'y nagsisikap na pagkaisahin ang lahat ng Protestantismo ng sama-sama.

<sup>377</sup> Ngayon, ang mga Catoliko ay matalino diyan, at dadalhin itong Pope John ang ika-dalawampu't tatlo, o ika-dalawampu't-dalawa, maging ano man siya. Siya ay nagsisikap, sa isang mababa, mapagkumbabang paraan, upang dalhin ang lahat ng pananampalatayang Protestante at pananampalatayang Catoliko sa isang pananampalataya, tugmang-tugma kung ano ang sinabi ng Biblia na kanilang gagawin. Hayun kayo. At ang mga Protestante ay mahuhulog dito, kawit, linya, at pabigat.

<sup>378</sup> Bakit? Bakit? Sapagkat hindi nila taglay *ang mga* bagay na *ito*. *Kaalaman*, "Ang Salita ay tama." *Pagtitiis*, "Sila na naghihintay sa Panginoon." Nakita n'yo ang ibig kong sabihin?

<sup>379</sup> Tulad ng sinabi ng obispong iyon ng Methodist noong isang araw, nang kanilang maipasa iyan. At kahit sino ay nalalaman iyan, kung papaano, kung ano ang nagbigay-sigla diyan, nagsisikap na makakuha ng isang panalangin upang masabi sa iglesya, o sa paaralan. At nais na... palagay ko ito ay isang aklat-pampanalangin ng Presbyterian, o ibang bagay, at ang mga magulang ay idinimanda ang—ang—ang paaralan sapagka't ayaw nilang tanggapin ang panalangin ito upang masabi sa paaralan. At itong obispo ng Methodist ay isang matalinong lalake, siya ay tumayo at ang sabi, "Iyan ay mali." Sabi, "Ito'y walang kinalaman sa konstitusyon." Nahuli niya ang hangin nito. Sabi niya, "Tulad sa aming iglesyang Methodist," sabi niya, "sa aming iglesyang Methodist," sabi, "marami sa aming mga tao ay laging pinag-uusapan ang tungkol sa eskandalo ng Holywood, at siyamnapu't-limang porsiyento sa kanila ay nagpupunta pinanonood pa rin ito."

<sup>380</sup> Anong nagyayari? Iniwan nila *ito*. Iyan ay tugmang-tugma. Iniwan nila iyan.

<sup>381</sup> Ako ay nakikipag-usap dito sa silid na ito, noong isang araw, sa isang—isang—isang opisyal ng isa sa pinakamalaking mga iglesya ng Methodist doon sa Falls City, isa sa pinaka-espirtuwal ng mga iglesya ng Methodist na mayroon doon sa Falls City. Ipinapakita, ang kapanahunan ng Methodist na dumating kasunod ng ating kapanahunan doon, ang Pentekostal. At ang sabi niya, "Sa St. Louis, Missouri, sila ay nagsagawa ng isang pagsusuri, mga tatlo o apat na buwan na ang nakakaraan, at nasumpungan." Ang lalaking yaon ay maaaring

nauupo rito sa umagang ito. Buweno, siya ang kontratista ng nagtatayo nito, inaayos ang gusali para sa atin. Main Street Methodist, kung saan siya kabilang, kung saan si Kapatid na Lum at sila ay pastor. Kaya pagkatapos ay aming nasumpungan na, doon, na naniniwala ako ito ay pitumpu-o ilang porsiyento ng mga tao ng Methodist sa isang pagsusuri, isang pagsisiyasat ng St. Louis, nagpakita na pitumpu-o ilang porsiyento ng mga Methodist ay naninigarilyo, at animnapu't walong porsiyento sa kanila ay umiinom ng mga inuming alkohol. Isang Methodist! At ang bagay na kataka-taka ay, nang ito ay isang pagsusuri na naibigay, o ang kalkula sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan; kababaihan, ito ay pitumpu, pitumpu-o ilang porsiyento, kontra sa mga limampung porsiyento ng mga kalalakihan. Mas maraming mga kababaihan ang naninigarilyo at umiinom na mayroon kaysa sa kalalakihan. Pitumpung porsiyento, pitumpu-o isang bagay na porsiyento, mas maraming kababaihan kaysa sa mga kalalakihan.

<sup>382</sup> Ngayon ano kaya kung tayo ay maparoon sa Doktrina ng Biblia sa pagsusuot ng mga syorts, at pagpaikli ng buhok, at bagay na tulad niyan, kita n'yo, kung saan ang kabanalan, mga kababaihan nagpapahayag ng pagkamakadiyos at kabanalan? Mga pagtitipong pagba-baraha at lahat ng iba pang mga bagay, mga tsismosa, mga madadaldal, ni hindi kayang pigilin ang kanilang sariling dila. Sa sariling dila ay nagdadaldal at nag-tsitsismis, at lumilibot. Papaano naman ang mga kalalakihan? Mga pagtitipong pagba-baraha, mga larong golf, naroon sa labas walang gaanong damit, munting luma't maruming tingnan na mga damit ang suot, kasama silang mga kababaihan doon. Hindi kataka-taka!

<sup>383</sup> Nakita n'yo ang maruming pakanang iyan na naibintang sa mangangaral na iyan, mangangaral sa kulungan, ngayong umaga? Oo, ginoo. Hindi ako naniniwala na ang lalake ay nagkasala niyan. Anong ginawa dito? Iyan ay si Kapatid na . . . hindi ko maalala ang kaniyang . . . [Mayroong nagsabing, "Dan Gilbert."—Pat.] Siyanga. Dan Gilbert, mangangaral sa kulungan. Nang ang lalaking iyon ay pumasok at pinatay si Dan, dito mga ilang buwan na ang nakakaraan, at ngayon ang kaniyang asawang babae ay manganganak na. Siyempre, si Dan ay patay na, hindi na sila makakapagsalin pa ng dugo sa sanggol ngayon. Sinasabi niya na hinalay siya ni Dan, at iyan ay kaniyang . . . "Iyan ay anak ni Dan." Bagay na . . . hindi ko pinaniniwalaan iyan kaysa sa paniwalaan ko na ang isang—na ang isang—isang uwak ay mayroong balahibo ng bato-bato. Hindi, ginoo. Naniniwala ako na ito'y isang kasinungalingan. Naniniwala ako na si Dan Gilbert ay isang tao ng Diyos. At ako'y naniniwala na iyan ay isang pakana ng Diablo.

<sup>384</sup> Tulad ng bagay na iyan sinisikap na ilagay doon tungkol sa kanila na mga panalangin. Ang matandang obispong iyon

ng Methodist ay lubos na matalino upang mahuli iyan. Kung nagawa niyang, kung iyan ay nagpatuloy, iyan ay napasigla lamang ng ibang bagay. Iya'y tama.

<sup>385</sup> Tulad lamang nitong problema sa pagbubukod-bukod doon sa bandang Timog, gayon ding bagay. Naniniwala ako na ang mga tao ay dapat na maging malaya. Naniniwala ako na ang bansang ito ay naninindigan para sa kalayaan. Hindi ko sinisisi si G. Kennedy sa pagpapadala sa mga kawal. Bagama't, ako'y hindi isang—isang “bagong negosiyante,” at ako'y hindi isang Demokratiko. Hindi ako isang Republikano. Ako'y isang Cristiano. Kaya ako'y. . . Ngunit hindi ako naniniwala roon. Hindi ako naniniwala na ang mga taong itim ay dapat nilang ipagbili ang kanilang mga karapatan sa gayong bagay, rin. Iyon ay ang—iyon ay ang partido ng Republikano. Ang dugo ni Abraham Lincoln ay pinalaya silang mga tao sapagka't siya ay isang maka-Diyos na tao. Palagay ko sila ay dapat na manatili sa kanilang partido kung sila man ay bo-boto pa.

<sup>386</sup> Ngunit sinasabi ko sa inyo ang isang bagay, ang batang iyon ay hindi naroon para lamang diyan, sa kanilang paaralan. Ang batang iyon ay isang mamamayan. Siya'y Amerikano. Ito ay kalayaan para sa lahat. Ang kulay ng isang tao ay hindi dapat baguhin ang kaniyang kaibahan. Tayong lahat. . . “ang Diyos,” sabi, “sa isang tao, ginawa ang lahat ng dugo, lahat ng bansa.” Tayong lahat ay iisa. Ngunit, ang batang iyan, siya ay isang kawal. Siya'y isang beterano. Siya ay nakipaglaban para sa tama. Siya ay may karapatan na pumasok sa paaralan. Iya'y tama. Subali't maraming siyang mga paaralan na maaari niyang pasukan.

<sup>387</sup> Ito'y kung ano ang bagay na ito. Kung kayo ay pasasalikuran nito, ito'y pang-kasalukuyang bagay na denominasyonal na ito dito, na nagpapasigla diyan. Bakit? Kanilang iniunday ang mga boto ng itim mula sa Republikano patungo sa Demokratiko, at kanilang ipinagbili ang kanilang mga karapatan dito. Tumpak na katotohanan. Ang Espiritu Santo ay wala rito. . .

<sup>388</sup> “Siya na may karunungan.” “Siya na may kaalaman.” Tumpak. Tulad lamang ng iglesyang ito, itong kasalukuyang kapanahunan, ipinagbibili ang sarili nito. Hindi ba ninyo nakikita kung ano ang mangyayari?

<sup>389</sup> Walang anuman sa akin kung ito may nakateyp. Narito na ito. Uh-huh. Oo. Anong nangyayari? Ang aking sariling ina ay laging sinasabi, “Ibigay sa Diablo ang para sa kaniya.”

<sup>390</sup> Mayroong isang tao na ginawa ang tanging bagay na makatuwiran, iyan ay si Castro roon. Oo, ginoo. Siya ay nagpunta roon. At ang mga kapitalista ay taglay ang lahat ng tungkod at lahat ng bagay. Sila, ito'y nasa pamantayang ginto, tulad ng Estados Unidos. Ano ang kaniyang ginawa? Binili niya ang lahat ng mga bonong iyon. Kinuha ang pera

sa anomang paraan na magagawa niya. Ano ang kaniyang ginawa pagkatapos? Kaniyang pinalsipika ang pera, at binago ito. Inilagay sila pabalik. Iyan ang tanging bagay na magagawa ng bansang ito.

<sup>391</sup> Narinig ba ninyo ang *Life Line* noong isang umaga? Bakit, alam n'yo, ito'y tulad lamang na kayo'y magbebenta ng mga bono sa ginto. Ang mga bono ay nakuha na. At itong kasalukuyang pamahalaan ngayon ay gumugugol ng pera para saan? Para sa perang buwis na kanilang malilikom sa loob ng apatnapung taon mula ngayon. Siya'y bagsak na. Iyan ay *Life Line* mula mismo sa Washington D. C., sa buong bansa. Mga buwis ay kanilang ginugol, at sinisikap na bilhin ang sa ibang bansa. Buwena, kanilang pinamimigay lamang ito kahit papaano. Hindi ba ninyo nakikita? Iyan ang tumpak na kanilang—na kanilang gagawin. Kita n'yo? Ano ito? Ngayon, kung ang bansang ito ay malugi, ang tanging bagay na magagawa nito ay malugi. Ang tanging bagay na magagawa nito ay bumagsak.

<sup>392</sup> Iyan ang tanging makatwirang bagay na dapat gawin, baguhin ang pera. Ngunit ayaw nilang gawin ito, sa ilalim nitong kasalukuyang paglilingkod. Ang iglesia Romano Catoliko ang nagmamay-ari ng ginto ng sanglibutan. At ang kanilang gawin ay ipagbili, "Itong mga taong mayayaman," at iba pa, "sa lupa," gaya ng sinabi ng Biblia. Ano ang kanilang gagawin, bago sila maubusan? Ang Brown at Williamson Tobacco Company, halos lahat nito ay Catoliko, kahit papaano. At lahat ng ibang mga bagay na ito, ano ang kanilang gagawin? Kanilang tatanggapin iyan, at kanilang kukunin ang pera mula sa Roma, at pagkatapos kaniyang ipinagbili ang kaniyang pinakakarapatan. Tinutulungan siya ng Roma. Oo, ginoo. Kaniyang tutulungan ito. At sila'y nagkakaroon ng sapat na patakaran ngayon, nagkakaroon ng sapat sa paligid nila, dinadala ang kaniyang gabinete. Tingnan kung ano ang hinihiling ni G. Kennedy.

<sup>393</sup> At kapag nakita ninyo ito, noong isang araw, hindi na kailangang bumoto. Ano pa ang katuturan ng pag-boto? Nang, kanilang inilagay ito sa pahayagan, at pinatunayan ito sa harap ng publiko, at sila ay tumangging gumawa ng ano man tungkol dito. Nang, kanilang napatunayan na ang mga makina sa buong bansa ay naitakda na, na kanilang hinirang si G. Kennedy sa isang huwad na boto. Hindi ba't sinasabi ng Biblia na siya ay darating sa pamamagitan ng daya? Tiyak, isang kahuwaran. Ngayon, ako'y hindi laban sa partidong Demokratiko ni hindi rin sa partidong Republikano, subalit, ako'y bumabanggit lamang ng mga katotohanan mula sa Biblia. Ano pa ang katuturan ng pag-boto? Nalalaman nila kung sino ang mapaparoon.

<sup>394</sup> Ilan sa inyo ang nakakaalala sa pahayag kung saan mayroong dalawang kababaihan ang nakatayo? At ang isa ay

nagsabi, “ako’y boboto para kay G. . .” O, mga kababaihang Protestante sinabi, “ako’y boboto para kay G. Kennedy.”

Sabi nila, “Bakit?”

<sup>395</sup> Sabi, “Sapagkat palagay ko siya’y mas matalinong lalake kaysa kay G. Nixon. Siya’y magiging mas magaling na Pangulo.”

<sup>396</sup> Pagkatapos ang sabi niya, “Ito ay isang Catolikong babae. ‘Sino ang iyong iboboto?’”

<sup>397</sup> Sabi niya, ako’y isang Catoliko, isang Romano Catoliko, isang tapat na Catoliko.” Sabi niya, “At ako’y boboto para G. Nixon.”

“Bakit?”

<sup>398</sup> Sabi, “Sapagkat, palagay ko si G. Nixon ay magiging mas magaling na Pangulo sapagkat siya’y higit na bihasa sa mga bagaybagay. Siya’y higit na nakakaalam sa komunista.” Ang babaeng iyon ay nagsabi ng kasinungalingan.

<sup>399</sup> Nasa akin ang *Ang . . .* ang kanilang tinatawag na, *The Facts Of Our Faith*, ang pinaka-mahalagang aklat ng Catoliko na mabibili. At sinasabi roon, “Kung mayroong isang Catoliko na nasa tiket, na tumatakbo laban sa isang Protestante; kung ang isang Catoliko ay boboto para sa Protestante, sila’y matitiwalag mula sa samahan ng iglesya Catoliko.” Tama. “At kung mayroong dalawang Catoliko na tumatakbo para sa parehong katungkulan, kanilang pipiliin ang Catoliko na higit na matapat sa ‘inang iglesya’ at bo-boto para sa kanila.”

<sup>400</sup> Nakita n’yo kung papaano, ang pandarayang iyan, ano ang kanilang sinisikap na gawin? Magpamigay ng pera, upang bumili. Bakit? Kanilang sinisikap na sirain ito. At kanilang ginagawa ito, at siya’y walang-wala. At ano ito? Ito’y nasa pamantayan ng ginto. At ang iglesya Catoliko, ang herarkiya, ang nagmamay-ari sa ginto ng sanglibutan. [Mayroong nagsasabing, “Isandaan at animnapu’t walong bilyong dolyar.”—Pat.] Isandaan at animnapu’t walong bilyon. Hayun kayo. Inihahagis siya pabalik sa pamantayan ng ginto, at kayong mga tao panatilihin n’yo lamang ang inyong mga tahanan at mga bagay-bagay, subali’t kayo ay kabilang sa iglesya Catoliko. Ang bansa ay kabilang sa iglesya Catoliko. Ang buong bagay ay naagaw papasok mismo tulad niyan, sa pamamagitan ng kanilang pera. Hindi ba’t nangungusap ang Biblia tungkol diyan? Iyan ang larawan na inilalarawan ng Biblia sa atin.

<sup>401</sup> Ano ang aking sinisikap na sabihin, kapatid, ngayon. Sasabihin nila, “Iyan ay bubuo ng isang mainam na iglesya. Ito’y pag-iisahin ang Protestantismo.” Parang maganda sa likas na mata, subali’t ang kaalaman ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa Diyos.

402 “At nakalulugod sa Diyos, sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral, upang iligtas yaong mga nangaligaw, sa Banal na katungkulan na Kaniyang itinalaga sa Kaniyang Iglesya, upang itayo ang Iglesya sa ibabaw ng mga espirituwal na katangiang ito at hindi sa ibabaw ng ano mang bagay na nauukol sa lupa.”

403 Sabi ni Pedro, “At sapagkat kayo ay nakatanaan sa kabulukan ng sanglibutan sa pamamagitan ng masamang pita sa salapi, at masamang pita ng mahalagang pagkakataon, at kalayawan, at ang pagkain, at ang pag-iinom, at masamang pita na mayroon tayo. Kayo’y nakatanaan diyon. At ngayon kayo’y naitayo sa kabuhayan. Aking ipinapatungkol iyan sa Iglesya,” sabi niya. Ayan kayo. Nababasa ninyo ito? Naunawaan ninyo? Narinig ba ninyo ito nang ating basahin ito sa dako rito sa Ikalawang Pedro? Pakinggan lamang kung ano ang kaniyang sinasabi rito, napakaganda ang pagkakasulat rito, kung paano niyang—niyang ipinatungkol ito. Mabuti. Makinig sa kaniya ngayon habang siya ay nangungusap. Mabuti.

*Si Pedro, si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesus Cristo, sa nagsipagkamt. . . na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyos at Tagapagligtas na si Jesus Cristo:*

*. . . kapayapaan ang—ang sa inyo’y dumami sa pagkakilala sa Diyos, at kay Jesus Cristo na Panginoon natin.*

*Yamang ipinagkaloob sa—sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay. . .*

404 Sino ang magmamana ng lupa at lahat ng mga bagay? [Mayroong nagsasabing, “mga Banal.”—Pat.] Totoo. “Nauukol. . .” Oo. Mabuti.

*. . . na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian:*

*Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang. . . mahahalagang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos, yamang nakatanaan sa kabulukang (Pakinggan iyan.) nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.*

405 Masamang pita sa salapi, masamang pita sa mga malalaking bagay, masamang pita sa katanyagan, ang mga bagay na ito ay patay na sa mananampalataya. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng apat na beses—Pat.] Hindi mahalaga sa atin. Isang tolda o isang kubo, bakit ako mag-aalala; buhay o patay, lumubog o malunod? Ito ang bagay na aking pinahahalagahan, ang Kaharian ng

Diyos. Maging mapangalagaan ko man ang aking tahanan, maging mapangalagaan ko man ang aking pamilya, maging mapangalagaan ko man ang kung ano man ito, hayaang mapangalagaan ko si Cristo, ang pag-asa ng Kaluwalhatian.

<sup>406</sup> Itayo Mo ako, O Panginoon, patungo *Dito*. Hayaang si Cristo ang aking maging Ulo, na gumagawa sa akin, Sa aking saligan, ang aking pananampalatya na nasa Kaniya, hayaan ang kagalingan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, at kabutihang-loob sa kapatid, ay gumawa sa akin, O Panginoon, ay ang aking dalangin. Hindi mahalaga sa akin; buhay o patay, lumubog o malunod; denominasyon, walang denominasyon; kaibigan o walang kaibigan. Hayaang Iyan ay gumawa sa akin, hayaan ang kagalingan ni Cristo, ng Kaniyang kaalaman, ay dumaloy, upang magawa kong maturuan ang mga iyon.

<sup>407</sup> “Sapagkat inilagay ng Diyos sa Iglesya, ang mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor, at mga ebanghelista, lahat para sa ikasasakdal at magdadala ng lahat ng mga katangiang ito papasok dito, para sa kasakdalang iyan ng Pagdating ng Anak ng Diyos.” Bawat isa sa mga batong *ito* ay mga gamit mula sa Isang iyan. *Ito* ay gamit Nito. Bawat isa sa mga katangiang ito ay kabilang sa Kaniya, at sila’y ibinubuhos mula sa Kaniya, pababa sa kanila. Amen.

<sup>408</sup> Ikalabingdalawa na. Saan lahat ito pupunta? Amen. Minamahal ba ninyo Siya? [Kongregasyon ay sinabi, “Amen.”—Pat.] Sinasampalatayanan ba ninyo iyan? [“Amen.”] Makinig, kayong mumunti.

<sup>409</sup> Sabi ni Kapatid na babaeng Kidd, nitong umaga, “Kapatid na Bill, hindi ko alam kung makikita pa kitang muli.” Iyan ay parang papatay sa akin. Kita n’yo? Iniisip niya na siya ay tumatanda na, at siya na nga. Ako ay nanalangin sa Diyos upang pagtagalin pa siya at si Kapatid na Kidd, ng mahabang panahon.

<sup>410</sup> Hayaang sabihin ko sa inyo, hindi natin alam kung gaano katagal nating makakasama ang bawat isa. Hindi ko alam kung gaano katagal akong mamalaging kasama ninyo. Ang Diyos ay maaring tawagin ako palabas ng sanglibutan. Maaaring tawagin Niya ako papunta sa ibang dako ng gawain. Maaaring tawagin Niya kayo sa kung saan. Hindi natin alam. Ngunit, ating—ating kamtin. Huwag nating hayaang lumampas ito sa atin. Ating kunin iyan.

<sup>411</sup> Hayun ito, doon sa Biblia. Narito, tumugma sa lahat ng iba pang bagay. At kung mayroon lamang akong panahon upang gawin ito! Hindi ninyo magagawa ito sa isang araw lamang. Alam ninyo iyan. Subalit, mapagdurugtong ang lahat ng bagay ng sama—sama!

<sup>412</sup> Tingnan, nang tayo ay natapos sa mensaheng iyon doon, nakita n’yo kung ano ang ginawa ng Espiritu Santo roon sa pader, hindi ba? Ilan ang narito noon? [Ang kongregasyon ay



nagsabi, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Totoo! Bumaba rito mismo, iginuhit ang gayon ding bagay, ang Anghel ng Panginoon.

<sup>413</sup> Kita n'yo, ito'y totoo. Huwag hayaang makatakas sa inyo. Manghawakan dito, mga anak. Manghawakan doon. Alalahanin, itayo sa ibabaw ng inyong pananampalataya, ang kagalingan, kaalaman, pagtitiis!

<sup>414</sup> Ngayon, dito, palagay ko mayroon akong isang pirasong papel dito, kung hindi ko ito nahulog kung saan nang ako ay nangangaral. Ito naririto. Salamat sa iyo, kapatid. Salamat sa iyo, nang marami. Kung nais ninyo na—na tumingin dito, at tingnan kung mayroong bagay dito na maaari ninyong magawa na . . . Marahil ito'y medyo mas maiging tularan kaysa sa iyon na naroon, upang magawa ninyong kopyahin ang ilan dito. Ididikit ko ito rito, at inyong tiyak na makita ito at—at itipo ito.

<sup>415</sup> At nais ko na inyong kunin ito at pag-aralan ito, at ihambing ito, at pagkatapos ay kumilos ayon dito. Huwag lamang pag-aralan ito, ihambing ito, kundi kumilos ayon dito kapag inyong ginawa. Tanggapin ito na may katapatan sa inyong sarili. Huwag sabihing, "Buweno, ako ay nasiyahan sa pakikinig dito." Nagawa ko, rin. Subalit ang makinig dito, at pagkatapos ay tanggapin ito, ay magkaiba. Kita n'yo? Kita n'yo? Ito'y magkaiba. Kita n'yo?

<sup>416</sup> Mayroong pitong mga katangian upang makamtan ang sukat ng Diyos. Mayroong Pitong Kapanahunan Ng Iglesya, na dinala ng Diyos ang Iglesya sa katangiang ito. At mayroon Siyang pitong mensahero upang gawin ito. Mayroong pito, pito, pito. Kita n'yo? Ang pito ay—ay bilang ng Diyos para sa kaganapan, at ang tatlo ay bilang ng Diyos sa pagka-sakdal. Kaya, mayroong tatlo, at pitong tigtatlo. Kaya, ayon sa matematika, sa espirituwal, sa pamamagitan ng Salita, sa pagsaksi ng Espiritu Santo, lahat ng ito ay nilubos ang bagay na sama-sama. Ating pag-aralan ito.

<sup>417</sup> Ating idagdag sa ating pananampalataya ang mga bagay na ito, pagkatapos, upang tayo ay makarating sa kapuspusan ng sukat ni Cristo; sa pagiging pinagsama-sama na may makadiyos na pag-ibig, takot sa Diyos, paggalang sa ating puso sa isa't-isa, malalim na respeto sa isa't-isa, kabutihang-loob sa kapatid na lalake at kapatid na babae, hindi mahalay, walang ano mang bagay kundi ang pagkadalisay lamang na pamumuhay ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Sama-samang namumuhay, maging Cristiano. Lumakad na may pananampalataya. Hayaan ang kagalingan ng Diyos ay dumaloy sa inyo; hayaan ang kaalaman ng Diyos, pagdating sa tama at mali. Kapag ang Diablo ay magharap ng isang bagay na hindi tumpak na Kasulatan, lumayo rito. Iya'y tama.

<sup>418</sup> Napag-iisip ko silang mga apostol ay hindi kumilos na tulad natin. Sila ay naglibot, marahil mga lalaking kakaunti ang

pananalita, hanggang sa sila ay dumako sa pulpito. Sila ay pumasok at ginawa nila kung ano ang dapat nilang gawin, at lumabas. Oo, ginoo. Sila ay mayroong kapangyarihan. Sila ay mayroong kagalingan. Sila ay walang pagkikipagtalo sa mga tao. Nalalaman nila kung saan sila tumatayo. Iyan lamang. Kilala nila kung sino ang kanilang sinampalatayanan. Sila ay patuloy na lumalakad sa Espiritu. Ginagawa lamang. . .

419 Gaya lamang ng sinabi ko noong isang gabi. Isang munting tango, iyan lamang ang gagawin ng Diyos, kung gayon walang ano mang makakapigil sa kanila. Hindi nila tinanong at pinag-aralan, at hum-haw at mag-alala tulad ng ating ginagawa, kung kanila bang gagawin *ito* o *iyon*. Sila ay nagpatuloy at ginawa, pa rin ito. Isang tango lamang mula sa Diyos, iyan ang gumawa nito, ganoon lamang kadali. Bakit? Papaano nila malalaman na ito ay isang tango mula sa Diyos? Mayroon sila ng lahat ng mga katangiang narito, lahat ng mga katangiang ito. At ang unang munting tango ng Diyos ay humambing sa bawat isa *nito*, at sa Kaniyang Salita. Nalalaman nila na ito ay ang Salita ng Diyos, at sila ay humayo. Hindi na kailangang mag-alala sa iba pang bagay. Kapag ang Diyos ay nangungusap, sila ay humayo. Tayo nangungusap. . .

420 Ang Diyos ay mangungusap sa atin, at ating sasabihin, “Buweno, tayo’y magsisimula. Titignan natin kung maipapamuhay natin ang Buhay na ito.” Unang bagay alam n’yo, mayroong gugulo sa inyo. Buweno, totoo, iyan ay ang Diablo.

421 Dapat n’yo siyang nakita na nagsisikap na ilayo ako mula sa pagtitipong ito kaninang umaga. Dapat kayong magkaroon niyan minsan. Oh, kahabagan! Kailangan akong makipaglaban sa tuwing babangitin ko ang pagtitipon. At kung ako’y hahayo upang manalangin para sa may karamdaman, at mayroong namamatay at hindi ligtas, mayroong tatlumpung tawag ang darating sa loob ng sampung minuto, kung magagawa nila ganyang kadali, upang ilayo ako dito. “Oh, Kapatid na Branham, dapat mong gawin *ito*.” Ngunit mayroong kaluluwang nasa panganib. Totoo.

422 Noong isang gabi, ako ay tinawag sa isang lugar. Isang kabataang lalake, nakausap ko siya sa dako roon sa kung-tawagin-ninyo-ito, supermarket, ilang taon na ang nakakaraan. Siya ay naging isang lasenggo. Kilala ko ang bata isang mabuti’t mabait na bata, ngunit siya ay isang makasalanan. At kaya ang kaniyang ina ay tumawag. Palagay ko tinawagan niya si Dok ng dalawang beses. Ako. . . Tumawag, at kanilang tinawagan si Billy, at—at sa wakas ay natanggap ko ang mensahe. At nang matanggap ko ang mensahe, katapatan sa kabutihan, hindi ako nagkaroon ng lubos na pakikipaglaban sa buhay ko, upang makarating sa batang iyon.

423 At nang ako ay makarating doon, ang kawawang lalake ay hindi na ako nakikilala. Naroon siya, nakaratay doon, walang malay, at nagpapatuloy lamang ng gayon. Ang kaniyang ama nagsisikap na tapikin siya, at sinasabing, “Giliw.” At ang lalake ay limampu, mga limampu’t isang taong gulang. At sinasabing, “Giliw,” *ito*, “at nanatiling nakahiga.” At siya ay nagpipilit na bumangon. Ang munting mga braso mga *ganiyang* kalaki palibot. Ang bata ay mayroong napakalalang kanser hanggang sa siya ay wala nang anoman kundi buong kanser. Lahat ng mga bahagi ng kaniyang katawan ay mayroong kanser. Maging ang kaniyang daluyan ng dugo ay may kanser, lahat ng bagay. At naroon siya, nagpipilit na bumangon, at nagpapatuloy tulad niyan.

424 Hinawakan ko siya sa kamay, sabi ko, “Woodrow, Woodrow, ito ay si Kapatid na Branham.”

425 Sabi ng kaniyang tatay, “Hindi mo ba kilala? Ito si Kapatid na Bill. Woodrow, ito sa Kapatid na Bill.”

Sabi niya, “Uh-huh. Uh-uh-uh,” tulad niyan.

426 At ang kaniyang tatay ay tumingin at sabi, “Billy, ikaw ay medyo nahuli sa pagdating.”

Sabi ko, “Hindi huling-huli. Siya’y narito.” Ako’y nagkaroon ng pakikipaglaban.

427 At pagkatapos ang ibang mga kabataan, ilan pang mga kabataan, mga makasalanan, ay tumatayo roon, ilan sa kaniyang mga kamag-anak. Sabi ko, “Kita n’yo, mga kabataan, magsipaghanda kayo, ‘pagkat kayo’y darating sa ganitong lugar. Kayo ay kailangang dumating rito mismo. Kita n’yo? Maaaring hindi sa kanser na ito. Kayo ay maaaring dumating sa ibang bagay, doon sa may lansangan, nagdurugo hanggang mamatay, o ibang bagay. Kayo ay kailangang dumating dito.” Kami ay nakipag-usap sa kanila.

428 Ako ay naghihintay upang tingnan kung ano ang sasabihin ng Espiritu na gawin. Naghihintay. Unang bagay alam n’yo, nararamdaman ko ang munting tango na iyon. “Ipatong ang iyong mga kamay sa kaniya.”

429 Lumakad ako, sabi, “Lahat kayo ay iyuko ang inyong mga ulo.” Silang lahat ay iniyuko ang kanilang mga ulo, dalawa o tatlong kabataang lalake roon.

430 Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kaniya. Sabi ko, “Panginoong Diyos, pahintulutan ang bata na magkaroon ng malay na malaman kung ano ang kaniyang gagawin, bago niya katagpuin ang bagay na ito. Siya’y naghihingalo. Ang diablóng ito inalipin siya, at siya’y lilisan na. At kaniyang nilasing ang kaniyang sarili hanggang sa mamatay, at narito siya sa ganitong kalagayan. Dalangin ko sa Iyo mahabag Ka sa kaniya.” At nang

ako ay makapanalangin para sa kaniya, nang sumunod na umaga siya ay nauupo, nakikipag-usap sa kaniyang tatay.

<sup>431</sup> Si Busty Rogers, nang tawagin nila ako dito sa hospital, hindi pa katagalan. Ako ay naroon nang araw na iyon, pagkatapos kong mangaral doon sa Milltown kung saan ang munting Georgie Carter ay gumaling. Lahat kayo ay naalala ito. At doon nang si Kapatid na Smith, isang mangangaral ng Methodist, sabi, “Kung sinoman ay nabautismuhan, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay lumabas mula sa ilalim ng aking tolda,” tulad niyan. Sa dako roon sa Totten’s ford, ginaganap ang pagtitipon sa dako roon. At, o, hinatulan ako sa lahat ng bagay na maiisip n’yo. Hindi ako nagsabi ng kahit isang salita; nagpatuloy pa rin. Mayroon akong komisyon. Ipinakita sa akin ng Panginooon ang isang pangitain. Mayroong isang tupa roon, nasabit kung saan doon sa ilang. Lahat kayo ay naalala ang pangitain, lahat kayo. Palagay ko naalala ninyo. Naalala ba ninyo iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Totoo. Mabuti. Pagkatapos ako ay dumaraan sa ilang doon, hinahanap ito.

<sup>432</sup> Ako ay nagpunta sa Totten’s ford. Si Kapatid na Wright doon ay nalalaman. Kami ay pumaroon, hindi alam kung ano ang gagawin. Ako ay bumili ng maliit na kahon ng sabon, sa isang dime. Ako ay pumaparoon upang lumabas doon, tumayo roon at mangaral sa ibabaw ng baitang. Sinabi niya na siya ay umaakyat, sa itaas ng bundok, upang gumawa ng kaunting pangangalakal. Sumama ako sa kaniya. Mayroong isang malakit lumang simbahang Baptist nakatayo roon, walang laman. Ang Panginooon sinabi sa akin, “Huminto rito.”

<sup>433</sup> Sabi ko, “Hayaan mong maiwan ako rito, Kapatid na Wright.” Ako ay huminto. Siya ay nagpatuloy na umakyat at bumalik.

<sup>434</sup> Pumunta ako roon, at hindi mabuksan ang pintuan. Sabi ko, “Panginooon, kung Ika’y narito, nais Mo akong pumasok sa simbahan, buksan ang pintuan para sa akin.” Naupo ako roon at nag-iisip.

<sup>435</sup> Nakarinig ng isang dumarating; lumapit, at ang sabi niya, “Kumusta ka? Sasabihin ko sa iyo,” sabi, “nais mong pumasok sa simbahan?”

Sabi ko, “Oo, ginoo.”

Sabi niya, “nasa akin ang susi rito.”

<sup>436</sup> Pinasimulan ang pagtitipon. Unang sanlinggo, halos wala. Unang gabi, nagkaroon ng kongregasyon, si Kapatid na Wright at kaniyang pamilya. Unang bagay alam n’yo, sa katapusan ng sanlinggo, ni hindi nila sila mapatayo sa bakuran, halos. Ang korderong iyon ay hindi pa rin dumating. Si Kapatid na Hall ay naligtas ng panahon na iyon, ang pastor doon ngayon, lahat sila. Hindi ko makita kung nasaan ang korderong ito. Pagkatapos ng sandali, ng iglesya ni Cristo, doon sa ibaba ng bundok, ang

munting babaeng iyon siyam na taon at walong buwan na hindi kumilos, nakaratay doon. Naroon siya. Alam ninyong lahat ang kuwento. Oo, ginoo.

<sup>437</sup> Nang hapong iyon nang si Busty Rogers, napakalaki't matipunong beterano na nakatayo roon. . . ako ay lumabas doon. At naroon nakatayo ang kongregasyon ni Kapatid na Smith upang pagtawanan ako, pagkatuwaan ako, sa pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus. Ako ay lumusong sa maburak na tubig ng Totten ford, kung saan ay mayroong isang. . . [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sapa roon, at sadyang umuugong ng kasing lakas na magagawa nito. Dalawang diakono ay lumusong na kasama ko.

<sup>438</sup> Sabi ko, "Ako ay tumatayo rito sa hapong ito sa pagkatawan ng Banal na Kasulatan ng Diyos." Sabi ko, "binasa ko sa Biblia rito kung saan sinabi ni Pedro, 'Magsisi, ang bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan!'" Ako ay pumihit, iniabot ang Aklat sa isa sa mga diakuno.

<sup>439</sup> Lumusong doon, ang sabi ko, "Sinoman ang may pagnanasa, na magsisi sa kaniyang kasalanan, ay nasasaklaw upang pumarito." Lumusong doon sa tubig. Sabi ko, "Para bang sa akin na ang mga Anghel ay nauupo sa bawat sanga ngayon, nagmamasid." Oh, naku! Sa pagkakataon na iyon ako ay nakapagbautismo ng dalawa o tatlo, ang kaniyang buong kongregasyon, silang mga kababaihan na suot na mga damit na seda, lumusong sa tubig na iyon, sumisigaw sa lakas ng kanilang tinig. Binautismuhan ang buong kongregasyon niya sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Alam ninyo. Nasa akin ang larawan. Naroon iyon.

<sup>440</sup> Ano iyon? Magdagdag sa inyong katangian. Kita n'yo? Pabayaan ito. Nalalaman ng Diyos kung papaanong gawin ito. Nalalaman ng Diyos kung papaano tuparin ang mga bagay na ito. Hayaan silang magsabi kung ano man ang nais nila. Walang ano mang pagkakaiba. Patuloy lamang na lumakad.

<sup>441</sup> Si Busty Rogers ay tumatayo roon, nang makita niya iyan, sabi niya, "Kung gayon sinasampalatayanan ko ito ng buong puso ko." At doon sa tubig siya ay lumusong, na nakasuot ang kaniyang damit, at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>442</sup> Mga tatlo o apat na taon ang nakararaan, tinawagan nila ako roon sa ospital sa New Alabany. Naroon siya, naghihingalo, may kanser, kinain na siya. Ang mga doktor ay tinaningan siya hanggang sa susunod na umaga, upang mabuhay. Sabi, "Siya'y naghihingalo na ngayon." Sabi niya, "Pumarito ka agad."

<sup>443</sup> Ako ay pumaroon sa silid, nang ginawa ko, upang tumayo roon at manalangin. Sabi niya, "Billy, mayroong bahaghari umiikot sa sulok na iyon."

444 At ako ay lumingon, upang tignan. Sabi ko, “Busty, ito’y isang tipan. Ikaw ay hindi mamamatay. Ang tipan ng Dugo ay iniligtas ka.”

445 Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kaniya, sabi, “Panginoong Diyos, kung paanong ang pangitain na iyon doon na nagpapatunay na Ika’y naririto. Ang Iyong tipan ay, na, “Sa Kaniyang mga latay kami ay pinagaling.” Ipinatong ang mga kamay sa kaniya, at doon siya ay gumaling. Pinauwi siya.

446 At mga apat o limang taon, mga apat na taon, nangingisda paroon-at-parito sa ilog at lahat ng bagay, nagpapatuloy. At kung saan ang kanser ay nasa palibot ng lalamunan ng tiyan, mayroong kalyo ito, mayroong malaking matigas na buko. Ang mga doktor, ang mga beterano ng ospital, sinabi sa kaniya na mayroon silang panggamot na cobalt na makakapag-paunat nito, hayaang makapasok ang mas maraming pagkain ng minsanan. Siya ay hirap sa paglululon ng maraming pagkain, Siya’y kailangang kumain ng mabagal. Siya ay pumaroon upang maisagawa ito. Hindi ko alam na siya ay naroon.

447 Pagkatapos nang maoperahan nila siya, nasumpungan na nailagay siya sa isang kumbulsiyon, at siya ay nagkaroon ng atake. Paralísado ang kaniyang tagiliran pababa tulad niyan. At ang tanging bagay na magagawa niya ay pakalahati lamang na umiyak. At kumuha siya ng lapis, tulad *niyan*, at tumungo, “uh, uh, uh.” At siya ay nagsikap na sumulat, nanginginig tulad niyan, sa kaniyang maiging kamay. Ang kaniyang kaliwang bahagi, paralísado pababa. At ikinampay ang kaniyang kamay, “si Jesus ay nagliligtas, 1900 at ibang bagay.” Hindi nila maintindihan.

448 Kaya ngayon nang ang kaniyang asawa ay nagsabi, “Kapatid na Branham, hindi ko alam kung ano ang ibig niyang sabihin sa bagay na iyan.”

449 Sabi ko, “Gng. Rogers, ang ibig niyang sabihin, ito ay 1900 at bagay, na siya ay naligtas at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus sa dako roon. Iyan ang nagpapalaks ngayon. Siya’y hindi takot mamatay.”

450 Sabi ko, “Panginoong Diyos, kaawaan ang kaniyang buhay. Dalangin ko ito, sa Pangalan ni Jesus, na Iyong kaawaan ang kaniyang buhay.” Ipinatong ang mga kamay sa kaniya. Ang paralisa ay umalis sa kaniya. Ang kombulsiyon ay huminto. At siya ay bumangon sa higaan. At siya’y magaling ngayon, nagbibigay ng patotoo.

451 Idagdag sa inyong pananampalataya, ang kagalingan; idagdag sa inyong kagalingan, ang kaalaman; sa inyong kaalaman, ay pagpipigil; sa inyong pagpipigil, ay pagtitiis; sa inyong pagtitiis, ay kabanalan; sa inyong kabanalan, ay pag-ibig sa kapatid; sa inyong pag-ibig sa kapatid, ang Espiritu Santo, at si Cristo ay darating. Pagkat, sa ilalim lamang Niya . . . Ang

Espiritu Santo ay Espiritu ni Jesus Cristo sa loob ng Iglesia, upang ipahayag ang mga katangiang iyon. Oh, naku!

Narito, labing-limang minuto pagkalipas ng ikalabing dalawa.

Mahal . . . Mahal ko Siya  
‘Pagkat una Niya akong minahal

*Dito* sa pinakababa, bago magkaroon ng anomang bagay.

At bin . . . (Ano ang Kaniyang ginawa kung gayon?) . . . aking kaligtasan  
Sa puno ng Kalbaryo.

Paano ako *ganito*? Sapagkat minahal Niya ako, ng una.

Mahal ko Siya, Mahal Ko Siya  
Pagkat una Niya akong minahal . . . (Naroon ang dahilan.)

At binili ang aking kaligtasan  
Sa Puno ng Kalbaryo

<sup>452</sup> Ako’y nangangako, ngayong umaga, sa Kaniya, ng buong puso ko, na, sa pamamagitan ng Kaniyang tulong at sa Kaniyang biyaya, dalangin ko na sasaliksikin araw-araw, nang walang patid, hanggang sa maramdaman ko ang bawat isa sa mga kailangang ito ay dumadaloy sa munting matandang sukat kong ito, hanggang sa ako ay maging kaphayagan ng buhay na Cristo. Sapagkat, Siya ay naging kasalanang tulad ko, upang ako ay maging . . . makarating sa katuwiran ng Diyos, tulad Niya. “Kinuha Niya ang kaing kalagayan; Panginoon, hayaang kunin koang sa Kaniya ngayon.” Sapagkat, iyan ang layunin upang Siya ay mamatay. Ilan ang mangangako ng gayon ding bagay, sa biyaya ng Diyos? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Habang ang ating mga ulo ay nakayuko ngayon, at ang ating mga kamay ay nakataas. “Ako . . .

<sup>453</sup> Ipinapangako ko ito, Panginoon, ang iglesyang ito ay ipinapangako ito, “Ang lubos na sukat ni Jesus Cristo!”

Pagkat una Niya akong minahal  
At binili ang aking kaligtasan  
Sa puno ng Kalbaryo.



*ANG SUKAT NG ISANG TAONG SAKDAL* TAG62-1014M  
(The Stature Of A Perfect Man)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Oktubre 14, 1962, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1997 ng:


TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



# ANG SUKAT NG ISANG TAONG SAKDAL



IKALAWANG PEDRO 1:1-8

MGA GAWA 7:44-49, MGA HEBREO 10:5, MATEO 5:48

MGA TAGA EFESO 4:11-15, MGA HEBREO 11:32-40

*Ito ay isang kopya ng larawan na iginuhit ni Kapatid na Branham sa kaniyang pisara at dito niya itinukoy ang buong Mensaheng ito.*

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)